

## **The Project Gutenberg eBook of Bulalakaw ng Pag-asa, by Ismael A. Amado**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Bulalakaw ng Pag-asa

Author: Ismael A. Amado

Release date: April 14, 2011 [EBook #35868]

Most recently updated: February 6, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Rollings, Jeroen Hellingman and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net/> for Project Gutenberg (This file was produced from images generously made available by the Digital and Multimedia Center, Michigan State University Libraries.)

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BULALAKAW NG PAG-ASA \*\*\*

**Ismael A. Amado**

### **Bulalakaw ñg Pag-Asa**

Mga Pañgunang Talata

Ni

Iñigo Ed. Regalado

**Bulalakaw ng Pág-Asa**

Sinulat ni

## Ismael A. Amado

noong mga unang araw ng kanyang pagkabinata nang  
ang kanyang gulang ay lalabing walong taón lamang.

Mga Paunang Talata ni

## Iñigo Ed. Regalado

[8]

[Nilálamán]

### Mga Paunang Talata

#### *Giliw na Mangbabasa:*

Kung sa pagtunghay mo ng mga akdang paris nitó ay wala kang ibáng nais kungdi libańgín ang iyóng kalulwa sa mga pangyayaring tinatawid ng dalawáng pusong nag-iibigan; dalhin ang panimdim sa silíd na pinaglaloguyuan ng mga kalulwang pinagtali ng pag-ibig; mabatíd ang mga hiwaga ng pagmamahalan ng magkasi na karaniwang ibinubuhay ng ating mga mańgańgatha; kung iyán lamang ang iyong hańgád, ay huwag ka nang magpatuloy ng pagbuklat sa mga dahon ng kathang itó, pagka't pananaktan ka lamang ng ulo at maaaksayahan ng panahón: ang aklat na itó'y hindi makatutugon sa iyóng pita. Itó'y bulaklak na waláng bańgó, ñguni't bulaklak. Itó'y parang lańgit na walang buwan ni tala, ni mga bituing nakaaaliw sa naninimdim na puso; ñguni't may araw na nakapapasó't nakasusunog sa maninipis na balát.

Datapuwa't kung ang layon mo'y dumamá ng isáng sugat na dinamdam ng ating bayan; humanap ng isáng buháy na adhika upang pag-arala't dilidilihin; mag-aral ng mga makabayang halimbawa upang ituro sa ibá alang-alang sa kapakanán ng ating Lahi; kung iyán ang iyóng pita ay buklatín mong isa-isa ang mga dahon ng kasaysayang itó, matiyaga mong tunghan ang kaniyang talata, pagka't titibók ang iyong puso at mabubuhay na lalu't lalo ang mga símulaing inaalagaan mo sa dibdíb. Ito'y sigáng nagdiríńgas ñguni't hindi nakatutupok. Ito'y súnog na naglalagablab; ñguni't waláng mga alipatong sukat pańganibang makapagpapalaki ng apoy. Wala: ang layon ng sumulat ay bumuu, hindi gumiba.

[9]

Sa pamamagitan ng mga paunang talatang itó ay sukat nang mahinuha ng sinomán ang nilalaman ng *Bulalakaw ng Pag-asa*: Pag-asa sa isang Bayang matibay na mapapatayo at hindi sa isang Pag-ibig na balót ng mga pagpapakunwari. Ito'y pańgarap; ñguni't yao'y katotohanan.

Gayon man, ang pagkakalabas ñgayon ng aklat na itó ay nańgańgailańgan ng isang paliwanag. Palibhasa'y akó—marahil—ang unang sumaksi sa pagkakasulat ng mga unang dahon nitó, kaya siyang napitang tumungkol ng kailańgang pagpapaaninaw kung anó't ang isáng akdang limbag na noon pang Agosto ng 1909 ay ñgayon lamang natuluyang palabasin at ipagbibilí sa mga aklatan.

Ang *Bulalakaw ng Pag-asa* ay natapos sa limbagan noon pa ñgang 1909. Inaaklat na lamang ang kaniyang mga salin nang ang kumatha'y tumanggap ng mahihigpit na payo buhat sa maraming "nakatataas" sa kaniya, at kung bagá sa isáng sumisintang ibig mag-asawa, ang nangyari sa kumatha'y natira sa pananabik, pagka't nang dumulóg sa magkakasal, ito'y nagkaít ng tulong at iminatuwid na bukód sa "menor de edad" ay wala pang "konsentimiento" ang mga magulang. Ang kasál ay naurong. O sa lalong maliwanag: ang aklat ay hindi lumabas. Pinigil ang pagpapalabas.

[10]

Bakit?

Ang sabi ng nañgagpayo: masama ang panahon, sa papawiri'y naglipád-lipad ang mga ibong mangdaragit ... ang mga sisiw ay kailańgang mańgagtago upang huwag mapahamak. Nang mga araw na yao'y sariwang-sariwa pa ang usapín ng "Muling Pagsilang", at pinag-aalinlańnganan ng marami ang katibayan ng malayang paglalathala ng anománg babasahin, magíng ito'y aklat o pahayagan kaya. At ... sa pakikibagay sa panahon—hindi sa takot—ang kumatha nitó'y dinaíg ng makatuwirang payo at ang kaniyang aklat ay malaong natulog sa "isang madilím na silid".

Buhat noon, ang pańgalan ng kumatha, na, nang mga araw na sinabi'y hinańgaan ng Bayang Tagalog dahil sa matatapang niyang lathalang lumalabas sa mga pahayagan, ay naligpit na rin at di na napagdiníg. ¿Saan naroon si Ismael A. Amado? ¿Saan naroon ang batang manunulat na tubo sa San Mateo? Kasalukuyang hinahanap ng sumusulat nitó ang katugunan sa mga tanóng na iyan, nang walang anú-anó'y sa sisipót at inilalahad sa akin ang kaniyang palad.

—Isang mahigpit na kamáy at yakap, kaibigan—ang wika niya sa akin;—akó'y maglalalayág na patuńgo sa Amerika.

—At ang *Bulalakaw ng Pag-asa*?—ang pamangha kong tanong.

—Aywan ko kung saan naparoon, at aywan ko rin kung ano ang kaniyang kahihinatnan. Marahil ay sinunog na nilá.

Nakaraan ang mga buwan at taón. At... patí na akong isá sa matatalik na kaibigan ng naglalayag ay hindi tumanggap ng kahi't anóng balita. Parang namatáy sa larańgan ng Panitikang Tagalog ang pańgalang Ismael A. Amado!

Walang anú-anó, pagkaraan ng ilang taón, ay napabalitang ang manunulat na tagá San Mateo ay dumating, matapos makapag-aral sa Amerika. Sa una naming pagkikita'y wala kaming napag-usapan kungdi ang kaniyang "nakatulog" na *Bulalakaw*... Ang kaibigan ko'y napańgiti lamang at nagpahayag ng ganito:

—Ang *Bulalakaw ng Pag-asa* ay dinatnan ko pa sa aking silíd, naroon ng nagtalaksan; ñguni't marahil ipasusunog ko na. Kay sama ng pagkakasulat at akóng itó ang una-unang nakakakilala ñgayon ng kasamaan, hindi lamang ng pagkakasulat, kungdi lalu't higít ng iláng isipang doo'y aking inilarawan.

¡Sayang na aklat!

Gayón man, salamat sa pagpapayo ng maraming kamanunulat sa wikang tagalog, at si Amado'y napilitang sumunod sa kanilang adhika.

—Natalo akó kaibigan,—ang wika sa akin.—Ang *Bulalakaw ng Pag-asa* ay tila ipaaaklat ko rin; ñguni't hindi na upang masunod ang una kong hańgarin, kungdi upang makatulong na lamang sa pagpapayaman ng mga aklat na nasusulat sa ating sariling wika. Dapat mong mabatíd na akó ang una-unang kumikilala na ang aklat na iyá'y hindi nababagay sa panahong itó ng pagtutuluńgán at mabuting pagsasama ng sinasakop at nakasasakop. Ang paglalathala ko nitó'y buńga na lamang ng aking nais na magkaroon ng kahi't isáng aklat na magpapaalala ng mga nangyari ng panahong nakapaiibabaw rito ang katuwiran ng lakás at di ang lakás ng katuwiran. Alaala sa panahong iyan, at wala... Iyán lamang ang nagbunsod sa akin upang ipaaklat ang maralita kong *Bulalakaw*.

At narito't pinaaklat ñga at ñgayo'y buong pusong inihahandóg sa mga giliw na mangbabasa.

Gaya nang nasabi na sa dakong unahan nito, ang *Bulalakaw ng Pag-asa* ay limbag na noon pang Agosto ng 1909. Mula noon hangga ñgayon ay mahigit nang siyam na taón ang nakararaan. Kung ang naturang aklat ay isá lamang buńgang kahoy, nanatili man ang magandang kulay, marahil ay tuyo na't walang katas. Sukat ng makuro ng mga mangbabasa na ang aklat na ito, dahil sa ganiyang pangyayari, ay wala ng katas na pangkasalukuyan. Gayon man, palibhasa'y buháy ang mga pangyayaring tinutukoy sa aklat, ito'y maaaring pakinabańgan ng sinomang may ibig makinabang.

¿May katańgian ang aklat na ito? Sa ganang akin ay mayroon, ñguni't wala. Datapuwa't may isang dakilang katańgian: nakahambing siya ni Kristong umano'y nabuhay na muli, matapos malibing sa hukay.

¿Marami kayang kamalian? Sa ganang akin, ay marami rin; ñguni't wala. Marami, sapagka't talagang marami. At wala, sapagka't ang kumatha na rin ang una-unang nagsasabing napakasama ng pagkakayari sa aklat na ito.

Ñguni't sinabi ko na: kailańgang isaalang-alang natin ang pangyayaring ang aklat

[11]

[12]

[13]

na ito’y sinulat ng kumatha noong bago siya magtuño sa Estados Unidos at kaya lamang niya pinalabas ngayon ay sapagka’t siya’y napilitan.

[14]

Gaya nang nasasabi na sa dakong unahan nito, ang layon ng sumulat sa aklat na ito’y dakila sa lalong dakila: itanim sa puso ng lahat ng Pilipino ang pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Lamang ay mapapansing ang sumulat, ay wala sa kanyang sarili nang ito’y sulatin. Manapa’y pinapagsasalita siya ni Rizal, minsa’y sa pamamagitan ni Elias sa “Noli Me Tángere” at kadalasa’y sa pamamagitan ni Simoun sa “Filibusterismo”. Ang wika niya: “... kinakailaňgang mátanim sa puso at mabatid ng baw’t Pilipino, na ang una at hulíng tungkulin niya sa iyo (sa Bayan) ay ang matutong gumiba, gumutay, tumupok, nang walang kapaňgipaňgimi, sa dapat igiba, gutayin at tupukin”. Nguni’t ang kumatha’y may katwiran. ¿Ano’t hindi iukilkil tuwi na ang makabuluhang aral ni Rizal, hinggil sa Bayan at sa Lahi?

Ang mga giliw na mangbabasa’y hindi naman dapat mag-isip na ang kathang ito’y nakakatang sa mga pag-iisip ni Rizal. Ni hindi maituturing na haňgo. Ni plahio! Ni ano pa man! Kung baga sa paghahasik, ang mga isipang naririya’y tinipon ng ating Bayani sa isang sisidlán at isinasabog namán ni Amado, hindi upang aksayahin, kungdi upang itanim at nang tumubo, mamulaklák at mamuňga.

May isang maňgaňgathang nakabasa na nitong *Bulalakaw ng Pag-asa* na sa aki’y nagpahiwatig na karamihan pang mga isipan ng kumatha ay haňgo sa ilang isipan ni Rizal, tungkol sa Bayan natin. Ako’y hindi naniniwala sa bagay na itó, pagka’t kung magkakaganyan ay matitiyák nating ang *Busabos ng Palad* ni Aguilar ay plahio sa *Resurrección* ni Tolstoy, itó nama’y plahio rin sa *La Dama de las Camelias* ni Dumas ... At, itó namán, ang *Dama de las Camelias*, na isang kathang nagtamó ng papuri sa sangdaigdig ay isang plahio lamang sa isang dramang hapón na pinamagatang *Kami Ya-Giyé*. Ang “argumento” ng mga kathang iyan na aking binanggit ay halos naňgagkakaisa: si Celso ni Rita ay siya ring si Neclindeff ni Maslova sa *Resurrección*; űnguni’t si Neclindeff ni Maslova ay siya ring si Armando ni Margarita sa *La Dama de las Camelias*; datapwa’t ang Armandong itó ay siya ri’t di iba ang Giyé ni O’Hare sa dramang hapóng *Kami Ya-Giyé*, na, unang di hamak sa *La Dama*; űnguni’t kailan ma’y walang naňgahas na magsabing ang walang kamatayang kathang iyán ni Alejandro Dumas (aná) ay plahio lamang sa isang dramang hapón.

[15]

Ang totoo, sa ganang akin, sa apat na panulukan ng Sandaigdig, ay di nawawalán ng dalawa kataong nagkakaisa ng isipan sa iisang araw at oras. Ang mga isipan ni Amado ay may sariling uri at taták, kay sa mga paňguňgusap ni Rizal sa mga labi ni Elias at ni Simoun.

[16]

Sa anu’t anó man, ang aklat ay narito’t yari na. Sa paňgalan kong sarili’y buong pitagang inihahandog sa mga giliw na mangbabasa at sila na ang bahalang humatol.

Opo, hatulan ninyo ang aklat na itong kinalalarawan ng isang pusong pinag-aalaban ng pag-ibig sa Tinubuang Lupa, ng isang dibdib na pinatitibok ng dalisay na pagsinta sa Lahi, ng isang kaluluwang pinadadakila ng adhikang mapatayo ang isang Bayan matibay at malinis, sa ibabaw ng mga labi ng isang Bayang bulók at pinaghaharían ng mga kasamaan.

IÑIGO ED. REGALADO,  
Tagapamatnugot ng ANG MITHI.

[17]

[Nilálamán]

## Bulalákaw nň Pag-ása

I

### Mňga Duwág!!...

—“Ako’y makapangyarihan dito.

“Ang báyang itó ay akin.

“Ang mňga báhay na iyan ay akin.

“Ang mňga búkid at bundók na iyón ay akin din.

“Ang mňga táong iyán ay nanúnulúyan laang dito. Walâ siláng báyan. Ang báyan

nila'y binilí n̄ aking báyan.... Silá ang m̄ga talúnang *gúgu*, ang m̄ga di dápat lumayà at magsarilí, sapagka't walang káya, sapagka't m̄ga mangmáng, m̄ga *incivilizado*, m̄ga tamád, at sapagka't kapag pinalayá, silá at hindi kami ang mabubusóg sa m̄ga búkid at bundók na iyan na bawa't kimpál n̄ kanilang lupa ay isang kimpal na gintô!"

Humigit kumúlang ay ganitó ang wari baga'y ibig ipahiwatig n̄ lákad, dagunot n̄ paa, imbáy, galáw n̄ m̄ga nagluluwánḡang matá, at anyô n̄ mukhâ n̄ isang anaki'y *leon* na nagkatawáng tao; isa manding Nicholás II; isang tila baga matáas na matáas na di marunong yumukô, ó di nakakakilála sa alin mang punô.

[18]

Ang máginoong ito ay isa riyang sa m̄ga diyosdiusang *mister* na laging puputáputák sa Pilipinas. Kararating laang niyá noóng umágang iyon sa báyan n̄ Libís.

Sa walang tígil na kalalákad, siya'y sumapit sa tapát ng isáng tindahan n̄ álak. Lumapit. At pagkatapos na matignán n̄ isang tinḡing-uháw ang m̄ga boteng naggigilásan sa loob, ay sinutsután pagdaka ang may-áring si Julio at ípinahiwatig dito ang kanyang ibig.

Ibig niya ay makitang umíkot ang mundó, dapwa't sa kasamáng palad ay walang dalang maibabáyad sa magpapaíkot; kaya't isanamó niyang siya'y pautanḡin.

Si Julio ay di pumayag; sapagka't totoóng malabis ang pag-aalinlángan niya sa táong ito, na hanggá n̄ hanggá ay noón lamang natamaan n̄ kanyang matá. Sa mukhâ, pananamit, m̄ga anyô, pananalitâ n̄ bagong datíng, ay wala siyang sukat mabanaágang tandâ n̄ pagkamalínis na budhí.

Dahil sa walang màliw na pagtanggí ni Julio, ay biglang umínit ang tuktók n̄ maginoong *mister*.

[19]

Ipinalálagáy daw siyang masamáng tao na di marúnong magbáyad n̄ utang—sa makatwid, tulad na n̄ magnanákaw! Sa nóong kunót n̄ kausap, ay isang malamig na nḡití ang itinugón ni Julio.

—“Hindi pô iyan ang dahil”;—anya—“talagá pong naugalían na n̄ aming tindahan ang huwag magpaútang sa m̄ga di naniniráhan dito, kaya't inyong ipagpatawad.”

At hinagísang muli n̄ isang nḡití ang nabigô. Nḡuni't hindi naampát ang dinḡas. Lalong sumikláb ang sigâ. Kumanyón na nang sunód-sunód at walang lagót, ang Diyos Bunḡánḡá. Katákot-tákot na bála n̄ pag-alimurâ ang lumagpák sa m̄ga tayḡa ni Julio! Ito'y nakapagpígil sandalí, dapwa't sandalí lamang, at di na nakapagbatá ang kanyang danḡal. Ang palánḡití niyang mukhâ, ay bigláng nagdilím. Yaóng tumitibók sa kabilâ n̄ kanyang dibdíb, ay bigláng napukaw. Natikom ang m̄ga daliri, nanḡinig ang m̄ga bísig.

—“Ginoo!”—ang inihadláng ni Julio sa nagpúpuputók—“wika ko sa inyo'y di ko kayó pauutanḡin at ang pasyá kong itó ay waláng pagkatinag! Walang tao sa ibabaw n̄ lupà na may kapangyarihan pumílit upang bagúhin ko ang aking salitâ. Ako ba'y inyóng nauunawàan?...”

Pagkasábi nitó, si Julio ay tumalikod nang kauntí. Sinamantalá ang pagkakataóng iyon n̄ kanyang kaalít. Maliksíng hinúgot ang daláng rebólber, lumundág sa loób n̄ tindáhan at pinukól n̄ tatangnán ang úlo ni Julio. Ito'y nanghinà nang kauntí, gayón ma'y hinaráp niyá nang panḡatawánan ang mapanḡahás. Di naglaon at gumúlong kapwà sa sahí; animo'y nililindól ang tindáhan; ang mabuway na kinahahayanán n̄ m̄ga bóte n̄ alak, ay nátagilid; gumuhô ang lahat n̄ lamán. Katákot-tákot na inḡay! Dumalóng nagtutumilí ang dalagang anak ni Julio. Isang sípang ikinasubásob n̄ binibíning nananánḡis, ang dito'y isinalúbong n̄ halimaw. Kahabág-habág na mag-amá!

[20]

Sa karátig na tindahan ay may ibáng nangyayari:

Dalawáng pulís n̄ bayan at si Gerardo ang nahandoon. Si Gerardo ay isang binatang maglálabing-siyám ang gúlang: Matibay na pusò, maliwanag na isip, katawáng malakás, at mapanḡahás na loob sa alin mang gawàing mapanḡanib.

Mula pa sa m̄ga unang sandaling mabanaágan ni Gerardo ang masakláp na bunḡa n̄ m̄ga sagútan ni Julio at n̄ kaniyang kalában, ay sinimulán na niya ang pagpapaála-ála n̄ kanilang katungkúlang sa m̄ga pulís na nataunan niya roon; alalaong baga'y mamagitná silá sa dalawa.

[21]

Umakmáng lalapit ang m̄ga pulís, di ang hindi. Datapwa't sa masamáng pagkakataón, ay násabay ang paglápít na ito sa pagbunot n̄ rebólber n̄ kaaway ni Julio. Isip yata'y sila na ang susugúrin, kaya't bigláng nanḡamutlá at dáli-dáling nanḡagsiúrong.

—“Ano’t tila kayo’y nátukâ nǎ áhas?”—ang pagdáka’y itinanóng nǎ binata sa bayáning mǎa pulís.

—“Abá!”—ang kaniláng tugón—“kami ba’y mǎa ulól at ipapáin ang áming búhay sa kamatáyan? Di mo ba nakikita’t *marrikáno* iyang may ‘ribulber’? Kami’y waláng kaarmás-armás, kung kami’y labánan, anó ang aming magagawâ?”

Nagnǎitnǎit si Gerardo sa mǎa salitáng ito.

—“Mǎa duwag!”—ang malakás niyang sigaw na sinabayan nǎ isang matinding túlak sa mǎa pulís na kamunti nang ikinábaligtád nilá; at di lamang ito ang nagawâ: nilabnót pa sa mǎa bayaning iyon ang dala-daláng mǎa batúta.

Singtulin nǎ kidlat na dumaló ang binatà sa sigalót.

[22]

[Nilálamán]

## II

### ¡Sakâ Kayó Magsisísi!...

Si Julio sa mǎa sandaling iyón, ay latáng latâ na sa kanyang pakikilámas; kaya’t ang pagdalo ni Gerardo ay napapanahón. Pagpások nǎ binatà sa loob nǎ tindáhan ay sinigawan siya nǎ kalában ni Julio na huwag manghimások sa kanilá. Hawak nitó ang rebolber; dapuwa’t sa gayóng anyô ng kaáway, ang batóng loób ni Gerardo ay lalong tumigás mandín, lalong nabuhay ang kanyang dugô. Waláng ágam-ágam na lumápit sa nananampalásan, at úbos lakas na inihátaw sa ulo nitó ang daláng káhoy; nǎuni’t ang hinataw ay nakapagpapatók din, at saka dahan-dahang nahílo, nalugmók, nawalán nǎ diwâ.

—“Mang Julio, nakagantí na kayó!...”—ang noó’y biglang pumúlas sa mǎa labi nǎ mapúsok na binatà.

Tumagís ang bála sa kaliwang bisig ni Gerardo.

Tumutulò ang kaniyang dugô; samantalang sa tapat nǎ tindáhan ay nagkakatípon ang mǎa táong páwang pagpuputlaan, nagluluwánǎan ang mǎa matá, at naghahabaán nǎ liig.

Isang lalaking mataás ang di nagluwat at pumások; siya ang *sargento* nǎ mǎa pulís. Kasunod niya ang dalawáng bayani nǎ sindák. Nilapitan ang binatà at tumanong:

[23]

—“Bakit inágaw ninyó ang mǎa batúta nǎ mǎa pulís na iyan?”

Hinagísan muna ni Gerardo nǎ isang nagbabágang tinǎin ang tatlong kawal na iyón nǎ pamunúan bágo tumugón:—

—“Sapagka po’t áking kinailánǎan sa pagsuppô sa kapaslanǎan nǎ isang táong ganíd! Nǎyón na di ko na kinakailánǎan, sila’y akin nang isinasaulì.”—At inaabót nǎ binata ang mǎa batúta sa *sargento*, na muling tumanong:

—“At bakit naman sila’y di man laang ninyo pinagpitaganan?”

—“Sapagka’t iyang inyong mǎa pulís ay mǎa duwag!”—ang napabiglang tugon nǎ binata.—“Sapagka’t sila’y aayaw magsitupad sa kaniláng katungkulan; nakíta, nǎ kaniláng mǎa matá ang gayóng pagyúrak at paglaít sa kaniláng mǎa kabalát, ang gayong pagluhà nǎ Matwid; at gayon man, sa haráp nǎ karáwaldáwal na nangyari, ang mǎa pulís na iya’y di nag-kaloób na kumílos, humalukipkíp na lámang, nagpatáy-patáyan!... Ganyan po ba ang mag-iinǎat nǎ kapayapaan? Sa mǎa táong gaya nila’y anó ang mahihintáy nǎ Báyan? Walá! kundi isang di makakátkát na kahihiyán at pagpulà sa kanyá nǎ ibáng láhì!...”

[24]

Dito’y hinaráp ang nagsisiksíkan at nagnǎnǎang mǎa tao sa labás nǎ tindahan; ibinálng muna ang paninǎin sa lahat nǎ dáko at sakâ nagpatúloy:

—“Sa mǎa sandalíng itó, mǎa kababáyan, huwag lilimútin na ang Matá nǎ boong Sangdaigdigán ay napapakò dito sa Pilipinas. Báwa’t kilos, báwa’t gawâ, pagkakámali ó pagkakásulong, ay minamasdan nilá. Kinukúro, tinitimbàng lahat na iyán, upang pagkatápos ay pasiyáhan kun táyong mǎa pilipino ay may matwid ó walá sa paghinǎi nǎ Kalayáan! Kaya nǎa nararápat na sa mǎa araw na itó ay magpakaínǎat tayo sa áting mǎa kilos. Huwag tutulútang makasinag dito ang mǎa tagá ibáng lupâ, nǎ anó máng gawáng maipupulà sa atin. Iyáng kahinán nǎ loob,

tákot sa mġa gawang lában sa katwíran, ay di nararápat kailán man na ipamálas nġ isáng báyang gaya nito, na naghahanġád lumayà. Upang ang báyang iya'y kaalang-alanġanan nġ ibá, ay kailanġang ipakíta sa lahát nang panahón, na ang kanyang mġa anak ay di natutulog sa hanġad nġ ibáng dunġisan at idiwara ang kanyang puri't karanġálan—Iyang mahálay na pag-aalaála sa saríli na nababagay láang sa mġa loob na marurupók ay kinakailanġang iwaksi sa mġa ganitong pagkakataón; sapagka't ang malíng pag-aalaálang iyán ay siyang nagdudulot nġ karupukán sa pusò, siyang nagpapatúlog sa dugò, gumuguló sa isip, at nagpapaúrong sa kaluluwá úpang lumayò at tumalikod sa panġánib na dapat sagupàin at sugpuin!"...

[25]

Napútol ang salitâ ni Gerardo, dahil sa bigláng pagkílos nġ nalulugmók. Násauli na ang pagkatáo, idinílat ang mġa matá at titindig sana, nġuni't ¿sino yaong nasa kanyáng harap at pígil sa kamay ang isang rebólber na nakaúmang sa kanya?... Nápaupông muli. Sino itó? Si Kamatáyan na ba? Kakalawitin na kayâ siya? Inapúhap sa likód ang kanyang sandata: dapwa't walâ!... Lálong namutlá ang mukhâ, lalong nanġínig ang katawán.

Nanġusap ang kinatatakútan sa wikà ni Shakespeare:

—“Kung ang búhay mo'y iyóng pinahahalagahan ay huwag kang kikilos!... Nauunawáan mo ba?”

Isa na lamang tanġò nġ pagáyon ang naitugón nġ nanġanġatál, sapagka't di maibuká ang bibig, di mabigkás ang íbig sabíhin.

Nagpatúloy si Gerardo.

—“Ibig kong mabatíd kung ikáw ay taga-saán.”

—“A-a-amerikano”, ang maráhang sagót nġ nanġlálamig.

—“Ah!, amerikano!... amerikano!”—ang úlit nġ binatà, na may kahálong mapaít na nġití.—“At anó ang sumuót sa amerikáno mong tuktók at ikáw ay nanánampalásan díto?”

[26]

—“.....”

—“Ang akála mo ba'y sapagka't natúran kang amerikáno at ang kaharáp mo'y mġa kayumangġí ay maaári mo nang yurákan ang kaniláng karapatán at isalúsak ang kaniláng karanġálan?...”

“Di mo na inalaálang silá ay iyóng kapwà? na silá ay iyóng kapantáy?”

“Oh, kayóng mġa dayuhang halímaw!”

“Sino kayóng paparíparíto sa isang báyang di inyó at pag-náhandito na'y walang kakalasangin kundí ang pangdadahas at paghaharíharian?”

“Iyán bagá ang inyong igagantí sa báyang itó na kahima't hiráp na'y tiís pa rin nang tiís, masunód lang kayó? kahi't hapò na'y híla pa rin nang híla, kayó lámang ay mapagbigyáng loob?”

“Ah, mġa walang túring!... Mġa pusòng masasakím at mapagmatáas!”

“Di na ninyó inísip na doon sa Lanġit ay may isáng Diyós!—Isáng Diyos na nagmamasíd sa inyóng mġa kilos, isáng Diyos na walang kinikilínġan, ang Diyos na huhukóm sa inyóng mġa gawâ!...”

[27]

“May araw ring kayó'y sasayáran nġ Kanyáng kamay, may araw ring lalagpák sa inyóng mġa úlo ang mabisang sumpâ at higantíng kakilákilábot nġ isáng Báyang dinadayá!”

“Ah! mġa kahabághabág!... Sakâ kayó magsisísi!...”

Hindí nasayang ang mġa salitâ ni Gerardo: sa labás nġ tindáhan ay boong báyan na halos ang sa kanya'y nakikiníg.

Pagkaráan nġ iláng sandalí ay pinatindíg ang amerikano. “Lumabás ka rito”—aniya,—“at humaráp ka nġayon din sa hukóm.”

Ang inutusan ay nakayukông tumindíg, nakayukông lumabás at nakayukông sumapít sa pintò nġ hukuman. Sinusundan siya nina Julio, Gerardo at nġ maraming táong bayan.

Di naláon at dumatíng ang mġa nagsasakdál sa tanggápan nġ hukóm; nġuni't sa masamáng pagkakataon, itó noo'y walâ sa loob nġ bayan. May nagsasabing siya'y napa sa Maynilà, at di máalaman kun kaylán babalík.

Inaharap ang sakdál sa panğalawáng hukóm, dapwa't ito'y tumangging lumítis sa usapín, sapagka't siya'y kamag-anak ng nagsasakdál na si Julio.

Ayon sa kautusán, ang presidente municipal ng isang bayan ay siyang mákakahalíli ng mga hukóm kapag ang mga ito'y walang kaya ó karapatáng lumítis sa isang usapíng “crimínal”. Sapagka nga't ito ang ipinaguútos, ang mga magsasakdal noon di'y nagsitunño sa báhay-pamunúan upang dumulóg sa harap ng presidente.

[28]

[Nilálamán]

### III

## Si Kápítang Memò.

Máximo San Jorge de los Santos ang túnay na ngalan ni Kápítang Memò, ulo ng yaman at presidente municipal sa Libís. Siya ay isang lalaking may matáas na tindig, mukhâng bilóg na kinabábanaagan ng ilang paták ng dugông diláw, úlong tihabâ na napapalamutíhan ng mapuputing buhók, mga matáng busóg na animo'y ipinaglíhi sa mga matá ni Mutsu-Hito, ilóng na hinirám kay San Mateo, bibig na inihawig sa bibig—Limahóng at tiyang kauri ng tiyang—Taft.

Ang máginoong itó ay isá riyán sa mga nábantog na kápitan noong mga araw na ang Pilipinas ay kasalukúyang iniinís ng kakastiláan; siya'y nábantog, sapagka't tanji sa masalapí, ay lubhâng malupít sa mga táong bayan, mapagbalák ng mga masasagwáng útos na pawàng udyók ng kasakimán, mapagparátang at mapagparusa ng mga parúsang háyop sa mga binúbuhátang nagkásala. Walang tumutol sa mga hidwâ niyang kagagawán na di niya sinumbatán ó pinangakúan ng ganitó ó gayóng pagkapahámak.

[29]

Ibig supilin ang lahat; paáno'y walâ siyang pinakamimithi kundí ang sambahín, kilalanin at tawaging hari—hari sa lahat ng bagay, hari ng lahat ng táò, kung mangyayári, ng kanilang mga pag-aari, katawán at damdamin... Iyan ang kanyang adhikà sa gitnâ ng gayóng mga nagyukong masunúrin, mga tikóm na bibig, mga dilang alípin.

Iyan ang kanyang pinangápanğárap, ang boò niyang hanğad mulâ sa sandalíng mapasakanya ang tungkód ng kápitan—ang mahiwagà't makapangyarihang tungkód na siyang lálong pinagkakautanğan ng kanyang pagkamasalapí, pagkamalupain, at pagkamapalalò.

Sa harap ng ganyang mga adhikà, katakátaká kayâ na nang mabágo ang pámahalaan, pagkalagánap dito ng kautusáng nagpapahintúlot sa mga bayán-bayán ng malayang pagpili sa kanikanilang pinunò; katakátaká kayâ na maisipan ni Kápítang Memò na samantalahin ang pagkakátaon sa pagbabakásakáling siya ang máhalal na presidente sa kanyang bayan?

Alám ni Kápítang Memò na lubhâng marami ang kanyang kaáway; na ang kanyang kabanğisán ng panahóng lumípas ay di pa nalilimot ng mga manghahalál; na ang tákot at panğinğilag sa kanya ay di pa nakakatkát sa mga apdó ng karamíhan; na ang kanyang kalupitán sa pamumunò ay sariwàng-sariwà sa kanilang alaala. Batid ni Kápítang Memò ang lahat ng iyan. At iyan ang mga dahil kung bakit siya'y maláon ding nabalisa at nagalinlanğan, bago natuluyang magharap ng kanyang *kandidatura* sa nálalapit na halalán.

[30]

Dápwa't hindi ang isang Kápítang Memò ang úrong. Bakit ba hindi niya titikmán? Ay anó kun sakáli ma't siya'y matalo? Hindi ba siya datihan sa pagkatálo ... sa mga *templo* ng San Jorge at mga titiláok?

—“Walâ! walang úrong-úrong!” ang matigás niyang sábi sa kanya rin.

At hindi nga namán umúrong.

Sinimulan na ang panğatawanang paglákad.

Nagkatúsak ang kanyang mga *leaders* na walang humpáy ng talumpati dini at talumpati doón.

Nagpagawâ sa Maynilà ng libo-libong *carteles* na kinatítitikan ng mga salitang:

VOTAD POR  
SR. D. MAXIMO SAN JORGE DE LOS SANTOS.  
CANDIDATO *para* PRESIDENTE.  
LIBERTAD, IGUALDAD, FRATERNIDAD.

Sa di kawasà'y dumating ang araw ng halalán. Dumating ang oras ng pagbíláng ng m̃ga boto.

Nápagaláman sa wakás na tatlong-daan at limá ang bilang ng boto kay Kápítang Memò; samantalang dádalawang-dáan at ánim ang tinanggap ng kaniyang kapáligsahan.

¡Talinghagà ng m̃ga pañgakong matatamis!

¡Talinghagà ng m̃ga gantíng-palang makalansing!

¡Talinghagà ng m̃ga mukhâng-hudas na nakañgiti!...

Tigás na tuwâ ng Kápitan.

Sa tatlong araw na sumunod sa halalán, si Kápítang Memò tuwing magiisá, maging sa pagkain, maging sa paghigâ hanggang sa pagtulog, ay wálang nábibigkas kundí ang gayari:

—“Sa makatwid, ako ay presidente na ñgayón ha! ha! ha! At sa makatwid, akó ay makapangyarihan na namán! ha! ha! ha!... Ganitó, ganitó ang mabubuhay ... láging nasa itáas, láging tinitiñgalá at hindí nasusuwáy! ha! ha! ha!”

Iyán ang si Kápítang Memò.

[32]

## IV

[Nilálámán]

### Ang m̃ga Máginoo...

Talagá yatàng sinasamá ang m̃ga magsasakdal. Ang presidenteng sinadyâ sa bahay-pámunuan ay walâ rin doon.

Hindi pa dumárating. Ang oras na iyon ay hindi pa oras ng pagdatíng ni Kápítang Memò sa kanyang tanggápan. Iyón ay oras lamang ng kanyang pagbáñgon, ng paghiwaláy sa mapanghalína niyang higàan, ng pagpapaalam sa isang kinawilihang pañjarap....

Si Kápítang Memò ay di nararapat bumañgon ng maága; hindi ito nababágay sa kanya. Siya'y isang máginoo, isang kápitan, isang presidente na sumasahod buwán-buwán ng walongpúng pisong matunóg. Bumáñgong maága ay nababágay lámang sa m̃ga mahihirap, sa m̃ga magsasaká, sa kanyang m̃ga kasamá, alila at m̃ga hindi máginooong gaya niya.

Tinutugtóg ang ikasampung oras nang si Kápítang Memò ay magbáñgon noong umagang iyón. Ang m̃ga hikáb niyang sunodsunod at m̃ga matáng pipikitpikit ay nagpapakiláláng di pa nasisiyahán sa túlog. At mulí sanang mahahandusáy ang mahal nating ginoo, dañgan at nagitlá sa iñgay ng maraming táo na noó'y naghuhugusan sa tapát ng kanyang báhay. Ang m̃ga táong ito'y siyang kasunódsunód nina Gerardo mulâ ng iwan nila ang tindahan ni Julio; ibig sana nilang mapanoód ang paglilitis, dapwa't nabuktót na lahat sa pagiintáy sa presidente, kaya't ñgayo'y nañgaguuwian na. Salámat sa iñgay nila at nabugábog ang masipag na pinunò ng bayan; sa wakás ay natulúyan ding mámulat ang m̃ga namumugtóng matá na animo'y nagsasábing “¡Kami ay busóg na busóg!”

[33]

Pagkakáin ng almusalán, ang ating máginoo ay humílig sa isang *sillón*; at dito'y sinimulán ang waláng lagót na pagpapaúsok sa isang “Germinal”.

Hinintáy pa munang mañgalahátì ang sagisag na iyón ng isa sa m̃ga masasamáng hilig ng tao, bágo nagbihis si Kápítang Memò upang dumaló sa bahay-pamunuan.

Tinutugtóg ang ika labing-isang óras ng umága nang siya'y sumapit doón. Pagpások na pagpások ng pintô, ay isang tuksó ang kaagád ay sumagupà sa kanyá. Sa dákong kaliwâ ay may isang malápad na bangkô at sa ibabaw ng bangkô ay nakatukmól ang isang pulís na uugâ-ugâ ang ulo, nakabuká ang bibig, at untí-untíng nábababâ ang m̃ga balintataó. Sa ganitong anyô na bilang pasalúbong sa kanya ng káwal niyang hinihila ni Antók, ang makisig na pinunò ay biglang siniglán ng pañguñgupinyó. Anó ba't ang buísit na iyon eh, tila ginagagád ang anyô niya kanina ng siya'y bago lang kagigising?

[34]

Dáhandáhang lumápit ang nagñginitñgít, sinunggabán sa bátok ang tuksó at walang sábi-sábi'y niluglóg ito ng walang kapatúpatumanggâ.

—“Ah, salbáhe! demónyo! di nahúli rin kita!... Iyán, (*suntok*) iyán, (*sipa*) at iyán (*dagok*) ang bágay sa iyo, tamád! walang hiyâ! háyop! Kung kayâ ka bá binabayáran nǵ sampúng piso buwán-buwán ay para magtulóg ka rito? Waláng hiyâ!”

Gitláng gitlá ang pinupog ni Kápítang Memò. Sa kagulatan ay nakálundag tuloy sa di oras nǵ limáng dipá.

Samantalang nagbúbubusá ang bibíg nǵ Kápitan ang iba namang mǵa pulís ay pawang nagpuputlàan at nanǵinǵinig, lahat ay nanǵagtáyò nǵ tuwid na tuwid, walang makahumá kahi't isa.

Pagkatápos nǵ ganitong pagpapakíta nǵ gilás sa silong, ang mabanǵís na punò ay dahandahang nanhík na nanglilisik ang mǵa matá.

Sina Gerardong inis na inis na sa pagiintáy ay napabuntóng-hininǵá na lamang nǵ maramdamang siya'y dumádating.

[35]

## V

### Sa likód nǵ kasalukúyan

“Aba, mang Julio”, ang bigkás nǵ binatà; “lumuhód po kayó at náríto na ang ating Czar!”

Si Julio'y napabulalás nǵ tawa.

“Angkáp na angkáp nǵa sa kanyá ang nǵalang iyan!”

Hindi lumawig ang pagtatawá ni Julio; humalili sa kanya ang isang pagkamanghâ, pagkatapos na maibáling ang paninǵin sa dákong hagdánan. Pati si Gerardo ay nápa-abá!...

Katakátaká nǵa nama't lubhâng mahiwagà ang mapapansín nǵ isang nagmamasíd sa pinamagatáng Czar na sa sandalíng iyón ay kapapanhík pa lamang.

Pagkákítang pagkákita sa amerikánong isasakdál (na noó'y nagkátang nakatalíkod at kasalukúyang nawiwíli sa pagtinǵin sa isang nakasábit na magandang laráwan nǵ nunò nǵ mǵa Federál,) ang presidente ay natigilan nang bigláng biglâ; túlos na túlos sa púnò nǵ hagdanan; ang mǵa matá ay pinanáwan nǵ panglilisik at kúsang napakò sa likod nǵ amerikáno. Tumindíg sina Julio at nagbigáy nǵ “magandang araw”, dapwa't ni tanǵô, ni tinǵin man lang, ni ano pa mang tandâ nǵ paggantí, ay dí sila nagkamít.

[36]

Papaáno'y ang boóng pag-iisip ni Kápítang Memò ay nabubuntón sa isásakdál na mulâ, nang tamáan nǵ kanyáng matá ay pinasikdósikdó ang loob niyá nang gayón na lang. ¡Kanyá mandín natatandâan ang húbog nǵ panǵanǵatawán nǵ amerikánong itó!... Túnay nǵa kayáng itó'y si ... si ... si Stag?

Habang nagtatagál ang kanyang pagmamasíd ay lalò at lalòng nakikilála ang pinagmamasdán.

Isang matinding tikím na kinaugalián, at isáng magasláw na kilos nǵ nakatalíkod, at ... ¡biglang namutlá ang natutúlos sa punò nǵ hagdán!

Ang tikím at kilos na iyón ay kilaláng-kilalá niya; wala kundi si Stag lang ang marunong kumílos at tumikím nǵ ganoon.

“At bakít itó'y nápaparíto nǵayón?...”—ang kahi't di sinasadya'y naibulong sa sarilí nǵ namumutláng pinunò—“Akó kayâ ang talagáng hanap?... Alam kayáng presidente na ako nǵayón?... Maánong huwag nǵ maalaála...!”

Hindí man ibig ni Kápítang Memò ay kusang ipinadpád siya nǵ kanyang gunitâ sa panahóng nagdáan—sa taóng 189...—sa isang háting-gabíng madilím nang silang dalawá ng amerikánong itó, ay magkasámang lumanság sa isang pintóng nakalápat sa lalawigang Tarlak.

Sariwàng sariwà pa sa kanyáng alaála ang mǵa nangyari noón! Hindi, oh hindi niya malilimutan ang pagkaparoól nǵ isang amá, isang amáng tagalog, na noo'y walang malay na naligò sa sariling dugò—dugông pinaágos nǵ kanyang kamay, kamay niya—ni Kápítang Memò!

[37]

Hindi pa rin nakakatkát sa kanyang gunitâ ang mġa himutók, at pananambítan nġ dalágang anak nġ amáng iyon—anak na sa isang sandalí ay inagáwan nġ magúlang, at pinagnakáwan nġ tánġing kayamánan nġ isang dalága: ang saríling púri. At ang nagnákaw, ang naglubálob sa lusák sa púring iyón ay siyá rin, siya—si Kápitang Memò!

At lalong hindí pa rin nalilingġíd sa kanyáng guniguni ang kináng at dámi nġ pilak na sa bahay ding iyon ay kanyáng nalíkom. Ang pílak na itó ay umabót sa halagáng -P-10,000—salapġng pinagkayariang hatiin nilang dalawá ni Stag na lubhang malaki ang pagod na ginugol sa kapanġahasa't katampalásanang iyon. Ang paghahátang ito, sapagka't hindí maáring gawin noon din, ay ipinagpaliban sa umága nġ kinabukasan at sa bahay ni Kápitang Memò sa Tarlák.

Dapwa't ang paghahatì ay di natupad: noon ding gabing iyon, ang makisig at túsong kápitán ay nakalipád sa ibang lupálop. Tagláy niya ang -P-10,000 piso at isang sariwàng katawán. Sa minsang sabi, si Stag ay nàlinlang niya, ni Kápitang Memò!....

[38]

Ang Kápitán ay papanáog na sána at ang tangka'y umuwí noón din upang siya'y makapagtágò sa pinanġinġilágan.

Dapwa't, ĵhulí na! Hindi pa man lang nakatátalikod ay *hinaló* na siya nang sunódsunód nġ dati niyang kasákasama.

Kun sa pagbatì sa Kápitán ang bibig ni Stag ay nakanġití ang kaluluwá naman niya'y nagnġinġitnġit sa pagsigáw nġ: “Háyop, di ka na muling makawawalâ sa akin!”

Ang kaawà-awàng presidente ay hindí na nakatulóy nġ pagpanáog. Anó ang dápat niyáng gawin nġayón? Wala, kundí ang maglakás loob. Hinaráp ang kanyang dáting kaibígan at bumigkás nġ ganitóng mġa panġunġúsap:

“ĵOh, si Mr. Stag! Kayo palâ! Hindi ko kayó nákilala! Ipagpatáwad ninyo! Saán kayó gáling? Ang akalâ ko'y umuwí na kayó sa Amérika. Nġuni't magtulóy, magtulóy kayó!”

Binuksán ang pintò nġ tanggapan nġ presidente at silang dalawá ay nagsipások.

Maláwig ang kaniláng salitàan. Tuwâng tuwâ, si Stag nang maaláman na itong kaibígan niya ay “umasénso” na palâ. At laló pa mandíng nag-ibáyo ang kanyáng pagkatuwâ nang maalámang ang batâ niya'y siya palâng huhukóm sa usapín nilang dalawá ni Julio. Si Kápitang Memò namán ay punóng punò nġ salitáng “patáwad!” Bawa't panġunġúsap niya ay may kalákip na isang “patáwad!” Walang magasláw na salitâ si Stag na di niya tinugón nġ isang malambíng na “patáwad!”...

[39]

Natápos ang kaniláng lihim na pagpapanáyam pagkaráan nġ isang óras at kalahatì.

Binuksán nġ presidente ang pintò nġ kanyáng opisina at sinigawán ang *sargento* nġ mġa pulis. Ang tináwag ay hálos mag-kandarapâ sa pagmamadalí nang pagharáp sa kanyang pinunò.

“Papasukin dito iyang mġa táong may ihaharáp na sakdál”, ang utos nġ presidente.

“Opó, *señor!*”—ang tugón naman nġ *sargento*.

[40]

## VI

[Nilálamán]

### ĵTalagáng Palalò!

Iká isáng óras nġ hápon nang máharap sa presidente siná Julio at gayón ma'y malaon pa ring sila'y naghintáy na hindí man lang kinikibò. Sinamantala ni Gerardo ang panahón; pinagaralan sandalí ang nalalaráwan sa mġa mukhâ ni Kápitang Memò at nġ kanyang katóto. May isa siyang hinalâ, na ibig maláman kung túnay ó hindí. Tiningnáng una ang amerikano. Ibáng ibá ito nġayón: walâ na nġayón ang úlong kanína'y nakayukò; walâ na rin ang mġa lábing kanína'y nanġanġatál; walâ na nġayón ang mġa matáng duwág na kanína'y dí makalában sa kanyá nġ títig. Ibáng ibá nġâ nġayón si Stag; mistúlang harì na namán na íbig magpasukò sa lahát, pati sa Diyos! Ang báwa't títig niya kay Kápitang Memò, wari'y naghahatíd nġ mġa ganitóng salitâ: “Ako ang panġinóon mo nġayón. Ó ako'y ililigtás mo sa usapíng itó, ó ang úlo mo'y aking paliliparín! Mamili ka!”

Sa bawa't títig ni Stag na may ganitóng kahulugán ang kápitan ay may isang magiliw na tugón:

[41]

“Huwág kang magalaála katóto... Madalî ang pagliligtás sa iyó.”

May katwíran si Kápítang Memò sa kanyang sinabi: ililigtás niyá si Stag at ang paráan na kanyáng gagamítin ay madalíng madalì. ¡Dadaánin sa bagsik, sa dahás, sa sigáw! Aling kaluluwá sa boóng báyang iyón ang di manġinġiníg sa isa niyáng dárag, sa isa niyang pandidílat?...

Síno doón ang di niya mapaaáyon sa kanyáng maibígan? Walâ! Síno ang manġanġahás na makipagsagútan ó makipagtálo sa kanyá? Walâ! Síno ang humaráp sa kanyá na di niya napayukô? Walâ!

Nġuni't ... si Gerardo? Si Gerardo! Pshé! Síno iyán? Isang nagtatapáng-tapánġan; isang palalò, hambóg, waláng gálang! Iyan ang hanġál na láging lumilibák sa kanyang pagkapinúnò. Iyan ang nagdudunúng-dunúnġan na tumatáwa sa palákad nġ kanyáng pamahalàan. Iyan ang ulól na maláon nang iniíbig niyáng másukol sa isang súlok úpang ... máalis ang pagka-ulól!

Salámat, at nġayo'y násukol na niyá!

Nġayón niyá malalasáp ang tamís nġ pakikipagtálo sa isang Kápítang Memò.

Nġayon silá magkakaalám at nġayón magbabáyad nġ mġa útang ang hambóg na iyan!

Pinanġlísik nġ Kápitan ang kanyang mġa matá, kinunót na mabuti ang nóo at saka minasdan ang binatà.....

[42]

Talagáng waláng hiyâ, talagáng hambóg, talagáng palalò!

Diyata't ang títig niyáng iyón ay dî man lang iginalang, hindi man lang ininó? Diyata't hindî man lang kumisáp, diyata't ang ulo'y hindî inayukó? Ano't ang anyô nġ “ulol” na itó ay animo'y nanghahamón, animo'y nagtatawá, nanġunġutyâ? Bakit at ang mġa kamáy ay hindî nakahalukipkíp, bakit hindi namumutlá, bakit hindi nanġinġiníg gayóng nasa harap niyá—niyá, ni Kápítang Memò?...

Nang mamalas ito nġ mabalasik na pinunò, ang di masáyod na pagkapóot niya sa dati nang kinapopoótang binatà, ay lalong nagibayo, lalo siyang ininís.

Sa wakas, ay hindi na nakapagpigil, hindi na nakapagbatá: inalabás na ang pagka-Kápítang Memò!

[43]

## VII

[Nilálamán]

### Halagá nġ Búhay

Pagkatápos na masípang makaitló ang inupáng *silla*, ang presidente ay hinaráp si Gerardo at nanġinġiníg na tumanóng:

—“Ikaw! anó ang daládalá mong iyán?”

Lumápit ang binatà sa *mesa* nġ hukóm, inilapág doón ang rebolber ni Stag, at saka sumagót:

—“Iyan po, G. Presidente, ay....”

—“Ssstt!!” ... ang putol ni Kápítang Memò; “Ang rebólber na iyán ay akíng kilalá, kilalá ko! Alam ko na ang may arì diyan ay hindi ikáw. Bakit at nġayo'y nasasa iyó? Bakit ayaw mong ibigay sa may arì? Ha? Bakit ka nakikialám sa arì nġ may arì? Ha? Bakit at kabatang-batà mo pa ay lubhá kang mapanghimások? Vamos á ver!...”

—“Ginóo!” ... ang hadlang ni Gerardo.

Ang Kápitan ay dî napigil:

—“O nġayón di'y isasaulì mo iyán sa tunay na may arì, ó papások ka sa bilangúan! Mamìlì ka!...”

Isang madiġng suntók sa mesa ang isinunod sa “bilangúan.”

—“Magdahandahan, po tayo...!”

—“Anóng dáhandáhan!”

[44]

—“Napakabilis pò kayóng humátol, G. Presidente. Ang útos mo pò”...

“Ha?” ang pakli nḡ pinunò. “Ang aking útos? Ay anó ang aking útos? Ang útos ko ay tumpák, nasasalig sa matwíd! At anó? Hindi ba matwíd ang ipasauli ang arì nḡ may arì? Kun ayaw kang sumunód, kun ikaw ay magmamatigás, kun di mo isasauli ang rebolber na iyán, nḡayon di’y papások ka sa...”

“Kahi’t pô saán ako’y handáng pumasok,” ang matigás na sagót ni Gerardo; “ibig ko po lang dinggin ninyo ako sandali kung mangyayari. Tingnán ninyo: ako’y inyong pinipilit na isauli ko ang rebolber na itó sa amerikanong iyán. Wika ko po sa inyo’y waláng kailanḡang ako’y inyóng pilítin, walang kailanḡang ako’y inyo pang baláan at lálong waláng kailanḡang kayo’y magpadinig nḡ mḡa ganganyáng panḡunḡusap at magpakíta nḡ mḡa ganganyáng kílos na mulà nḡ likhân ang hukúman ay di nakikíta sa alin mang hukóm na may iwing danḡál. Ang laháat nḡ iyán ay hindi kailanḡan, ang sábi ko, sapagka’t tantuin mo pô, G. Presidente, na ang isá sa mḡa dáhil nḡ áking ikináparito, ang isá sa mḡa dáhil kung kayâ ko napagtiísán ang hálos kalaháting áraw na pagiintáy sa inyóng kamahálan, ay upang áking maibigáy kaagád sa ilálim nḡ kapangyarihan nḡ hukúman ang sandatang itó na tinikis kong kúnin sa nagmamayari. At ang dahil po kung kayâ ko tinikís ito ay sapagká’t sa pamamagítan nḡ sandátang iyán, ay muntí na niyang baságin ang ulo nitong aking kasáma, at kung nagkataon ay munti na niyang alisan ako nḡ búhay. Naito pô ang aking sugat na hangga nḡayo’y dumudugo pa”....

[45]

—“Sugat!” ang hadláng nḡ hukóm na may kahálong inḡos; “At anó ang mapatutunáyan nḡ sugat na iyán? Kung kayâ ka sinugátan nḡ iyong kalában ay sapagka’t hinátaw mo siyá sa ulo!”

—“Kung kayâ ko pô siya ginanon ay sapagka’t lumábag siya sa átas nḡ matwíd, yumúrak siya sa kadakilàan nḡ tahánan at tinaksíl doón ang isa niyang kapwà dáhil na dáhil lang sa di pagpáyag nitó sa hidwâ niyang nais!”...

—“At ikaw ba ang tinaksíl, ikaw ba ang tinampalásan?” ang tanóng nḡ nandidilat na Kápitan.

—“Hindi pô ako, nḡuni’t....”

—“Ikaw ba’y kamag-anak noón?”

—“Hindi pô, datapwa’t....”

—“Ah! gayón pala, ay ano’t ikaw ay nanghimások sa kanilá? Sino ka bagá rito sa báyan?”

Hinagísan ni Kápítang Memò ang kaibigan niyang noo’y walang kakibô-kibô, nḡ isang tinḡin na wari’y nagsasábing: “Ligtás ka ná!” Paniwalàng paniwalà siyá na ang mḡa hulí niyang salitâ ay yuyukûang pilít nḡ binatàng katálo. Anó pa ang ikakatwiran nḡ binatíllong uhúging iyón?

[46]

Nabigô ang pag-ása ni Kapítang Memò. Ang nóong iniintay na iyukô, ay lálong ipanagtáasan.

—“Itinanóng mo pò,” ang marahang sapól ni Gerardo, “kung ako’y síno sa báyang itó. Hindi ko na pô sána kailanḡang sagutin iyán sapagka’t lábis na ninyóng talós. Gayon man ay pagbibigyan loob ko rin kayo. Akó pô, G. Presidente, ay isang hámak na mámamayán, isang may mababàng urì, isang musmós. Datapwa po’t sa gitnâ nḡ aking pagkamababà, sa gitnâ nḡ aking kamusmusán, ay may isá akóng kayamánang nakikilála at maipagmamalakí—ang mḡa gintóng karapatán, ang mḡa katutubòng kapangyarihan nḡ báwa’t táong malayà.

“Karapatán pô at kapangyarihan nḡ isáng táo na ipagtanggól ang saríling búhay; kapangyarihan din niyá ang itagúyod ang búhay nḡ ibá, nḡ isang inaapí at tinatampalásan.

“Naitó pô ang dáhil kung bákit akó, akó na isang hámak, ako na isang mababà, akó na isang musmos, ay nanghimások na mamagitnâ sa amerikanong iyán at dito sa áking kasama nang sila’y nagaáway; at náriyan din pô ang dáhil kung bákit di akó nagalinlanḡang hatawin nóong sandalíng iyón iyáng inyóng katabí, na, kagáya nḡ lahat nḡ mḡa duwág, ay sinamantalá ang isang pagkakalinḡat nḡ kanyáng kalában upang ito’y lubós na mapipílan at nang sa gayo’y sumakanyá ang pagwawagí.”

[47]

Si Kápítang Memò ay tumunḡó, nagsalikód-kamay at lumakad nḡ paroo’t parito.

Nagpatuloy ang binatà:

"Hindi ko nga pô lang inaring karapatan at kapangyarihan ang manghimások at ipagtanggól ang áking kakilála sa mapanǵánib niyang kalagáyang yaón, kundî ibinilang ko pang isáng katungkúlan rin sa áking lagáy na pagkatáong-báyan. Iyáng inyóng mǵa pulís na nanǵaroón, iyán póng mǵa káwal ninyó na siyáng lálóng may tungkúling tumupád sa áking tinungkól, ang mǵa iyán na sakdál nǵ tatápang sa pagdarág sa kapwà niláng tagálog at pagdahás sa mǵa mahihinà, nǵ mákitang *amerikanong malaki* palá at hindi *tagálog na maliit* ang nanampalásan,—ang mǵa iyan ay páwang nanǵagsitangging sumugpò sa gayóng katampalásanan, pawang nanǵagsiúrong na animo'y hinágad nǵ libolibong kulóg. At ang iminatwíd ay sapagka't may sandáta raw ang sinapantáhang *Anti Kristo*, nǵuni't silá ay walá!"

[48]

Bigláng tumígil ang pinunò sa kanyang inalakad-lákad; hinaráp si Gerardo at di magkantutúto sa pagsigaw nǵ:

—"*Pu—pu—pués*, may katwíran silá! May katwíran siláng magingát; at, at, at, ¿kung sila nǵa nama'y barilin? Hindi ba't ikaw rin ang may sabing karapatan nǵ isang tao ang itaguyod ang saríling búhay?"

—"Tunay nǵa pô, dapwa't ang taal na púsong laláki—ang púsong tinatangkilik nǵ karanǵálan—ang púsong nananálíg at umiiróg sa matwid—ang púsong napopoót sa mǵa hidwáng ásal, ay huling nagaala-ala sa kaniyang sarili, nililimot ang halagá nǵ saríling buhay at iniibig pang ito'y maparoól maipagtanggól lámang ang katwíran nǵ isang kapwáng nilulúpig!"

—"Ha?"—ang pútol ni Kápítang Memò,—"*di yata't pipilítin mo siláng magpakamatáy, mailigtás lang ang búhay nǵ iba?*"

—"Ang lahat pô, G. Presidente, ay dapat panǵahasán kapag kailánǵan."

—"*Kaululán!*" ang sigáw nǵ pinunò na muling tumunǵó, nagsalikod kamay at nagyao't dito—"Ang mǵa ulol na nagsasawa sa búhay ang tanǵi lang makasusunód sa mǵa áral na iyán! Ang mǵa pulís ko ay hindi mǵa ulól! Kung kayâ sila nanǵagsiúrong na gaya nǵ sabi mo ay hindi sapagka't sila'y mǵa duwag, kundi sapagka't sila'y nátutong gumamit nǵ ulo, natutong gumamit nǵ *sentido común*. Alám nilá ang halagá nǵ búhay; silá ay mǵa *padres de familia*; may mǵa anak, asáwa, magulang na sa kaniláng-kanilá lang umaása; bakin kayâ at hihinting sila'y magpatiwakál?"— at dito'y hinaráp na naman ang binatà.—"*Bakit sasawiín ang búhay nilá sa walang katuturán? At ang kaniláng mǵa magulang, mǵa asawa, mǵa anak? Mapapantayán mo ba ang luhà at dalitang sasapítin nǵ mǵa ulílang iyán?*"

[49]

—"*Kung sakáli man pò, G. Presidente,*"—ang banayad na sagót ni Gerardo—"sakáli man pò at sinápit silá nǵ pagkasawî, ang mǵa kamag-ának niláng maiíwan ay hindi dapat manghinayang ni dí dapat ipaghinagpís ang kaniláng kamatáyan, sapagka't kagáya nǵ mǵa tunay na laláki, sila'y nagpakamatáy sa pagtupád nǵ katungkúlan! Nábaon man ang mǵa katawán nilá sa ilalim nǵ lupà, ang kaniláng alaála ang kaniláng mǵa nǵálan, ang kaniláng kabayaníhan ay makikintál sa diwa't pusò nǵ kaniláng lahî upang kailan ma'y manariwà doón. Ang mǵa anak nila, ang kaniláng kaapú-apúhan, at lahat káming mǵa bagong síbol ay láging aawitin ang kadakilaan nǵ kaniláng gawâ, pipintuhúin námin at igagálang ang kaniláng alaála, at sisikapíng tuláran ang inihásik niláng halimbawà. Ang Ináng Báyan, ang pinakaiírog na Ináng Báyan ay yayaápin ang kaniláng mǵa bangkáy, hahandugán silá nǵ matatamis niyang halík, at pagkatápos na maisúlat ang sagísag na "*Mártir*" sa kaniláng mǵa nóo, ay ituturò silá sa boóng Sangsinúkob, kasabáy ang sábing: —"*Ang mǵa anak ko ay mǵa bayani nǵ Matwíd!*"—May kamatáyan pô bang diya'y dadakilà pa?"

[50]

—"*Pshé!*"—ang íngos nǵ presidente;—"*que bayani ni que* buláti ... *que bayani* nǵ matwíd!—Bayani nǵ kaululán!" At pagkatápos na makámut ang úlo ay nagpatúloy: —"*Nǵuni't... pero* ikaw ba namán ay walá nang kaisip-ísip, at di mo makúrong ang pinagsasabí mong iyán ay pulós na kahibanǵán? Sino bagá ang iyóng mapaniniwalá na... Jesús Maria y José!—ako lang ay pinagtatawá mo! Diyáta't ako'y magpapakamatáy mailigtás ko lang ang isa kong alílà, ang isang íta, ang isang insík? Diyata?"

"Laking kabulastugán!... Ha, ha, ha!"...

—"*Ang isá pong magliligtas*"—ani Gerardo—"ay hindi sinisíno ang sinasaklolóhang napapanǵánib hindi inuúsisa kung ang ililigtas niya ay kamag-anak, kaúri ó hindi, hindi siya tumitinǵín sa kúluy nǵ balát; ang kinukurò niyá ay kung *nararapat* na iligtás ang napapanǵánib: alalaóng bagá'y kung ito'y kinakandilì nǵ katwíran".

[51]

Mulíng napahalakhák si Kápítang Memò; ang pagkapoèt niya kay Gerardo at pagkatigagál sa mǵa pinagsasabí nito ay nagtatálo sa kanyáng loób.—Iilíng-iling na sumagót:

—"*Mǵa halíng na pag-iisip! mǵa halíng!*... Palibhása't ikaw'y bátà pa, ay hindi mo

kinukurò ang iyong pinagsasabi.”

Napanġitì si Gerardo; muntì na siyáng mapa-Ehem!

—“*Pero...* Ibig mo baġáng ipakíta ko sa iyó ang kaululán nġ iyóng teoria?”—ang dagdág nġ Kápitan na nġayo’y nagbóses-parè.

—“Ipagkákapuri ko pô, kung inyóng mamarapátin.”

—“*Bueno!*”.....

Si Kápítang Memò ay nagsindí muna nġ isáng tabáko, bago nagpatúloy:

—“Makiníg ka:

“Sa kaníno mang táong may gadáling noó ang sariling búhay ay siyáng lálong pinakámahalagá, siyáng pinakamámahal niyá higit sa alín mang bágay at sa kaníno man.

“Ito’y isang katotohánang di mo mapupuwíng sa áking haráp; ako’y matandâ na,... at kilalâ ko ang lákad nġ mundó.

“At sa katunayan nġ aking sinábi ay náriyán ang líbolibong táong napa-aalípin úpang magkaróon lang nġ maipagtatawid buhay; nariyán ang dáan-dáang babáe sa Maynilâ na ipinag-bíbili sa bálana ang kaniláng mġa katawán at púri úpang magkaróon lang nġ maikabubúhay! Nariyán ang mġa táong taga-labás na nanghahárang at pumapatáy nġ kapwà úpang magkaróon lang nġ ikabubúhay! Ano pa’t laháat ay ginagawâ upang mabúhay lang! Samakatwid, laháat ay búhay at búhay ang hánap!

“Nġayon”—at dito’y ipinaglakásan ang salitâ—“Nġayón, anó iyáng katunggakang ipinipilit mo na katungkúlan nġ isáng táo na sagipín ang napapanġanib kahi’t na masawí ang kanyáng búhay? Diyáta’t laháat na’y ginagawâ úpang lumawig lang ang búhay at saká nġayo’y ipanġanġalandákan mo na di kailanġang mamatáy mailigtás lang ang iba?

“Anó ang iyóng mapapalâ sa pagliligtás na iyán?—Aakyât ka ba nġ lánġit?

“Oh, áking tinatawánan ang mġa isipáng iyán na walâng kaúlo-úlo!

“Isipin mo na lang ang nangyari sa iyo kanína. Magtandâ ka at madalâ ka na sa napalâ mong iyan sa panghihimások sa di mo dápat panghimasúkan. Mabúting mabúti na lang at sa bisig ka tinamâan nġ bála... at kung sa tiyán?... maráhil kung nagkataón, ha! ha! ha! ay inaagunyás ka na nġayón!”

Napanġitì si Gerardo nġ isang malungkot na nġitì. Pagkaráan nġ ilang sandalí ay banáyad na sumagót:

“Kung akó man pô ay nagkaduróg-duróg, ang gayón ay waláng kailanġan sa ákin! Hihimláy ako sa libínġan nġ walâng pagsisísi, kakaulayáwin ko roón ang tanġi kong Ligáya—ang ligáyang pilit na sasaákin sapagka’t ako’y namatáy sa pagtupád nġ aking katungkúlan, sapagka’t ako’y namatáy sa pagpupunyagíng igálang ang watawat nġ wagás at katutúbong Matwid! Sa gayón ay di na akó masisísi nġ áking Bayan!” ...

—“Puff! Mġa panġárap!” ang sabád ni Kápítang Memò, at muling kinamot ang kanyáng tuktók—“mġa malíng panġárap! Oh! hanggáng saán nakikilálalang ikáw ay bátâ pa nġa lang! Hanggáng saán mo ipinakikíta na walâ kang kamuwâng muwâng sa pamumúhay!... Anó iyáng ligáyang sinasábi mo? Búnġa nġ kahibanġan! Ibig mo bang iturò ko sa iyó ang túnay na ligáya—ang ligáyang dápat mong sikápin?”

Itinaás nġ nanġanġáral ang kaliwâ niyang kamay, pinag-abót ang mġa dúlo nġ hintuturò at nġ hinlalakí, at saka nagpatúloy:

“Ang salapí!! Ang salapí! Kapag ang tao ay mayroong salapi, sa kanya ay walang hindi maaari!

“Sa pamamagítan niyán, at niyán lang, makakaránas ka nġ tunay na ligáya; iyán lang ang makapagbibigáy sa iyó nġ kariwasáan sa pamumúhay... Kaya nġâ, wika ko sa iyo, ay huwág mong sayánġin ang iyóng búhay sa mġa hibáng na panġárap. Samantalahín mo ang panahóng itinadhanâ nġ Diyós para sa iyó dito sa mundó. Hábang ikáw ay nabubúhay, *pues* mágpasasà ka sa tamís nġ búhay. Iyáng biyayang sinasábi mo na dadatíng sa iyo pag ikaw ay nalilibíng na, ay hindi mo maaasáhan... Mabúti na lang kung ikáw ay papasukín sa pintô nġ lánġit, at kung hindi?, at kung doon sa isang pintô ka mapasuot?... Ha! ha! ha!”

—“Hindi pô ako dapat magtakhá, G. Presidente”—ang saló nġ binata—“hindi pô ako dapat magtakhá sa mġa sinasabi ninyo. Ang mġa ganyáng paghahakáng bulok

ay palásak na palásak pa ngâ dito sa atin.

“Pára sa mġa gaya ninyó, ang búhay nġ táo ay dápat gúgulin sa loób nġ isáng palasyong gintó, sa láot nġ kariwasáan at lubós na ginháwa.

“Pára sa inyó, ang láyong dápat sikápin nġ lahat ay ang makapagtayô nġ mġa kamáliq nġ salapî.

“Ang salapî, sa mġa gáya ninyó, ay katumbás nġ láhat; salapî ang una, at salapî ang katapustapúsán; kung walâng salapî ay walâng ligáya.

“Pára sa inyó, ang táo ay dapat tumalíkod sa láhat, dápat isatábi ang mġa katungkúlan, isalímot ang pag-íbig sa báyan, lámì, matwíd, at karangálan, kung ito ay kakailanġanin upang lumági sa pagkamasalapî”.

[55]

—“Talaga!”—ang sabád ni Kápítang Memò.

—“Ako pô”—ang patuloy ni Gerardo—“ay may ibang paghahakà ukol sa halagá nġ buhay—paghahakang di ko ikamamanghá kung sakali ma’t inyong tawanan. Sa akin pô, ang buhay na araw at gabi ay ibinababad sa pulot nġ kaginhawahan—ang buhay na walang pinipintuhò kundi ang Diyos Salapî—ang buhay na walang hanap kundí ang kagalinġan nġ sarili, ay isang buhay na mababà, walang halagá, karumaldumal!”....

Tumalikod ang presidente sa binatà at animo’y di nadidinig ang sinasabi nito. Si Gerardo ay nagpatuloy:

“Ang buhay pô kung ibig magkahalagá, ay kailanġang ilaan at gugulin sa isang adhikang mataas, sa isang láyong maranġal... Ang yaman na kinahahalinġán nġ boóng Sangdaigdig hálos ay hindí makapagpapadakilà sa búhay nġ táo: maaari siyáng magpaginháwa, magdulot nġ kasaganáan sa lahat nġ bágay; dápwa’t hindí kasaganáan, hindí kaginhawahan ang naghahatíd sa táo sa pagkadakilà.

“Ang karunúnġan man, líban na lang kung siya’y ginugúgol sa ikagagalíng nġ báyan, lámì, Sangsinúkob, ay di ko rin masasábing sapát na makapagpadakilà sa búhay.....

[56]

“Ang táo pô, G. Presidente, ay kailanġang gumawâ pára sa lahat; kailanġang magbatá nġ susón-susóng pagtitiis, dúsa, pighatî, para sa lahat; kailanġang sumagupà sa libo-libo mang kamatáyan pára sa lahat; kailanġang siya’y maging isáng taga-hasík nġ kalayàan, taga-tagúyod sa danġál nġ tinubúang lupà, taga-kandilì sa púri nġ matwíd na malímit lupígin.....

“Kapág ang isáng táo ay nakasunód sa mġa ganyáng katungkúlan, mayáman man ó mahírap, marúnong man ó hindí, siya ay may karapatán nang ipagmalakí ang saríling búhay, at humimláy sa píling nġ mġa lálong dakilàng kalulwá sa boong Sangsinúkob!”

Hindi na nakasagót si Kápítang Memò noong sandaling iyón ay siyáng pagpasok nġ tunay na hukóm nġ bayán.

Ito ang sa wakás ay sumuri sa naaantalang usapín at pagkatapos na mádinig ang mġa panġanġatwíran nġ báwa’t isa ay inilagdá ang kanyáng maayos na hátol.

Si Stag ay nagkamít nġ mabigát na parúsa: multá at bilanggò.

Dapwa’t, anó pang parusa!

Maánong napanindig ang balahibo ni Stag!

[57]

Papaanó’y mayroón siyang isang kristo-kristuhang inaasahan!

Si Kápítang Memò ang nanagót sa multá.

At sa bilanggò?

Aywan pa natin.....

[Nilálamán]

## VIII

### Kilabútan kayóng Lahat!

Pagkaráan n̄ dalawáng áraw, ang isang malagánap na páhayagáng pilipino ay kinábasáhan n̄ m̄ga ganitóng balitá:

“MGA PUNONG MAKIKISIG

“Isang amerikanong nagn̄an̄gálang John Stag na nabilanggò sa báyan n̄ Libis, ay nakatákas noóng gabí n̄ ika 7 n̄ kasalukúyan. Hanggá n̄gayon ay di pa naaaláman kung saan nagtatagò ang umalpás.

“Hindí lang itó ang nangyayári sa Libís. Ang báyang iyán ay isá pa mandin sa m̄ga matitibay na kutá at matalinghágang púgad n̄ Bisyo sa Pilipinas. Nagkakatusak doon ang nagkikisígang m̄ga sabun̄gán. Sa báwa’t súlok, magíng áraw at magíng gabí, ay may mónte, túpada, hweteng at kung anóano pang m̄ga laróng báwal.

[58]

“Ang mainam nitó, ay kundí pa dumayo dóon ang m̄ga sekretang-Maynilà, ang m̄ga iya’y di matututóp!

“At ang maginoong Presidente? at ang m̄ga pulés?

“Nan̄gaghilíkan bang lahat.”

Ang balítang tumutukoy sa pagtataanán ni Stag ay inámin ni Kápítang Memò; n̄guni’t lubhàng malakí ang pagkapoót niyá sa tumutúkoy sa sugál at sápong. Ito’y kanyang tinutulang mahigpít kahimá’t di nalilihis sa katotohánan; datapwa’t tútol bibíg lamang naman, pagtutol na kung kayâ lang ganapin ay pag násasa haráp n̄ matitinong tao...

Talagáng gayón si Kápítang Memò.

Kaaway kunwâ n̄ bisyo, dapwa’t siya ang nagpalagò sa kanyang bayan n̄ sugal at sabong—iyang m̄ga laróng walang tumatangkilik kundi ang lahat n̄ m̄ga tamad, ang lahat nang ibig mabuhay nang nakan̄an̄gá, ang m̄ga nanghihináyang na gamítin ang útak, magpatulò n̄ páwis at batákin ang butó, ang m̄ga ulól at m̄ga duwág na natatákot yumápak sa m̄ga baitang n̄ hagdánang matarík na patún̄gò sa karan̄gálan at katinuán n̄ táo sa pamumúhay...

N̄guni’t hindí ang mahálal na pagkagúmang sa m̄ga hilig na iyang karápatdápat pakásumpâin, ang siyang tan̄ging maibabalitá n̄ m̄ga páhayagan tungkól sa báyan n̄ Libis. Mayroón pang ibá na lalong mahalagá.

[59]

Kung suriing mabúti ang pamunúan ni Kápítang Memò, ay mapagkikitang ang m̄ga pan̄gáko nitó sa bayan, m̄ga pan̄gákong sagana sa hán̄gin at pulótpukyutan, ay untiunting nan̄gaunsiyamì. Ang m̄ga tungkúling mabibigát na ikinápit sa kanyá n̄ kautusán ay main̄gat na iniwásan hanggáng maaári. Kung alin yaong kanyang napagtutubúan n̄ walang págod, kung alin ang di nararápat gawín ay siyang pinag-ubusan n̄ kaya.

Sa maiksing sábi, ang pamahaláang umiral ay isáng pamahaláang kailán ma’y hindí nakasunód sa tunay na niloloób n̄ bayan, sa itinatadhanà n̄ m̄ga utos-pamahaláang waláng nakapangyári kundi ang isáng Kápítang Memò.

Na ito’y di maaari sapagka’t may Konsého Munisipal? Kabulaánan!

Túnay n̄gâ na ang konsého, sa pagkakinatawán niya n̄ bayan, ay di nararápat bumálak ó umáyon sa alin mang bálak na salun̄gát sa ikagiginháwa n̄ m̄ga māmamayán; na ang m̄ga konsehal ay kailán̄gang magpakatalíno, mamuhúnan n̄ sipag at pagiin̄gat sa paglikhá n̄ m̄ga kautusán; na sila’y dápat gumálang, sumunód at ipagmalasákit ang m̄ga damdamin at náis n̄ báyang sa kanila’y naghalál. Tunay ang lahat n̄ iyán dapwa’t sa kasaliwâang palad ay di siyang nangyari. Sa loob n̄ konsého sa Libis ay dádaladalawá ang m̄ga konsehal na natutong gumámit n̄ talíno, dádaladalawá ang nagkaloób na tumútol, at kailan ma’y di napatan̄gáy sa m̄ga lisyá’t walang wastóng panukala ni Kápítang Memò. Datapwa’t anó ang kaniláng magagawá sa sila’y dádaladalawá? ¿Paánong magkakabisà ang matwíd niláng pagtútol sa haráp n̄ ánim na kalábang bin̄gí sa sigáw n̄ Katwíran? Anim na konsehal na sunudsunúran saan man batákin ni Kápítang Memò; ánim na konsehal na tuwíng magpupúlong ay hari n̄ tamád sa pakikitunggalì sa m̄ga bagay na tumutúkoy sa báyan; anim na konsehal na kung kaya lamang gumising nang gising na gising ay kung ang pag-uusápa’y ang pagpapahintúlot sa malayang pagsambá kay “San Sabong” at “San Sugal”, n̄guni’t pag ibá nang bagay na may kahirápang suriin, ay daig pa ang ipinatdá ang m̄ga dilá sa n̄galan̄gála!

[60]

Iyán ang m̄ga táong may m̄ga matá ay di makakita, may m̄ga tayn̄ga ay di makadiníg. Kapag hiniñán n̄ pasiyá sa isang panukálang binálak ó inayunan ni Kápítang Memò, siláng lahat ay pawang m̄ga áyon; n̄guni’t hindi silá sangáyon kapag nákitang iilíng-ilíng ang kanilang pan̄ginóon, ang kanilang Diyos! Maánong magisip-isip; maánong harapín at kilalanin ang Matwíd!... Oh, alíping asal na ulirán sa kahaláyan! Oh, m̄ga táong waláng sariling damdámin! Salámat at ang

[61]

m̃ga konséhong gaya ñg inyóng kinaaníban ay ilán-ilán lamang. At kung hindi, anóng talas na sandátang makakalaság ñg m̃ga káaway ñg Pagsasarilíng pinakamimithi ñg Báyan!

Malinaw ñgang lumálabas na dahil sa pagkauring busábos ñg konsého ay patúloy pa rin si Kápítang Memò sa kanyáng ugáling paghaharihan; na dahil din diya’y ang bawa’t ibígin niyá, matwid ó baluktot, ay siyáng nangyári.

Dapwa’t salámat at sa mabúting kapaláran ay di na ang lahat doo’y natutúlog, gaya ñg panahóng nagdaan; hindi na ñgayón ang lahat ay kampon nila “Talagá ñg Diyos;” hindi na ñgayón pawang pipi ang madlá.

Sa bayang iyon ay mayroón nang naglitaw na ilang káwal ñg Bágong Panahon. Si Gerardo ay isa sa kanila. Sa haráp nang gayong pagdáya ñg isáng pinunò sa kanyang m̃ga nasasakóp, ay siya ang kaunáunahang gumamit ñg karapatan; sa kanya unang nádinig ang makapangyarihang sigáw ñg katwírang niyuyurákan. Si Gerardo ay di nagalinlánġan munti man. Sa isang malaking papúlóng ñg kanyáng m̃ga kapanálig ay maáyos na tinuligsá ang kabulukán ñg pamunúan. Bumanggit siyá ñg m̃ga nangyári, inihayág ang m̃ga tiwalíng gawâ ni Kapítang Memò, ang m̃ga palákad nito na pawàng salunġát sa m̃ga kautusán. Ipinakilala niya sa madlá ang túnay na Kápítang Memò, isinalaysáy ang boóng kabuháyan nito, na pinagarálang maíngat ni Gerardo mulá sa punò hanggáng dulo. Inalaráwan niyá ang pagkawaláng-káya, ang pagkatamad, ang pagkawaláng-malasákit sa pinamumunúan, ang pagka-di-dapat na mamunò, ang pagkamagnanákaw, ang pagkamámamátay—ano pa’t sa minsáng sabi, ang boóng lihim at túnay na kataúhan ni Kápítang Memò, na, sapagka’t natutong magbalat kayò, ay nanġinġibabaw ñgayón sa kanilang lahat.

[62]

Upang mapatunáyan ang lahat ñg ito, si Gerardo ay nagharáp sa papúlóng na iyón ñg maráming saksí. Natatanġi sa m̃ga itó ang isang babáeng may ápat na púng taón na maráhil. Dukhâng-dukhâ ang kanyang pananamit na bukód sa nanglilimahid na, ay punít punít pa. Sa haráp ñg m̃ga táong doo’y natitípon, ay isinalaysay ñg babáeng ito ang napakalungkót niyáng kabuháyan.

“Bihirà sa inyó”—anyá—“ang di nakakakilála sa ákin. Dapwa’t lahat kayó ay pawàng di nakababatid sa napakaabáng pálad na ikinapadpád ko sa ganitóng kalagáyan.

[63]

“Akó’y inaanák sa isáng malayong bayan—doón sa gitná ñg lalawígang Tarlák. Ang áking m̃ga magúlang ay m̃ga táong payapa’t mararanġál.

“Mayayáman silá, dapwa’t noong nanġabubúhay, ay m̃ga kaibigang tapát ñg báyang maralitá.

“Walâ pa akóng sampúng taón nang ako’y maulila sa iná. Palibhasa’t nanġamatáy ang lahat ñg áking kapatíd, nagtamasá ako ñg boong láyaw at kasaganáan sa piling ni amá.

“Hindi namán ako pánġit noóng m̃ga áraw na iyón, kayá’t sabihin pa ba, hindi kakauntí ang m̃ga binátang nagnasang maglingkód sa ákin.

“Dumatíng ang sandalí na ako’y natúlong umíbig.

“Dapwa’t jay! Pagkatápos na áking maihandóg ang iisa kong pag-irog sa náhirang ni Bathalang panġinoónin niyaring pusò, pagkatápos na áking maasámasám ang ligayang pílit kong lalasapín sa kanyáng kandúnġan, ay saka ako sinikíl ñg pagkálupítlupít kong kapaláran!.....

“Isáng háting gabí, noong panahón ñg paghihimagsik, ako ay nágulangtáng sa áking pagtúlog. Sa m̃ga únang sandalí, áking hininalang yaon marahil ay banġúnġot lang. Nġuni’t ġsa aba ko! Nang mamúlat ang áking m̃ga matá, nang luminaw ang áking pag-iisip, ay napagmalas kong yao’y di pala banġúnġot kundí isang túnay na kataksilán!... Isang lílo, isang tampalásan, isang púsong háyop, ang noo’y pumipígil sa sawíng pálad kong katawan sa pagkagupíling! Ako’y mahinà at siyá ay malakás! Tinawágan ko ang Diyos; dapwa’t ang Diyós na iyón ay di ako dininig! Ang Diyos na iyón ay di tumúlong! Ako’y nasawî! ġNadunġisan ang áking puri! Ang háyop ay nagtagumpáy!.....

[64]

“Nagbanġon akó at hinánap ang áking magulang. Pinások ko ang kanyáng silíd. Dapwa’t joh! ġMahabagíng Lanġit! Ang áking pinakairog na amá, ang pinagkakuutánġan ko niring buhay, ang tanġi kong kasákasáma araw at gabí, ay naroon sa kanyáng hígaan, nakababád sa dugò, putól ang úlo!

“Ako’y nálugmok at nawalán ñg diwà.

“Nang másauli ang áking pagkatáo, ako’y nasa saloob ñg ibáng bahay.

“Yaon ang tahanan n̄g tampalasang sumukáb sa aming mag-amá. Ibig kong tumákas, dapwa’t ako’y nakúkulong. Ibig kong magpatiwakál dapwa’t may nakabantay sa akin áraw at gabi. Anó ang minarapat kong gawín?... Ang Diyós ay di ko na tinawágan! Hindí ko na siya hiningán n̄g abuloy!... Ako’y nádala na!... Walá akong túlong na inaasáhan noón kundí ang kabayanihan n̄g kasumpàan ko sa pag-irog. Dapwa’t jay! si Fidél na aking minahál higit sa buhay, ay hindi ko na nákitang hanggáng sa sandalíng ito! Siyá man yata’y tinikís na ang magwaláng bahalà sa aking pagtánġis! Siyá man yata’y nawalán din n̄g habág sa mapait na pagdadalamhati niyaring kálulwa!...

[65]

“Sa haráp n̄g m̄ga ganitóng kalagáyan anó pa ang sa áki’y nalalabing gawin? Walá nang iba kundí ang makibágay sa áking pálad. Yaring pusò ay dahandáhang tumigás, untíuntíng nasabík sa kaputíkan, untíuntíng natútong umíbig sa isáng lilo, sa pumatáy sa ákin ding amá!

“Malaon din na kami’y nagsáma n̄g tampalásan.

“Datapwa’t pagkatápos na masalantâ niya ang áking katawán, pagkatápos na mabusog sa akin ang kanyáng kahayúpan, pagkatápos na makapagpasasà sa aking lamán, ang ganid na iyon ay di na nakitunġo sa akin; ginútom na ako, ipinagbilí ang mahuhúsay kong damit, binawì ang m̄ga aláhas na bigay niyá sa akin, at di nagkásiya sa ganitó, akó’y ipinagtulákan sa kusinà n̄g báhay upang doon gumawâ, doon kumain, at matúlog sa ibabaw n̄g m̄ga panggátong na kahoy, kahalubilo n̄g m̄ga pusa’t áso! Sa minsán sabi, ginawâ akong isang alípin, isang busabos!

[66]

“Ganitó ang áking lagáy n̄g kami ay málipat sa báyang ito.

“Pagdatíng na pagdatíng namin, ako’y sinumbatán n̄g tampalásan kong panġinóon. Ipapapatáy daw niyá ako kapag di ko ininġatan ang líhim n̄g pagkasawì naming mag-amá.

“Sapagka’t púsong-babáe, ako’y malaong nadalá n̄g tákot at kahinàan: ininġatan ko n̄gâ ang lihim.

“Dapwa’t n̄gayón, n̄gayón ay sumápit na ang sandalí na sa láot n̄g aking pagkaabâ ay di na akó napanġinġilábot n̄g kamatáyan; ang kahinàan ay walâ na sa ákin!... Tuparín kung ibig n̄g panġinóon ko ang kanyang sumbát!... Ang kanyáng líhim ay nasisiwalat na!...

“Nġuni’t, bágo ko wakasán ang áking salitâ, ay ipahintulot na aking maitanóng:

“Alám ba ninyó, m̄ga táong báyan, alam ba ninyó kung sino ang napakabúti kong panġinóong iyan, kung sino ang tumaksíl sa kaawà-awà kong magúlang, nagnákaw sa puri ko’t danġál at nagbulíd sa akin sa bangín n̄g pagkabusábos?

“¡¡Kilabútan kayóng lahat, oh m̄ga taong waláng málay!!... ”

[67]

“Siyá ay yaong sa inyó n̄gayo’y namumunò ang pinagkatiwaláan ninyo n̄g m̄ga kautusán, danġál at kabuháyan n̄g isang bayan!!...”

Ang m̄ga pinagtahî-tahî at pinagarálang kabulaánan, ay madalíng makikilala n̄g isang maálam magmasíd. Nġuni’t sa kabuhayang isinalaysáy n̄g babáeng iyón, ay waláng nakádama nang kahi’t gabáhid na kasinunġalinġan.

Bawa’t anyô n̄g kanyáng mukhâ, bawa’t galáw n̄g m̄ga matá, bawa’t salitâ n̄g maáyos niyang salaysáy, ay isang taták n̄g katotohánan, isang matibay na panghikayat sa lálong di mapaniwalaing kálulwa.

Kaya’t napanġilabot n̄gâ n̄g babáeng iyón ang madlâng sa kanya’y nakikinig!...

Nang sa wakás ay imungkáhi ni Gerardo ang paghinġi kay Kápítang Memò na magbitiw n̄g tungkól, lahat n̄g nanġaróon ay kumatig sa kanya; lahat, hanggáng ang m̄ga dating kapanalig ni Kápítang Memò, ay naniwalang sila’y nálinlang. Gayón na lang ang kanilang pagsisisí!

[68]

## IX

[Nilálamán]

### Kay Samáng Pagkakátaon!

Nang matápos ang papúlóng, si Gerardo ay nilapítan n̄g isang pulís.

—“Ipinatatáwag pô kayó nǵ presidente”.

—“Saan siya nároon?”

—“Sa báhay-pamunúan pô”.

Noon di’y lumákad si Gerardo. Dinatnáng bukás ang tanggápan ni Kápítang Memò, kaya’t agád siyang pumások. Masiglang binati ang dinatnan:

—“Magandáng araw pô!”

Ang binati ay walang itinugón kundî isang tinǵíng nagbabága sa poot.

—“Ginoó, ako nǵa pô ba’y inyong ipinasusundô?”—ang pabulalás na tanong nǵ binatà.

Bigláng nagtindíg ang mabanǵís na Kápitan at nang másulyapan ang nakangangáng pintô, ay nilapítan ito at inalápat sa pamamagitan nǵ isang síkad. Kumalabóg ang pintô na ikinabuláhaw nǵ boong báhay. Pagkatápos ay sinúgod si Gerardo at nagnǵinǵitnǵit na tumanóng:

—“Anó ang sumúot sa walang hiyâ mong úlo at nakaisip kang gumawâ nǵ ganitong kaululán?”

[69]

—“Kaululán? Anó pong kaululán?... Aling gawâ ko ang inyóng tinutúko?”

Tumalikod si Kápítang Memò at pagkatápos na maibalabág sa sahiǵ ang tanǵang aklát ay iinǵos-inǵos na sumagot:

—“Pshe! Magmámaangmaánǵan ka pa!”

—“Kápítang Memò,”—ang paklí ng binatà—“dí ko kayo maunawàan. Ang tinutúko ba ninyó ay ang pagmumungkáhi ko sa áking mǵa kapanálig na kayó’y pagbitiwín nǵ tungkól sapagka’t di kayó tumutupád sa mǵa itinatadhanà nǵ mǵa kautusang isinumpâ ninyóng tutuparin? Kung iyán ang tinatáwag ninyóng kaululán, kayó po’y namamalí!”

—“At anó ang mayroon sa iyó kung di ko man tinútupad ang aking sumpâ? Sino ka bang makikialám sa akin? Bákit mo imumungkahing alisán ako nǵ tungkól?”

—“Ah, sapagká’t kayó ay di nararápat mamunò!”—ang maliksíng tugón nǵ binatà na ikinasúgod muli sa kanyá ni Kápítang Memò.

Ang dágok na iyón ay lubhâng malakás.

—“Nápakalabis kang totóo!”—ang nǵitnǵit nǵ nandididilát—“walâ ka nang kagálanggálang sa iyóng kaúsap! Nawalán ka na ba nǵ pag-iisip at nalimutan mo na kung sino akó, akó na iyóng kaharáp?”

—“Hindí pô akó nakalilímot: kayó po’y isang hámak na táong gaya ko rin, na sa kasamáang palad nǵ bayang itó, ay náhalal na magpunò sa kanyá.”

[70]

—“Ah!” ang sambót ni Kápítang Memò—“kinikilála mo palá akóng pinunóng ínahalál, ay bákit at ganyán kung ikaw’y manǵusap sa áking haráp? Bakít áyaw mo akóng igálang?”

—“Sapagka pô’t hindí kailánǵan!”

—“Hindí kailánǵan? Hindí kailánǵang igálang mo akó, akó na iyóng pinunò? Nauulól ka na ba?”

—“Námamali pô kayó”—ang tugon ni Gerardo—“ang isáng pinunò na dumadayà sa kanyáng bayan sa pamamagítan nǵ mǵa panǵakong di tinutupad, nagaákay sa mǵa nasasakop sa mahahálay na hílig at ásal—ang isáng pinunò na kinatátatakán sa nóo nǵ taták nǵ mǵa magnanákaw at mamamátay nǵ kapwà—ang pinúnong ganyán ay hindí dapat kaalang-alanǵanan nǵ mǵa táong matitinô!”

—“Waláng hiyâ!... At ang mǵa bintáng bang iyán ang ipararátang mo sa ákin? At ang isáng musmós na gáya mo ang manǵanǵahás?”

—“Oo pô, akó!”

—“Diyáta’t ikaw ang manǵanǵahás? ikaw? ikaw? ikaw?”

Nilundág ni Kápítang Memò ang isáng talibóng na nakasabit sa dingdíng.

[71]

Sa sumunód na sandalí, nang silá ay nagkakasunggában na, ay siyáng pagbuká nǵ pintóng nakalapat. Sumunǵaw ang isang kalbóng tuktók, isang mukhâng nagkakangnǵinǵiwì, at isáng tiyáng matabâ.

Si Kápitang Memò ay párang tinamáan n̄ kulóg, kundí man parang isáng batà na nakakita n̄ nunò....

N̄guni't, sino ang *nunòng* ito?

¿Sino ang naghihintáy?... Siya ang mapaglalagál sa *automobil*, ang mapagamá-amáhan, ang kataástaásang punò sa Sangkapulúan, na kung bakit sa kanyáng pagdálaw kay Kápitang Memò, ay tinaón yátang talagá ang pangyayáring iyón!

Si Gerardo ay nasugátan na namán.

Si Kápitang Memò, ay animo'y *kinakalambre*. Papaáno ang pakikiharáp niyáng gagawin sa kanyáng punò? Kay laki n̄â namáng kahihíyan nitó!

Isáng mahigpít na paguúsig n̄ Gobernador ang sumunód. Inahayág sa kanyá ni Gerardo ang hanġad n̄ báyan na pinagkáisahán sa papúlóng na idináos sa umága n̄ araw na iyón.

Noón di'y nátiwalag sa katungkúlan si Kápitang Memò. Walâng imík na tinanggáp niyá ang gayóng pagkápahámak sa matá n̄ madlá; dapwa't oh! ang kanyáng póot!....

[72]

Siya'y umuwí na anaki'y isáng ulól. Ang kanyáng báhay, at báwa't sanġá, báwa't dáhon, báwa't bunġa n̄ kanyáng mġa haláman, wári baga'y ipinagsisigáwan sa kanyá ang mġa salitáng "MAGHIGANTI KA, O KUN HINDI, IKAW AY DUWAG!"....

[73]

## X

[Nilálamán]

## Si Elíng

Itó ang n̄galan n̄ dalágang anak ni Julio. Magíng sa gandá, at magíng sa katalinuhan man, si Elíng ay hindi maitatánġing lubós sa mġa bulaklák n̄ kanyáng bayán.

Ang hiwágà, ang líhim n̄ kanyáng pagkamapanghalína n̄—kanyáng makapangyarihang pagkamapanghalína—ay di nátin masusumpunġán sa dilág n̄ mukhâ, ni sa ningníng n̄ kanyáng útak, hindi.

Ang hiwágà at lihim na iyón, upáng madamá, ay kailánġang makipagkilála kay Elíng; kailánġang kaulayáwin siyá nang maláon; kailánġang táwagan ang kanyáng pusò; tarukín ang pagkamababà, ang pagkamasunúrin, ang pagkagintò n̄ kanyáng loób; kailánġang titíngan ang mġa títig ni Elíng, ang mġa títig niyáng nagpapakilála sa isáng kalulwáng malambíng at mapanġambáhin, isáng kalulwáng masintáhin at mahabagín, isáng kalulwáng puspós n̄ línis, n̄ gandá at kahinhinán.

Náriyan ang líhim, ang hiwagàng bumibílot sa kataúhan ni Elíng. Náriyan ang talàng náikikintál sa maalindóg niyáng noó. Náriyan ang kayamánang maipagmámalakí n̄ kanyáng kadukhân.

[74]

Si Elíng, mulá sa pagkabatà, ay mahiligín sa pagaáral. Marúnong n̄ kastilà, gayón din n̄ ingglés. Isang taón na siyá'y nagtirá sa *Colegio de Sta. Isabel*, at dalawáng taón namán sa *Dormitory School*. Dító sa hulí, siya ay nag-áral n̄ *Nursing*, ang mahúsay at tumpák na pagaalága sa may sakit. Panggagáling sa *Dormitory*, siyá'y tumirá sa *Hospital de San Pablo* upang isagawâ doon ang kanyáng napagarálan. May iláng buwan din ang kanyáng nagúgol sa pagsasánay na ito, sa píling n̄ mġa amerikánang *enfermera*.

N̄guni't hwág isiksík sa guniguní n̄ bumabása ang hinalà, na, sapagka't naturang taga *dormitory*, at sapagka't maláong nákahalubílo n̄ mġa amerikana, si Elíng marahil ay pinanáwan na n̄ mġa katutúbong kilos, at mġa katutúbong ugali sa pananamít at pakikipagkápwà.

Hindi gumawí nang ganyán ang binibining itó; hindi siya pumapára sa mġa nagsalasalambáy diyáng *miss*, na di na nanġíming ipailalim ang pagka-pilipína sa kanilang *pagaaméamerikanahan* di lang sa gayák, di lang sa kilos, kundí ang lalong kasákitsákit at kahinhináyang ay patí ang *budhi*, ang *kalulwa't* mġa *paghakaka* ay pinipilit na igáya't ipabusabos sa mġa dayuhang iyán.... na siyáng nagnákaw sa kalayáan n̄ kaniláng báyan at untí-untíng humihigpít sa tanikaláng

[75]

madalí ó malaon ay siyáng ikabubulusók n̄ Kapilipinuhan sa ban̄ín n̄ pagka-aba!...

Nasusuklám si Elíng sa m̄ga bágay na ito, kaya't mahigpít na iniingátan ang pagkapilipína. Tandâ n̄ pag-iingáat niyang iyan at paglayò niya sa m̄ga ugaling dáyo, ang kanyáng madalás na dí pagpanáog sa kaniláng tindáhan, kapag ang dumudulóg doon ay m̄ga amerikánong magagaslâw. Ugali ito ni Elíng, hindî sapagka't binubulag siya n̄ "*prejuicio de raza*" (alalaong bágay ang pagtingin sa kúlay n̄ balát at di sa kataúhan n̄ isang táo,) kundî sapagka't ang kanyáng kahihinán ay hindî makababatáng malásin ang magagaspáng at mahahálay na kilos na karaniwáng gawiin dito n̄ di iilang amerikáno.

Si Elíng n̄ga ay hindî kapára n̄ m̄ga ibang dalaginding diyán, na, pagkagát na nang dilím, ay nagpupuláhan n̄ damít sa loob n̄ kanikaniláng kantina, nagkakapálan n̄ palábok sa mukhâ, nagdadamihan at nagpapalalúan n̄ uri n̄ m̄ga *mister* na sa kanila'y nakaliligid, na anáki'y m̄ga ásong kakáwkáw-káwkáw, aamóy amóy at didilà-dilà....

[76]

Si Elíng ay poót na poót sa m̄ga asal na iyáng lubhâ n̄ga namáng nakaririmárim. Minsan siyáng man̄ging sa gálit at minsáng mápaiyak sa habág sa m̄ga kadalága niyang halíng na halíng sa ganganyáng gawâ, na kadalasán at sa tuwirang sabi, ay lumalabás na isáng malinaw na pagtitindá n̄ dan̄gál at púri!

Magsábi, kung hindî, iyáng m̄ga kinasasadlakán n̄gayón n̄ pulà n̄ bálana.

Magsábi, iyáng m̄ga nakátikim n̄ buhay-kantinéra sa áting m̄ga bayánbayán.

Ilán na sa kanilá, ang úpang mapawili lang sa tindahan ang isáng amerikánong manglalásing, ay tutulútan nang sila'y kutyâ-kutyâin nitó sa likód n̄ m̄ga salitang "*Sweetheart, give me a kiss!*"?

Ilán na sa kanilá ang natulúyan na n̄gang mahagkán n̄ m̄ga lan̄gó?

Ilán na sa kanilá ang n̄gayo'y kinikilabútan sa hiyâ sa ibang táo, sapagka't sa ganitó ó gayóng gabí, silá ay náyapus n̄ m̄ga ganitó ó gayóng négro?

At humahanggá ba rito ang m̄ga nangyayári?

Bakit at may m̄ga kantinera diyang n̄gayo'y *kaabra-abrasete* ó kaya'y kalúlan sa bagól n̄ m̄ga itim? Maaáring, sapagka't narahiyò sa pilak n̄ m̄ga ito; dapwa't kadalasá'y sapagka't sa ganito ó gayong pagkakátaon sa loob n̄ kantina, ay may isang *milagrong* nangyari!...

[77]

M̄ga sawíng pálad!...

May katwirang lumuhà ang isang Elíng dahil sa inyó!

## XI

[Nilálamán]

### “Anó sabi iyón eh?”

Si Gerardo ay hindî santó. Anák din siya ni Eva't ni Adán na kapwà makasalánan.

Totóo n̄ga na, para kay Gerardo, Báyan ang una at Báyan ang hulí; na, ang pagkamakabáyan, hindî sa salita kundî sa gawâ, ay siyang damdaming pinakamahalagá at nan̄gan̄gaibábaw sa boò niyang kataúhan. Totóo rin namán na walâ siyang pinakamamahál na pan̄garap mulá sa pagkabatà kundî ang maihandóg ang iisa niyang pusò sa dámbanà n̄ kanyáng lahi.

Dapwa't hindî dahil sa lahát nang itó, ay walâ nang maiisip si Gerardo sa boò niyang búhay kundî "*bayan.*" Maminsánminsán din namang masubukan niya ang kanyang sarili na nan̄gan̄garap hindî sa kandún̄gan n̄ báyan, kundî sa kandun̄gan niyang m̄ga anáki'y tálàng nagantiantilaw sa lán̄git n̄ Pilipinas... Katakátaká kayâ na ang Gerardong iyan ay maakit sa ban̄góng humáhalimúyak n̄ isáng sampagitang nananariwà na gáya ni Elíng?

[78]

Oh, si Elíng!

Sa kanyáng hárap si Gerardo ay nagíging makátà, nagíging man̄gan̄garap, at magiliwin sa m̄ga bulaklák, paró-paró, tala, bituin...

Ang mabaít niyang pusò sa haráp ni Elíng ay kung bákit nagíging manunuksó; ang

mğa payapa't maaamò niyang sulyáp ay kung bákit nagiging malilikot at mğa magnanakaw!...

Silang dalawá ay malaon nang magkaibígan. Hábang lumaláon ang kanilang pagkikilála, ay lalo at lalong nasasabík si Gerardo sa pagmalas sa dilág ni Elíng, sa pagdiníg sa mğa mahihiwagà't matatamis niyang salitâ, sa pagpúkaw sa mğa ngingting mangbibihag nğ binibining yaon na ipinaglihí yata sa dako pa roon nğ hinhín ni María Clara...

Nğuni't hanggán diyán lang si Gerardo.

Hinahanğaan niya ang ganda ni Elíng, dapwa't di pa sumasambá.

Siya lang ay natutuwâ, naiigayang malásin ang himalâng yaon nğ Kalikasán.

---

Noong mangyari ang sigalót sa bahay-pamunuan, si Elíng ay nakaupô at nanánahí nğ isang panyô sa loob nğ kanyáng tindáhan. Ang mukhá niyang kaáya-áya, ay minsáng magningning sa lugód, at minsáng manğulimlím sa panglaw. Bakit? Ang kanyáng paninğin ay láging nakapakò sa malayò, bihirang mátigil sa tinatahí. Báwa't táong magdáan ay kinikilalang mabúti malayò pa.

[79]

Si Elíng ay may ináantabayánan; hinihintáy niya ang pagdáan sa kanyáng tapát noong mainit sa sínag nğ Bagong Araw na kabatang-batà pa ay bayani na. Para kay Elíng, ang binátang yaon na láging nahahandáng ipáram ang lahat maitaguyod lang ang dinuduháging Matwíd, ang binátang yaon na nagsanggálang sa danğál ni Julio na kanyáng amá, ay isa nang Krísto na dápat niyang igálang, mahalín, itánği, pagukúlan nğ báwa't paták nğ kanyáng pagíbig, at paghandugán nğ báwa't tibók nğ kanyáng pusò!

---

Hindí nainíp si Elíng sa pagaantáy kay Gerardo, na sínapantahà niyang sa paguwí mulá sa presidencia ay dadáan sa tapát nğ kanyáng tindáhan.

Malayo pa ay nakilála na nğ binibini ang magílas na tindíg nang líhim niyang kinakauláyaw sa kaibutúran nğ kanyáng pusò.

[80]

—“Elíng!”—ang pagdaka'y ibinati nğ binatà pagkalapít sa tindáhan.

—“Gerardo, halika sandalí!”

Si Gerardo'y lumapit at boong galak na kinamayan ang binibini na noo'y singpulá nğ *gumámeta*, aywán kung dáhil sa pagaálaalang siya'y lumábis sa kanyáng nápakalambíng na “Halíka!”

—“Ipagpatáwad mo, Elíng, ang pakikikamáy ko sa iyó nğ kaliwâ.”

—“Bákit? anóng mayroón ka sa iyóng kánan?”

Si Gerardo'y nagkúlay sagà.

Inakalà niya na isáng pagbubunyi sa sarlíli kung ipagtátapát ang tunay na dáhil; kaya't nğumiti na lang at nasiyahan sa isáng maráhang:—“Walá!”

—“O, ay bákit at may tálì?”

—“Walâng ano man; nákatag lang akó nğ putakté doon ah... sa púnong bayábas nina Tikikò.”

Si Elíng ay alanğáng mapanğitíng alanğáng magálit. Alam niya, gáya ng pagkaalam sa kanyáng A. B. K... na ang mğa salitâng iyon ay isang kimpál na kabulaánan. Hinagisan muna ang binatà nğ isang tinğin na wari'y nagsísisisigaw nğ “*Sinunğaling itó ah!*,” bágo sumagót:

[81]

—“Putakté? ay bákit at may dugô?”

Si Gerardo'y lálong namulá.

—“Diyatà, Gerardo,”—ang dugtong ni Elena—“diyatà namá't iyán lang ay ipagkákailà mo pa sa akin?... Sapagka ba namá't ang tumátanong ay...ah! siya nğa palá naman!... Isáng walâng kabuluháng gáya ko, ay di nğa nararapat...”

Ang binatang tigagál na tigagál sa mğa salitâ nğ kanyáng kaharáp, ay walâng naihumá kundí isáng:—“Hindíng hindí, Elíng, oh, hindí nğâ!”

—“Súlong na, maaabála ka lang sa akin,”—ang patúloy nğ binibini na may

kahálong wari'y hinampó.

—“Patáwad, Elíng!... Binibirò lang kita.... Huwág mong damdamín ang áking pagkukúlang... at sasabíhin ko na sa iyóng lahat!”

Isang nǵitî, isang nǵiting malambíng na ‘kapilas nǵ lanǵit’ ang nagpahiwátig kay Gerardo na ang pinanǵambahán niyang nagtampó nǵang túnay, ay nagtamputampúhan palâ lang.

—“Anó iyon? Sabihin mo na.”

—“Isa lang muntíng súgat, Elíng.”

—“Na namán!”—ang may padaóp kamáy pang sagót nǵ dalága, na animo’y noon lang nabatíd ang nangyári kay Gerardo, gayóng sa katunáyan ay nagmamaángmaánǵan siya.

Pagdaka’y kumúha nǵ isáng palanggána, isáng boteng may lamáng gamot at saka isáng kahitang punò nǵ búlak at pangtali nǵ súgat.

[82]

—“Gerardo”—ang bigkás nǵ binibinì;—“nakatupad ka na nǵ iyong katungkúlan; bayaan mo namang tuparín ko ang ákin. Lilinin ko ang iyóng súgat.”

—“Oh Elíng! Kay gandá nǵ iyong loób!... Dápwa’t ikáw, mutyâ nǵ áking báyan, linisin ang súgat nǵ isáng abâng dukhá na gaya ko?...”

—“Kung anó-anó ang pinagsasabi nǵ Gerardong itó!”—ang tugón nǵ dalága pagkatapos na máhagisan ang kaúsap nǵ isang napakalagkit na títig.—“Tingnán ko nǵa ang iyóng kamay.”—At umakmang aabutin ang sugatáng kamay ni Gerardo na dalidali nitóng inaurong.

—“Huwag na, Elíng; maráming salamat.”

—“O tingnán mo siyá!”

—“Hindî nábabagay. Bayáan mo ná’t...”

—“Bayáang anó? hindi ba’t tuwî kang magtatalumpatî ay ipinanǵanǵaral mo na ang lahat nǵ táo ay dápat tumupád sa kanikaniláng katungkúlan? Hindî ba’t ito’y katungkúlan ko? Ako ba’y hindî táo sa iyo? Hindî ba....”

—“Súkat na, Elíng, súkat na; dapwa’t iyang mǵa sutlá mong dalirî ay di dapat marumhán nǵ....”

—“Diyatâ nama’t akó’y iyóng bibiguín?”

—“Oh! Hindî sa ibig kitáng biguín...”

[83]

—“Ah, ayóko nǵâ nang maraming salitâ. Ipalínis mo sa akin ang iyong súgat at tapús!”

Si Gerardo’y di na tumutol sa pagaala-álang baká ang ánghel na iyón ay magtampó na namán.

Samantálang hinuhugásan ng binibinì ang kamáy nǵ binatâ, itó nama’y walang tahán nǵ panunuksó:

—“Oh Elíng! Sa pinakamalálim kong mǵa panǵarap, sa pinakamalayang galáw nǵ aking gunitâ, kailán ma’y di ko nasumpunǵán ang anó mang pahiwátig na sa áraw na itó ay áking mapapaláran ang pagkakawang-gawâ niyang mǵa dalirî mong bawa’t isá ay katumbás nǵ boô kong buhay!”

—“Palalò!”

—“Elíng, kaúsap mo yaring pusò!”

—“Sinunǵáling!”

—“Elíng, dinggín mo ang isáng katotohánan!”

—“Anó iyón?”

—“Isáng damdamíng iniinǵat-inǵátan ko at maláon nǵ tinitimpî-timpî?”

—“Sabíhin mo kung anó.”

—“Huwág kang magagálit?”

—“Bakit kayâ akó magagálit?”

—“Tatanggapín mo?”

—“Anó sabi iyón eh?”

—“Ipanǵakò mo muna!”... [84]

—“Na anó?”

—“Na iyong tatanggapín!”

—“Kung hindi masamá’y... tatanggapín ko.”

—“Elíng, iniíbig kita!”

—“Ha?”—ang pamangháng saló nǵ angkán ni Venus.

—“Iniíbig kitá!”... [85]

—“Dáhan-dáhan, Gerardo! Ikáw ay magmunimuni.”

—“Walang kailánǵan, kita’y kilaláng malaon na... Ako rin nama’y kilalá mo: sumagot ka. Elíng, iniíbig mo ba akó?”

—“Ay! ang pusò ko, Gerardo, ay di na akin; kinusà ko siyang ihandóg sa dápat kong mahalín; lumingǵap sa ibá ay di na mangyayári!”

Ang binata’y sandalíng napípi. Kinintalán nǵ isang títig ang bitúing kauláyaw bago tumugón:—

—“Elíng, di ko mawatásan ang iyóng salitâ. Ibig mo bagáng sabihin na ako’y walâ nang pag-asa?”

—“.....”

—“Iyon ba ang kahulugan?”

—“Aywán ko.”

—“Aywán ko dáw!”

—“Abá!”

—“Wikà mo’y di na mangyayáring lumingǵap ka pa sa ibá? Anó ang kahulugán at kanǵino tumutúkoy ang *ibang* iyan? Sa ákin kayâ, Elíng?” [85]

—“Aywán ko!”

—“Si Elíng namán! Bákit mo kayâ pinamamáhay ang kalulwá ko sa panǵanǵambá?... Sagutin mo sana akó. Sa akin ba tumutúkoy?”

—“Hindî...”—ang wari’y walâ sa loob na sagót nǵ binibinì.

—“Oh, Elíng ko! At ang ibig mong sabihin ay di ka na makalilínǵap kanino pa man, líban sa ákin?”

Isáng busilak na lanǵit ang nabuksán kay Gerardo. Pagdaka’y hinawakan ang kamay ni Elena at inalapit sa lumulundag niyang pusò.

—“Abá! hindî!... aywán ko! hindî!... abá!”—ang sunod-sunod na pagbabanǵong-puri nǵ dalagang nagpúpumiglás.

—“Ah, Elíng! Huwág mo nang ikaít sa akin ang tibók niyang iyong pusò. Ipagtapát mo na! Hindî mo ba ako iniíbig, Elíng?”

Iláng sandalî na napipi ang binibinì. Walang maláang isagót. Kundanǵa’y napasukol siyâ kaagad! Gayón na lang ang kanyáng pagsisisi. Manǵanì-nǵaníng kagatin ang tuksóng dilâ na sa pamamagítan nǵ isang “Hindî”, ay isiniwálat ang boǵng líhim nǵ kanyáng pusò!

—“Elíng ko”,—ang mulíng samô nǵ binatâ. “Hindî mo ba ako iniíbig?” [86]

Kálulwá na ni Elíng ang tumugón:—

—“Oo, Gerardo, oo iniíbig kitá!!”

Panǵahas na laláki! Isáng matindíng halík at isang mahigpít na yákap ang pagdáka’y ninákaw sa bulaklák na yaon nǵ Kasilanǵanan.

Mabuti na lang at wala silang saksi!

Si Gerardo’y umuwí noon na taglay ang dalawâng pagwawagíng magkaibá nŕ urí: Tagumpay lában sa *kasikismo* nŕ isang pinunò at tagumpay lában sa pulutóng nŕ mŕa naggigilásang *kandidato* sa kamáy ni Elíng.

[87]

[Nilálamán]

## XII

### ...At ang Justicia?

Kulóng na kulóng sa kanyáng silíd.

Walâng humpáy nang kayayao’t dito. Nakayayaníg sa boóng báhay ang madadalás niyáng yabág na ipinagdiínan sa sahíg na tablá. Ang mŕa lagutók nŕ kanyáng mŕa *abellanang* sapátos na nanggigipalpál sa putik ay nakabubulahaw hanggang sa mŕa nagtutulúgang kápitbahay—hanggáng sa mŕa manók na namamahingá sa isáng púnong kamatsiléng nakatánod sa trangkahan. Ang mŕa bintí at bisig ay pára-parang naninigás; ang mŕa dalirí ay tikóm na tikóm, na animó’y may isang sasagupáing kalában. Minsán baltakín nang paibabâ ang *kamiseta* niyang putê na pigtà nŕ pawis; minsáng pag-itíngan nang higpit ang bigkís na nakakabít sa *pantalong kake* na dahandáhang dumádausdós sa kaluwánŕan nŕ baywang.

Walâng pumupúlas sa nakánŕiwí niyang mŕa labí kundi páwang pagnŕingitnŕit, pawang buntóng-hiningá, pawang mŕa “huhm! hm! huhm! hm!”

Walâng anó-anó’y lumapit sa isáng mésa at umupô; pinagábot ang mŕa kílay na pumapalamúti sa mŕa naglalalimang matá na nagpapahiwátig nŕ tatlóng gabíng di pagkatulóg; sinabunot ang mŕa mapuputê niyang buhók; tiningalâ ang isáng laráwang nakasábit sa dinding; kinagát ang labí, nagbuntóng-hiningá, sumuntók nŕ boóng diín, pumadyák, tumindíg at nagyáot dito na naman.

[88]

—“Hu hm! hm! hm!”—ang mulí niyang nŕitnŕit—“Papatayín ko! papatayín ko! hu! hm! hu! hm!... Noóng áraw, noóng áraw ¡hu hm!... akó ang hari sa báyang itó, óo hari! hari!... Sa áking haráp lahat ay nanunuyò, lahat ay lumuluhód, lahat ay “óo pô” sa ákin, walâng “hindí” ni “ayóko”! Noóng araw, ¡hu hm!... ako’y isáng *don*, isáng mahal na máginoo sa matá nŕ madlá... ¡hu hm! Lahat ay naniwalâ na ako’y mayáman sa lahat; na ang yáman ko ay áking nakamtán sa tulò nŕ sarili kong páwis! ¡hu hm!... Lahat ay naniwalâ na malinis yaring budhí ¡hu hm!...

“Ang mŕa lihim na pinakatagòtagò kong mahigpit, noon ay walâ kundi akóng akó lang ang nakababatíd! ¡Hu hm!...

“Nŕuni’t nŕayón! nŕayón! oh nŕayón! ¡hu hm!... Sa ákin, ay walâng di umiiring, walâng dí kumukutyâ, walang dí lumilibák, bawa’t matá ay násusuklám sa kataúhan ko, bawa’t dilâ ay ako ang isinusumpâ, bawa’t dalirí ay sa ákin nakaturò —sa akin na kung tawágin nŕayón ay di na “*ang kapitan*” “*ang presidente*,” kundi ang *magnanakaw*, ang *magdaraya*, ang *mámamátay*! ¡Hu hu! hu hm!... At bákit ako’y nagkaganitó nŕayón? Bakit ako nŕayo’y hámak na hámak, dustâng dustâ, mababang mababâ? Sino, sino ang gumanitó sa ákin?... ¡Hu hu! hm!

[89]

“Oh! Pagpápatayín ko ang mŕa iyán!...

“Oh Gerardo! Oh Rustica! Magsipagtagò na kayó, mŕa walánghiyâ!... Sáyang ang áking pagkamámamátay kapág kayó’y pinatáwad nŕ aking patalím! ¡Hu hm!!”

At lálong dinalasán ang hakbáng, lalong ipinagdiínan ang yabág. Walâng anó-anó’y bigláng tumígil.

—“Dapwa’t... ako’y pápatay?”—ang kanyang patuloy.—“Diyata’t pápatáy na namán akó?... Iba na nŕayón ang pamahalâan!... Hindi na itó panahón nŕ kastilà! Diyata’t pápatáy na namán ako?... At ang Justicia? ang Justicia?”—At muling nag yáo’t dito ang mistúlang ulól; at sa kátatanong nŕ “ang Justicia?” ay naala-ala tuloy ang pagtatálo nŕ isang huklubáng pederál at isang binatàng independista.

—“Justicia?”—anitóng huli sa pagtatalong nábanggit.—“Sa ating Bayan ay walâ pang Justicia! Ni noóng panahón nŕ kastilà, ni sa mŕa sandalíng itó ay walang taál at wagás na Justiciang umíral ó umiíral dito. Ang dito’y tinatawag na Justicia, ay Justiciang kábilanin: Ang isa niyang matá ay dilát, dapwa’t ang isa ay bulág. Yaong úna ay siyang ginagámit kapag ang dapat tangkilikin sa isang usapin ay amerikáno laban sa pilipino. Kapag ang dapat tangkilikin ay pilipino laban sa amerikáno, ang malimit hinŕan nŕ pasiyá ay ang matáng bulág!... Ayaw kayóng maniwalâ?... Ibig

[90]

ninyóng patunáyan ko ang pagkakábilanin n̄g tinatawag na Justicia n̄g kasalukúyang pamahalaan?... Náriyan ang huling pagkakabilanggô ni Dr. Gómez. Bákit siya hinatulang mabilibid?... Tanunġin ang Kagálanggalang na hukóm na humátol sa kanyá, at sari-saring kuskóbalúnġos ang imamatwid, dapwa't sumangguni kayo sa isáng malayang pagúisip na waláng kinikilingan, at inyóng mababatid na ang tunay at tánġing dahil n̄g pagkabilanggô ni Dr. Gómez, ay sapagka't si Dr. Gómez, *na isang pilipino*, ay iminungkahing magsiáklás ang mġa manggawà, *na mġa pilipino din*, sa isang Samahan n̄g mġa puhúnang *amerikano!*... Iyán ba ang tinatáwag na Justicia?...

"At *Justicia* bagá ang naguudyók sa pamahalaang iyán na kupkupín at panatilihin sa kanyáng tungkól ang isang "Ibong Mangdaragit," na upang láló't lálóng makapagsamantalá at magtubò sa kanyáng kapangyarihan, ay nanghihimások sa di dapat panghimasúkan, nagpapapasà nang lihim sa yáman n̄g may yáman at umaangkin sa arí n̄g may arí?..... Anóng *Justicia* iyán?"

[91]

"At anóng *Justicia* iyán na pumapatnúbay dito sa bawa't hakbáng n̄g pamunúang amerikáno?..... *Justicia* ba ang sakúpin ang áyaw pasakóp? ¿pagharián ang ayaw pahari kaníno pa man, tanġi na lang sa sariling loob?... *Justicia* ba ang di pagtupád n̄g pamahaláan sa kanyang panġakò sa pinamumunúan? Di ba't nanġakò ang pamahaláang iyán na palalayàin ang ating Bayan? Anó ang ginagawà niya nġayón? Ipinagbabáwal ang ating Bandilà; pinanánatili ang pagkakatanġitanġi; hinahámak ang pagkakapantáy pantáy n̄g amerikáno at pilipino; ipinagbabáwal sa kabatàan ang kumatig sa Pagsasarilí; tinatawánan, tinatáwag na ulól ang Báyang ito tuwing magbubukás n̄g dibdib, tuwing ipagtatapat ang kanyáng pinakadalísay na damdámin, ang wagás at katutubong pag-írog sa isáng malayang búhay—pag-irog na dí magmamáliw ni matitinag sa kanyang pusò, bumagsák man ang líbolílong unós at buhawi!....

"At humahanggá ba rito ang mġa matalinghágang panukalà na isinasagawà n̄g Pamunúang amerikáno sa Pilipinas?... At ang Bill Payne? Ang Bill Payne na madalí ó maláon, kapag nagkataón, ay magiging isa nang makapangyarihang utos na kailánġan yukúan at sundín n̄g Bayang Pilipino? Ah, ang Bill Payne! Iyan ang pinakátuso at pinakadakilà sa lahá't n̄g mġa binalak na kautusán n̄g Pamunúan! Tagláy n̄g Bill Payne ang dalawáng binhi: Búhay at kamandág!... Búhay para sa báyang namumunò, at kamandág sa báyang nasasakóp! Búhay sa mġa *trust*, sa mġa puhúnang amerikáno na dito'y magsisidagsà úpang sakmalín ang yáman n̄g ating lupà, hititín ang kahulihulíhang paták sa ating dugò hanggang waláng natitirá sa Báyan kundì ang kanyáng balát at mġa buto!... Kapág ang Báyan ay nagíng buto't balát na lang, kapag nabungkál na ang ating lupà, kapag natibág na ang ating mġa bundók, kapág walâ nang masasakmál at mahihitít, ay *saka*, SAKA, SAKA tayo íiwan n̄g mġa *Trust* na iyán, sakâ tayo bibigyán n̄g Pagsasarilí, sakâ ipagsisigáwan n̄g mġa angkan ni Taft na ang Báyang Pilipino ay HANDA, HANDANG HANDA NA SA KALAYAAN!!...

[92]

"Nġayón, sabihin sa ákin kun dito sa Pilipinas ay may *Justicia*! Iturò sa ákin kun saán naroon ang *Justiciang* iyán!"....

Humigít kumúlang ay ganitó ang mġa salitang umuukilkíl sa alaála n̄g waláng tígil n̄g kayayáo't dito at kátatanong n̄g "ang *Justicia*?"—Pederál man siyá, ay kun bákit nahihikáyat siyang paniwaláan ang mġa salitáng iyón n̄g isáng independista.

[93]

Sa di kawasa'y lumápit sa higáan, inabót sa karátig na lamensa ang isang bóteng kinadidikitan n̄g isang laráwan n̄g unggóy, at itinungġâ ang nanġanġalingásaw na lamán.

Tumikím muna n̄g makálimá na sinabayan n̄g limá ring tapík sa dibdib bágo náhigâ.

Aywan kung nátulog ó hindí.

Pagkaráan n̄g may kalahátig óras ay mulíng binuláhaw ang katahimikan n̄g kanyáng silid.

—"Ha! ha! ha!"—ang kanyáng halakhák na pairíng mulâ sa higàan.—"Ha! ha! ha! Nápatáy na kitá, Gerardo, nápatay na kitá! Ha! ha! ha! Si nasírang Gerardo ka na nġayón! Madalí ang umútang, mahírap ang magbáyad! ha! ha! ha! Sulong, takbó, humánap ka n̄g *Justicia*, súlong! Di akó natatákot sa *justiciang* bulág!...

"Ha, Stag? Handiyan ka na palâ. Tinamáan ka n̄g.... Anó ká? At bákit ka nagtatawá, ulól? Nasunód mo na ang ipinagagawà ko sa iyó? Nápatay mo na ba? Hindí? Sáyang ang salapí ko! Ulól ako't pinawalán pa kitá... Ha? At nápatay mo ba? Siya nġa ba? Saán mo inabútan ang walanghiyá't dalahirang babáe?... Mabúti, mabúti kang batá!... Ang kapupunán?... Huwág ka bang *apurádo*!...

[94]

"Juancho! Juancho! Gísing, gísing ka, tamád. Dilát ka na ba? Halíka rini't ikaw ay

makiníg... Susunód ka, ha?... Pag hindi, baság ang iyóng ulo; hále, lumukólukó ka!... Ikaw ay mang-aágaw ha? aagáwin mo ha?... Alám mo ba kun bakit?... kun bákit di ka maibig ni Elena?... Dáhil kay Gerardo! Si Gerardo’y pinatáy ko, ikáw ang umágaw sa kanyáng katipán?... Ha? at naágaw mo na ba?... Mabuti kang batà, ganyán ang laláki!

“Ha! ha! ha! Busóg na busóg ako...! Usigin, ipanǵáw, mamatáy, walâ na nǵayóng kailanǵan sa ákin! Ha! ha! ha! Ganáp na ganáp ang paghihiganti ko!...”

[95]

## XIII

[Nilálamán]

### Sa bahay ni Pepe

Utang sa síkap ni Gerardo at nǵ iláng kabinatà niyá, sa di kawasa’y nátatag sa Libis ang isáng kapisánan na pinamagatang “Dakilang Mithî.”

Kagáya nǵ lahat nǵ mǵa samaháng pilipino, ang “Dakilang Mithî” ay ulirán sa gílas at siglá *noóng kanyáng mǵa únang buwán*.

*Noóng mǵa únang buwán*, ang kapisanan ay makálawá sanglinggó kung magpúlong, at ang bilang nǵ mǵa nagsisidaló sa mǵa púlong na itó ay di lumiliít sa tatlongpû.

*Noóng mǵa únang buwán*, ang mǵa talumpati, pagtatálo at ang mǵa bálak na inihaharáp tuwing magpupúlong ay punóng-punò nǵ mahahalagáng láyon at madláng kaparaánang magagámit upang lalong mapalúsog at mapadakilà ang kapisánan. Náriyan ang pagtatayò nǵ isáng aklátan (biblioteca); náriyan ang pagbubukás nǵ isang paaralán sa gabí, na waláng úpa; náriyan ang pagpapalabás nǵ isáng paháyagang-linggúhan; náriyan ang pagdadáos nǵ mǵa papúlong; náriyan ang mǵa sári-sarìng *campaña* laban sa *Bisyo*—laban sa sugál at sápong—laban sa mǵa mahahálay at di wastóng kaugalian, hílig, atb.: at nariyan ang kung anó-anó pang matatáyog na panukalà.

[96]

Ang lahat nǵ kasiglaháng itó na napagmálas sa loób ng “Dakilang Mithî,” *noóng mǵa unang buwán* ay lubhâng ikinaaliw nǵ mǵa nagsipagtatág sa kapisánang iyon. Naákit siláng umasám-asám sa isáng maligáyang búkas at napanibúlos silá sa pagásang madalí ó maláon ay málalasáp nilá ang masasagánang búnǵa nǵ kaniláng mǵa pinuhúnang págod.

Dapwa’t jay! Katúlad nǵ isáng kimpal na kugon, na pag sinilabán ay minsan sikláb lang at walâ ná, ang kapisánang iyón nǵ mǵa náturang pag-ása ni Rizal (*pa naman!*), pagkaraán nǵ mǵa *únang buwan*, pagkatápos na makapagdáos nǵ iláng sayáwang malalaki, nang isasagawâ na ang mǵa panukalang binalangkás nǵ boǵng sípag at talíno,—ang kapisánang iyón ay bigláng dinatalán sa noó nǵ karumaldúmal na kamandág nǵ panglalamíg, pagkahapò at pagwawalàng bahalà nǵ hálos lahat nǵ mǵa kaánib!

Sinimulán ná ang isang búhay kapisánang kukutápkutáp, kagáya nǵ isang ílaw na nauubusan nǵ langís.

Anó mang pagsusumákit ang kalasagin nǵ Pánǵulo at Kalihim, ang bahay-kapisánan ay láging áalóg-alóg tuwing tatáwag nǵ púlong. Lahát ay nanǵanǵakóng dádaló, dápwa’t pagsápít nǵ oras ay pálad na pálad ná kung sumipót ang sampû.

[97]

—“Anó ang dápat gawin úpang maipon ang mǵa iyán?”—Itó ang pabuntóng-hininǵáng tanóng nǵ panǵulo nǵ kapisánan.

—“Upang maipon?”—ang sambót ni Gerardo na kanyáng kaharáp,—“kung úpang maipon lang ay may isang paráang madalí. Búkas pistá din lang ay ikálat nátin ang balità na sa kinágabihán ay magkákaroón sa inyó nǵ isang malaking sayáwang handóg sa Samahán. Anyayáhan ang mǵa kinalílituhan diyang binibini, ang lahat nǵ mǵa makikísig sumayáw, at maniwalà ka, katóto, na mamúmunô ang iyóng báhay... Pag handoón nǵ lahat ay paalisin ang orkésta at simulán ang púlong.”

At ganitó nǵa ang kaniláng ginawâ.

---

Madilímdilim pa kábukásan, ay sumabog na sa impápawíd ang balità na sa ika 7 oras nǵ gabí ay magdadáos sa báhay nina Pepe nǵ isang *marinǵal*, at *mahabang* sayáwan na handóg nǵ panǵulo sa *masisipag* na mǵa ginóo at binibining bumubuò

sa “Dakilang Mithî.”

Hindî nagkabalâ ang hulà ni Gerardo. Orasyón pa lang ay pulúpulutóng na ang mġa panaúhing nagsisiratíng. Ika 7 óras na ganáp ay natitipon doón ang ápatnapû sa limangpung kaárib sa “Dakilang Mithî.”

[98]

Lahát ay galák na galák lubhâ na ang mġa binatâ. Walang labi na di nakanġitî, walang matáng di nagniningning, walang kílos na mabágal. At sino nġâ namán ang di magágalák, alíng pusò ang di lálakasán nġ tibók, kanínong damdámin ang di mapupúkaw sa lílim nġ mapanghalina’t malalagkit na títig, at sa halík nġ bangóng núnukal sa mġa sutlâng talúlot nġ mġa gayóng “bulaklák nġ búhay” na doo’y naliligò sa mahínhing liwanag nġ mġa “*Reina de las luces*”? At sinong mahiligín sa sayaw ang makukuhang magtulug-tulugan, kanínong mġa páa ang mapapakalí sa gayóng idinulásdulas nġ sahíg na binudburán nġ pirápirásong *ballena*, sa inihabâ-haba’t inaluwang-lúwang nġ pagsásayawáng *salas* sa anyáya nġ malalambíng na tugtúging handóg nġ orkésta?

Iká 7:15 na nġ gabí, nġuni’t ang sayáwan ay di pa pinasísimulán. Hálos lahát ay iníp na iníp na. Dánġan lang at sila’y nadadaíg nġ hiyâ, marami na sanà ang nagúumikit noón sandalíng iyón, káhi’t na walang anyáya ó pahintúlot nġ may báhay.

[99]

Samantaláng naghihintáy ay makinig táyo sa mġa sáli-salitáan.

Sa isáng súlok nġ *salas*, ay nakaupóng magkakaráp ang dalawáng binibini na kung mámasdán ang kaniláng mġa mukhâ, ay mapaghuhúlong sila’y may isáng mahalagáng bagay na pinagúusapan.

—“Bákit, Pacita,”—ang bigkás nġ isa,—“bakit wikà mo’y di ka na makapagaáral?... Sáyang na sáyang pag nagkátaon!”

Si Pacita’y isang bulaklák na kabubuká pa lang. Lalabing-apat na taon ang kanyang gulang.

—“Walâ akong magagawâ, Elíng. Ang mġa tátay ang siyáng áyaw pumáyag na ako’y magpatúloy.”

—“Áyaw pumáyag?... Diyata’t áyaw pumáyag? At anó namán ang dahil?”

—“Ang sabi nila’y sapát na sapát na ang kauntî kong nátutuhan sa *Primary grade*; na ang isáng babáe raw ay di kailánġang mag-áral nang matagál, súkat na lang ang siya’y matutong sumúlat at bumása; walâ raw siyáng katungkúlan kundî ang maglínis, maghúsay at tumáo sa bahay; maglingkód sa kanyáng mġa magúlang at asáwa, at mag-alagà sa mġa anák kun sakali’t magkaroon.”

—“At pati ba namán ang mġa tátay mo, Pacita, ay napadádaig sa mġa ganyáng bulág na paniniwalà na dápat sumpain nġ lahat! Diyatâ namán at tayóng mġa bábae ay di kailánġang mag-áral nġ anomán máliban na lang sa pagsúlat at pagbása nġ kauntî? At ang karunúnġan sa isáng wastô at ġinháwang pamumúhay, ang mġa mararanġal at tumpak na paguugali, ang mġa katungkúlan natin sa Kapisanan, sa ating báyan, at sa Sangkataúhan—ang mġa bagay báng iyán ay pagpipikitán na natín nġ matá, di na natin paguukúlan nġ panahón?”

[100]

“Laking kamalían!

“Túnay nġâ na katungkúlan nġ isáng iná ang mag-álagà sa kanyáng mġa anák; datapwa’t ang pag-aalagà sa isáng anák ay di basta’t siya’y palakihin, padamitan, pakanin, iligtás sa mġa sakit, sundin ang bawa’t maibigan at palakasin ang kanyang katawán. Hindî, hindî humahangá riyán ang mġa katungkulan nġ iná sa anák. May ibá pa siyáng tungkúlin na lalong dakilâ!

“Italâ sa noo at pusò nġ anák, sa pamamagitan nġ halimbawâ, ang katotohánan na siyá ay táong malayâ, may púri, danġál at mġa karapatán; na walâ siyang Diyós ó panġinóon sa ibábaw nġ lupà kundî ang sariling Bayan, ang dakilang Matwíd, ang Katotohánan at ang Katungkúlan; na ang táo ay dapat múnang magpakamatáy bago siya manakáwan nġ kanyang kalayáan, bago madunġísan ang kanyáng danġál, bago siyá mahubdán nġ kanyáng mġa karapatán, bago umiwas sa isang katungkulan, bago mámalas na ang Bayan niya’y talúnan at abâ, bago makitang ang matwíd ay nilulúpig at binabaluktót ang katotohánan... Ikintál sa kanyang diwâ sa pamamagitan nġ halimbawâ, na ang panahon ay gintò, at dahil dito’y di dapat sayanġin sa mġa halíng na panġarap kundî gúgulin sa mġa bágay na pakikinabánġan niyá at nġ kanyáng mġa kapwâ; na ang táo ay di nilalang upang mabúhay at pagkatápos ay mamatay, tulad sa mġa gamógamó; kundî upang sa pamamagitan nġ kanyang lakás ay makatulong siyá, kahima’t gabuhanġin lang, sa lalóng ikasusúlong at ikadadakilâ nġ Sangkataúhan. Iyán at marami pang katulad

[101]

niyán, ang mabibigat na tungkulin n̄ iná sa anák. At n̄gayon ay aking itinátanong:  
¿Anó ang magagawâ n̄ isang ináng hanġál sa haráp n̄ m̄ga ganyáng katungkúlan?

“Sinasábing katungkúlan n̄ isang babáe ang maglingkód sa kanyáng m̄ga magúlang at kabyák n̄ dibdíb. Mabúti! N̄guni’t di masasábi na itó ang hanggán n̄ katungkúlan niyang paglilingkód. Bakit? Sapagká’t gaya rin n̄ m̄ga lalaki siya’y may isáng Inang Báyan na dapat niyang lingġapin.—May isang Lupàng sinilánġán, Lupà na kanyáng pinagkukúnan n̄ lahát n̄ ikabubúhay—Lupà na tinubuàn at kinalibinġán n̄ kanyang m̄ga nunò! Di kayâ marápat na ang Báyang iyán ay kanyá ring paglingkurán, at paka-ibiging higit sa sariling búhay, higit sa kanino man, higit sa kanyáng m̄ga magúlang, asáwa’t m̄ga anák?”

[102]

“Oh Pacita! marámi pa sa áting m̄ga matatandâ ang di nakababatíd sa di mapupuwíng na katotohánan na ang katubúsan n̄ Lahì ay nasasakamay din nátin na magiging m̄ga iná sa araw n̄ búkas!...”

May ilán pa sanàng paghahakà na inulat si Elena; dapwá’t sa lálapit noon sa dalawang magkaibigan ang isang binatà na nang masulyapán ni Elíng ay biglàng nagpapulá sa kanya nang gayon na lang at ikináputol tuloy n̄ salitaan nila ni Pacita.

Iwan nátin siláng tatló, at tayo’y makiníng sa bulúngbulúnġan sa kabiláng pánig n̄ salas. Pulos na laláki ang náhandoón. Pinagkákaliumpunán nilá ang isáng malápad na papel na nakapakò sa dindíng at kinatitítikan n̄ salitáng *programa*. Sa ibabâ nitó ay ipinaaalam na ang sayáwan ay bubuoín n̄ labingánim na *Waltz*, labindalawang *two-steps* at dalawang *rigodon*.

[103]

—“Ano’t may *rigodon* pa?”—ang payamót na tanóng n̄ isáng naka-*lana* sa kanyáng kálapit—“*Que torpe!* Anóng mahihitâ sa *rigodon*?... Walâ kundî... kamáy. Mapapágod ka n̄ walàng... saysáy. Nakaaaksáya n̄ panahón! Kalukúhan sa ákin iyán!”

—“Masamá namán ang walàng *rigodon*, katoto,”—ang sagót n̄ isáng naka-*ternong*-itím.—“At si Choy?”

—“*Que Choy ni que báchoy!*”—ang ánġil n̄ naka-*lana*, at hinagisan n̄ dalawang inġos ang isáng naka-*kakeng* kulot ang buhók na sa pagka’t lubhâng mahiluhín ay walàng ináabanġan sa alín mang sayawan kundî ang pasimuláng-tugtóg n̄ m̄ga *rigodon*. Itó ang si Choy na noo’y kasalukúyang nagpapantíng ang m̄ga tayġa, sapagka’t malayôlayô man siya’y kanyang nauliníngan ang salitaan n̄ dalawa. Manġanínġanínng sugurin ang naka-*lana* at sikanġan ang walàng pitagang bunġanġà nitó. At kamuntí na n̄gang manugod noon ang ating si Choy, kundî niya naala-alang gagawâ siya n̄ malakíng kahiyâhiyâ, at kundî niya nataunan ang isang malambíng na títig ni Mameng—títig na wari’y inahihímok sa kanya ang, “*Pacencia, Choy ko!*”...

—“*Pero, demonyo!*”—ang mulíng putók n̄ naka-*lana*—“Anó ang hinihintáy nitóng si Pepe?... Bakit áyaw pang simulán ang sayáwan, *diantre?*... Co—! naghihintay ang m̄ga *visita*,—pu—!”

[104]

—“Huwág kang mainip, katóto”—anáng naka-itím—“huwag kang mainip at sásapulan na raw!”

—“Sásapulan! *pero* kailán pa? *¡demonyo!*”

Isang binatà ang noón ay pumagitná sa karamíhan, at pagkatápos na makaupô ang lahat, ay bumigkás n̄ ganitó:—

[105]

## XIV

[Nilálamán]

### Ako’y Nanġanġamba!...

“M̄ga binibinì at ginoóng kaánib sa ‘Dakiláng Mithî’:—

“Kayóng lahát ay pumarito na tagláy sa pusò ang masaráp na pag-ása, na táyo’y uumagáhing pára-pára sa pagpapasà sa isáng malambíng na sáyawan. Hindí kayó mabibigô m̄ga ginóong magigítíng.

“Sáyawan at walâng ibá kundî sayáwan ang inyong ipinarito, kaya’t sáyawan at walâng ibá kundî sayawan ang dito’y áting pagdudumugan.

“Akin lang ipinagpapauna na ang sáyawang itó ay kakaibá sa lahat n̄g sáyawan na inyóng alám. Wiká n̄gâ’y, bágong *sistema*; mapapálad kayo sapagka’t kayó ang unang makakákilala sa kanya!

“Sapagká n̄gâ’t bágo, ay kailánġang siya’y ating ipaaninaw mabúti. Sa sayáwan pong itó, m̄ga ginoó at binibini, ay hindi m̄ga páa, kamáy at baywang ang magsisiindák. Ang dito po’y magpapakitáan n̄g gílas at kisig, ay ang m̄ga dilà’t n̄galá-n̄galá; kaya’t sayawan n̄g m̄ga dilà’t n̄galá-n̄galá ang sa n̄gayóng gabí ay siyáng yáyanig sa báhay n̄g ating panġulo!”

[106]

—“*Nilint... na!!*”—anáng naka-itim.

—“*Pero que bruto*”—ang tugon namán n̄g galít sa *rigodon*.

—“Batid ninyóng lahat m̄ga binibini at ginóo,”—ang patúloy ni Gerardo—“na dito sa ating báyan ay may isang kapisanang di pa nalaláon ay ítinayô n̄g kabatáan. Batid din ninyóng lahat na sa m̄ga sandalíng itó ang kapisánang iyán ay kasalukúyang naghihilik sa lálím n̄g pagkahimbing.

“Ang di na yatà makasanglibong pagtawag n̄g púlóng na laging nabibigô, ay labis na nag-uulat sa katotohanang itó. Ang pagkakabitin sa impapawíd n̄g lahat n̄g m̄ga panukalang inaharap at pinag túbay sa lóob n̄g kapisanan, ang pagkabisigô n̄g aklatang itatatag, ang pagkabisigô n̄g páhayagáng palálabasin, ang pagkabisigô n̄g m̄ga papúlóng, n̄g paaralán sa gabí, at n̄g m̄ga kung anó-anóng *campañá* na sagánà sa hanġin—ang lahat n̄g iyán m̄ga binibini at ginóo, ay isa pang di mapupuwíng na saksí n̄g pagkaúring mantikang-tulóg n̄g ating Kapisánang kagúlatgúlat noóng kanyáng m̄ga únang áraw!

“Sa gitná n̄g ganitóng kalagáyang dápat ikahiyâ n̄g kabatáang Libís, síno ang áting dápat sisíhin?”

“Ang m̄ga nanġunġulo sa kapisánan?”

[107]

“Akó na maláon nang nagmamasíd sa ginagawâ niláng pagtupád sa kanikaniláng tungkúlin, ay waláng úlikúlik na makakapagsábi na ang m̄ga ginóong iyán ay nagawâ ná ang lahat n̄g abót n̄g kaniláng káya.

“Ipinatútúpad n̄g panġulo sa áting m̄ga kaanib, ang palatuntúnan at m̄ga alituntúnin, dápwa’t áyayaw táyong magsisunód! Kaniláng iminumungkahí na isagawâ ang m̄ga panukala’t bátas na pinagkayarian nátin, dápwa’t áyayaw tayong magsikilos!

“Tumatáwag ang kalihim n̄g púlóng áraw-áraw halos dápwa’t áyayaw táyong magsidaló!

“Mahúsay na hinihinġi n̄g Inġat-yáman ang ambag sa bawa’t buwan n̄g bawa’t isa, n̄guni’t átin siyáng pinagtátaguan!

“Síno n̄gayón ang dápat managót sa pagkadiwarà n̄g kapisánang itó?”

“Síno ang dápat lagpakán n̄g ating pagsisisi kundî táyo rin—táyo na bubuô n̄g isang kautusán at pagkatápos ay táyo rin ang sa kanya’y susúay?”

“Síno ang dápat nating sumpâin kundî ang átin ding m̄ga katawán—Táyo, na lilikhâ n̄g isang matáyog na panukalâ para sa ikabubuti n̄g bayan at pagkatápos kapag isasagawâ ná, ay tayo rin ang kaunaunahang malululâ, ang kaunaunahang uurong?”

[108]

“Síno ang dapat managót sa lahat n̄g itó, m̄ga ginóo, kundî tayo rin—táyo na kadalasa’y dahil lang sa kaunting sakít n̄g ulo, ó kaya’y n̄g n̄gipin, ó dúlo n̄g kukó; dahil lang sa kaunting ulán, sa kaunting ínit n̄g áraw, sa kaunting antók, sa kaunting layò n̄g pagpúpulunġan, sa pagkawalâng mákasáma, ó sa pagkawalâng *mabuntutan*—dáhil na dáhil lang diya’y di na táyo magsisidaló sa púlóng?...  
; Samantalàng kápag isáng sáyawan ang atíng dádayúhin, ay sumasagasà táyo sa unós at buháwi, nawawalâ ang sakít n̄g ulo, napapawì ang antók, di iniindá ang ínit n̄g áraw ni sinusukat ang layò n̄g pagdaraan!!

“Sino ang dápat kilabútan sa hiyâ kundî táyo rin na kung makaísip mang dumaló sa púlóng, ay panayon na lang m̄ga hulí—panayón na lang animo’y m̄ga kúhol?—Táyo na munting maantig ang bulsá, munting mahinġan n̄g maipagtatawid búhay ang kapisánan, ay magpápakalayô-layô na di na maáapúhap kahi’t na nakakayanan ang halagáng hinihinġi? ; Samantalàng kápag ang isáng sáyawan ang paguukúlan, ay malúwag na malúwag at galák na galák táyong nagkakaloób n̄g píso, píso’t isang salapì, at kung minsan pa’y hanggang dalawá!!

“¡Ah, m̃ga kabábayan!... Kung ang m̃ga katotohanang itó na sakdál ñg papaít ay nakasusúgat sa inyóng m̃ga damdámin, ako’y di nagsisisi! ¡Tinutupád ko ang áking katungkúlan!

[109]

“Karápatdápat at kailánḡang mabatíd nating laháat ang hubád at wagás na katotohánan, na, ang kabatáan sa bayang itó ay kúlang pa ñg lakás, kulang pa ñg tyagâ, pagtitiis, at siglâng walâng máliw! Walâ pa ditong tunay na kalakasan ñg loob na kinakailanḡan upang maisagawâ ang isang adhikâng mataas!

“Ah, Kabatáan, Kabatáan! Kay lakás mong manḡárap, dapwa’t kay dalí mong masawan, kay dalíng manglumó ñg iyong pusò, kay dalí kang panghináan ñg túhod!...

“Iyán ba ang kabatáang pinanḡapanḡárap ñg Dakilàng Rizal?

“Iyán ba ang kabatáang inaasahang tútubós sa Báyang itó na nḡayo’y nábibinḡit sa banḡin ñg kamatáyan?

“Iyán ba ang *m̃ga kawal ñg tagumpay Bukas?*

“¡Ah, Kabatáan! kung ang m̃ga malilít na kapisanan ay di mo mapagtiyagaang buháyin, papaáno kayâng pagbúhay ang iyong gágawin sa isâng Bayang malayà?

“Kaunti pang paghuhunosdili, kaunti pang paglinḡap sa danḡal ñg katungkulan! Kauntí pang pag aáalaála sa kinábukasan!

“Samantálang ikáw, Kabataan ay walâng hanap kundí sayá at ligaya, samantálang di ka natutúotong umibig sa walâng likát na pagpapágod, pagbabatà ñg hirap, at pagsusunóg ñg kilay; samantalang, di ka natutúotong tumalikod sa mapanghalinang kawáy ñg m̃ga bulaklák, sa matatamis na awit ñg m̃ga *sirena*, úpang makatupád sa isâng katungkúlan; samantalang ikáw ay nabúbuhay sa himpapawíd ñg m̃ga panḡárap at di sa párang ñg paggawâ; samantalang ikaw ay walâng loob na íukol sa sarili mong bayan ang bawa’t galaw ñg iyong isip, bawa’t tibók ñg pusò, bawa’t sandalí ñg iyong panahón, bawa’t paták ñg iyong dugô; samantalang nananatili ka sa m̃ga ganyáng kalagáyan, ikáw, kabataan, ikaw ay di dapat tawaging PAG-ASA ñg tinubuan mong lupa; ang dápat itáwag sa iyó ay HAMPAS ñg Diyós sa iyóng Lahì!”

[110]

Pinútol dito ni Gerardo ang kanyáng talumpati. Dátí-dátí tuwí siyáng magsasalitâ nang hayág, ay di maúbos-úbos ang papuri sa kanyá ñg madlá; nḡuni’t nḡayón, maánong nagtamó siyá nang kahi’t gaputók na palakpák!

Sa m̃ga binatà marámi ang sa kanya’y nḡunḡusò-nḡusò at íirap-irap; may iláng dadábog-dábog at búbulong-bulóng.

Si Choy ay tuwâng-tuwâ nang maalámang di mátutulóy ang ipinanḡakong sayáwan. Kamuntí na siyáng makalápit sa naka-*lana* upang ito’y mábigyan ñg isâng mabining “Hiilatt!” Ang mukhâ ñg naka-*lana* ay di maipintá noón. Hindi nagkásiya sa isinimásimánḡot at ipinisépshe. Sa huling bahági ñg talumpati ni Gerardo ay walâng ibinubugá ang nagkakangnḡinḡiwi niyang m̃ga labì, kungdí payak na:

[111]

—“*Suplado!* Hambug! Hi...! Palalò! Yabang!... Para ka riyang isang lélong na nanḡanḡaral sa amin ah! Cu...!”

Pabulóng kun bigkasín ang m̃ga salitáng itó, na anopa’t walâng nakáririníg kundí yaong m̃ga malalapit sa kanyá!

Hindí lang ang bibig ng naka-*lana* ang nanḡunḡusap: ang m̃ga matá niya ay may lalong mahalagáng bágay na inihahayág. Ang m̃ga namumutèng matáng iyón kun titígan si Gerardo nang siya’y nagsasalitâ ay parang tumitítig sa isang nag-papaálam na bibitayin, kundí man sa isang kabaong na, sa isang tigmak na sa dugô!

Ang naka-*lana* ay si Juancho!—si Juanchong masidhing kaaway ni Gerardo sa lahat ñg bagay; ang nabigóng *kandidato* sa kamay ni Elena, ang bunsong kapatid ni Kápítang Memò na kanyang kinasapakat sa madugô niyang paghihiganti kay Gerardo!—paghihigantíng gáganapin nilá sa gabí ding iyón!....

Nang matápos ang talumpati ni Gerardo, ang panḡulo namán ñg “Dakilang Mithí” ang pumagitná. Siyá ay isâng táo na di-masalitâ; at kung magsalitâ man siyá ay banayad, parang tinitimbáng ang m̃ga sinasábi; hindi siyá gumagámit ñg m̃ga salitáng labis at di kailanḡan; walâng bulá-bulaklák, walâng pahá-pahánḡin, gaya ñg daan-daan diyang m̃ga mananalumpati na tuwing magsasalitâ ay walang nagagawâ kundí lunurin sa hánḡin ang sa kanila’y nakíkinig. Ang panḡulo ñg “Dakilang Mithí” (kun ibig ñg bumábasa na siya’y lalong mákilala) ay isang nagaaral ñg *Derecho* sa isang bantóg na paaralán sa Maynilà; ilang taón na lang at

[112]

siya'y títupad na sa dakilang tungkuling pagtatanggól sa kápwa.—“Hindí bagay sa iyó ang mag-*abogado*, Abraham!”—ang láging iginigiit sa kanyá n̄ m̄ga kaibigan —“Ang dapat mag-*abogado* ay yaóng m̄ga táong *masalita*, hindí ang m̄ga *walang kibó* na gaya mo!” Labis na batid ni Abraham ang kaululan at kahanḡalang isinisiwálat n̄ m̄ga gayóng panḡunḡusap; kaya't lalò niyang tinikís. Samantalang hinihigpitán ang kapit niyá sa pagaaral n̄ *Derecho* ay lalóng pinag-ibáyo niya ang pagtitipid n̄ salitâ. Sa paninikis na ito ni Abraham, ay ibig mandín niyang ipamatâ sa m̄ga bulág na pag-iísip n̄ kanyáng m̄ga kakilála na upang maging isáng mapagwagíng *abogado* ay di kailanḡan na magíng isang *daldalero*!... Kay rumami n̄gâ namán ang nagkakamalí sa bahaging ito n̄ Karunúnḡan, ang akalà nila'y sa pamamagitan n̄ isáng bunḡanḡang walang tahán n̄ kábubugá, ay mapasusukò n̄ isang *abogado*, sa alin mang usapin, ang kanyáng kalában; at ang isang táong *bunḡanḡero* ay pílit na magíng isang maningning na *abogado*.

[113]

Kung gayo'y dapat manding imungkahì sa pamahaláan, na magtatág n̄ isang *Escuela de Derecho* sa loób n̄ *Hospicio de San Jose* para sa m̄ga nakukulóng doón, na kahi't nagiisa ay... ¡usáp pa rin n̄ usáp!...

Oh, magsipagtahan kayó m̄ga úlong marurupok!

Hindí pa ninyó batíd yaong m̄ga palásak na kasabihang: “*Ang pantas ay walang kibó*” alalaong baga'y hindí *daldalero* ni *daldalera*. (*He who is wise, keeps still.*) (*Hombre de poco habla mucho piensa.*) At, “*ang salita ay PILAK* (¡n̄gunì't!) *ang pananahimik ay GINTO!*” (*Speech is SILVER, silence is GOLD!*)

Hindí pa rin ninyó batid ang m̄ga katotohánang sumusunód:

1.—Na, upang maging pantás sa alin mang hánapbuhay, maging sa pag-aabogado at maging sa pag-memedico, atb., ay dalawáng bagay ang kailanḡan: Una, *Magmasid*; ikalawa, *Kumuro*. Nḡayon, ako'y nagtatanóng, sino ang lalong malínaw *magmasid* at *kumuro*: ang isang waláng humpay n̄ *katututtutut*, ó ang isang tahímik na nakikiníg at umiisip, maínḡat na tumítinḡin at tumitimbang sa bawa't tamaan n̄ matá?

[114]

2.—Ang *abogado*, ó sino mang táong di masalitâ, tanḡi na lang ang m̄ga mangmang, ay may panahon upang pagarálan at lubáhing mabúti sa kanyáng ulo, ang isang pagkukurò, bago ihayág; nakapipilì siyá n̄ m̄ga salitang angkóp at matitibay; napipilì niyá ang lalong matibay na paglalahad sa ibig sabihin. Ano ang ibinubunḡa? Kaliwanagan! Lakas! Ang kaliwanagan n̄ panḡunḡusap ay kapangyarihan sa isang pagtatalo!

Samantalang sa kabilang dáko, ang isáng waláng pahinḡa n̄ daldál, tanḡi pa sa nakayáyamót at nakaaaksayá n̄ panahón (hindí lang n̄ kanyáng panahon kundí patí n̄ panahón n̄ kausap) ay di nagagáwing timbanḡin at kuruñg mabuti ang isáng bágay bago ihayág; di napipilì ang m̄ga salitang dapat gamítin; waláng mahúsay at makatwirang pagkakasunódsunód ang kanyáng isinásalaysáy; nálahalók ang m̄ga bágay na waláng kabuluhán at di kailánḡan, at kun minsan pa'y sa kadalasan n̄ salitâ ay di naiísip ni naalaman ang m̄ga pinagsasabí! Anó ang napapala? Kahinàan! Kagusután! Kalabuan!

[115]

At ang isang *abogadong* mahinang manḡatwíran, magusút kung umisip at malábong manḡúsap ay isáng *abogadong* ... ¡kahabág-habág!

3.—Ang m̄ga *abogado* na kapag nagtatanggól sa isáng paglilitis, ay walang nalálakasán kundí payák na pahánḡin at daldal, m̄ga paikot-ikot at waláng kataturáng panḡunḡusap, ay paraparang kinasusunukán, kinarírimaríman at hindi pinagdídidiníg sa loób n̄ m̄ga hukúmang ináabot n̄ liwánag n̄ siglo XX... Ang tinatangkilik, ang kinasasabikán, ang dinídinig, ang kinikilinḡan, di man sinasadyâ, n̄ hiyáng ó *simpátia* n̄ isang taál at pantás na hukom, at yaóng *abogado* na di nagaaksáya n̄ salitâ, yaóng di nagsasalitâ kundi kailánḡan, yaóng maalam ihayág ang ibig sabihin sa úlan at piniling salitâ, yaóng malumánay, banáyad, dapwa't matibay at matalínong manḡanḡatwíran, yaóng bawa't bigkasín ay may kahulugán, bawa't isalaysáy ay malínaw at mahúsay—iyán ang túnay na *abogadong* dapat kilalánin n̄ lahat.

Dápwa't, giliw na bumabasa, tayo mandin ay lubhang napapakálulong sa pagkakalayo sa sinúlid n̄ ating kasaysayan. Tayo'y búmalik at pakinggan natin kung anó ang sásabihin n̄ panḡulo n̄ “Dakilang Mithí” sa kanyáng m̄ga kasamahán.

[116]

“M̄ga kasáma:

“Upang tayo'y magkatipon, at makapagdáos n̄ púlóng, ako'y náyang na kayo'y dayáin.

“Ang pagdadaya ay masamá.

“Nǵuni’t kung minsán ay kailanǵang gumawâ nǵ masamá upang matamó ang isang kabutihan.

“Kailanǵang barilín nǵ isáng pinunò ang sundálo niyáng tumátakbó sa labanán upang ang ibá ay huwag magáyang umúrong.

“Kailanǵang sugátan ang bató upang mapalabás ang kanyáng apoy.

“Nǵayon: alam na ninyó kung bakit kayo’y aming dinayà.

“Ayókong aksayahín pa ang mahalagá ninyóng panahón.

“Pasimulán nátin ang púlóng.

“Mǵa ginoó: anó ang inyóng pasiya? Sa áking akala’y ang kapisánang itó ay dapat nang lansagín.

“Dapat lansagín ang sabí ko sapagka’t walang kabutihan siyang nililikhá; bagkus pa nǵang payak na kasamáan ang kanyang ibinubunǵa.

“Sa kapisánang itó nagbubúhat ang pagbibigátan nǵ loób, dito nababanáag ang lahat nǵ mǵa ugáling karumaldúmal nǵ kabataang Libis; dito nádadamá ang maráming katotohanang masasakláp na dápat ikahiyâ nǵ ating mǵa nunò sa kabiláng búhay.

[117]

“Hindí kayâ marápat na lansagín ná ang kapisánang iyan?”

“Hintáy ko ang pasiya nǵ kapulúnǵan.”

Ang kapulúnǵan ay di sumásagot. Ang banáyad nǵuni’t matitinding panǵunǵusap nǵ panǵulo, ang nanǵinǵinig niyáng bóses, ang kanyang nagbabagang paninǵin, ay nagpayukó sa lahat. Ni si Juancho, ni si Choy, ni ang naka-itim ay waláng naihumá.

Naghahari sa boóng báhay ang piping katahimikan. Nakaraan ang limang *minuto*; walá pa ring sagót.

Walang kamalák-malák ay nanǵagtilian ang mǵa babáe.

“Demónyo! Tatay ko! Demónyo! Nanay ko! Demónyong sunǵayan! Demónyong may buntot!”—ang sigaw niláng di magkamáyaw.

At demónyo nǵâ namán!... (Noon ay kasalukúyang nagdadaos nǵ Karnabál sa Maynilà.)

Sinalúbong nǵ panǵulo sa hagdánan ang nakabalat-kayô. Isáng liham para kay Gerardo ang taglay niyá.

—“Sino kayâ itó?”—anang naka-itim at pagdaka’y lumápit sa demonyo na nakatingin kay Gerardo samantalang binabasa nito ang tinanggap na liham.

[118]

—“Sino ka bagá, ha?”—ang mulíng tanong nǵ naka-itim, at pagdaka’y sinulot sa taglírán ang nakabalatkayô.

—“*Aruy!* Tinamaan ka nǵ...!”

Ang *jaruy!* ay ibinunǵa nǵ isáng tábig nǵ demonyóng nakiliti—tabig na tumamá sa sikmurà nǵ panǵahas. Dali-dalíng umupo ang naka-itim na tutóp ang tiyán.

Humúgong sa tawa ang boong bahay.

Ang panǵulo ay pumukpók sa kanyang laménsa. Naputol ang tawánan dapwa’t di ang bulúngbulúnǵan, di ang pagsulyáp sa demónyo at sa tinábig niyáng napanǵiwi’t súkat.

—“Sino nǵa kayâ iyan?” ang mulíng usisa nǵ bálana.

—“Ah, kilala ko na! iyan ay si Tunyò”—anang isa.

—“Hindí, si Basio iyan!”—anang isa pa—“tingnán mo’t ang katawán ay Basióng-basio!”

—“Hindí; maniwalà kayó,”—ang sabád namán ni Choy—“iyan eh si kumpáring Kulás.”

Malí silang lahat. Si Juancho lámang ang nakababatid kun sino ang demonyóng iyon!

—“Pagsalitaín nǵâ natin”—ang bigkas nǵ isang pingkaw—“Hoy demónyo! demónyo! magsalitâ ka nǵâ.”

[119]

Ang demonyo'y parang binġi. Hindi ináalis ang tinġin kay Gerardo na pagkatápos na mabása ang sulat ay lumapit sa may dalá at tumanóng:

—“Sino kayo?”

Ang demonyo'y parang pipi. Kumumpás-kumpás na lang at iginaláwgaláw ang ulo na tila ang ibig sabihi'y:

“Manáog ka sa lupa't doón táyo magkakaalam!”

Si Gerardo ay napanġiti na lang sa ikinumpás-kumpás nġ nakabalatkayô. Dapat kayâ siyáng sumáma? Tiningnán ang liham at sandaling nag-alinlánġan; pagkwa'y,

—“Táyo!”—anya, at inakbayán pa mandín nġ demonyo, bágo silá nanáog.

—“Naku! Si Gerardo!”—ang di man kinukusa'y nalaglág sa mġa labi ni Pacita na malákíng totoó ang tákot sa demonyo, palibhasa't noón lang siyá nakakita nġ gayóng gayák.

Si Elena namán ay putláng-putlâ; kákabá-kabá ang kanyáng dibdib.

—“Kilalá mo ba iyón?”—ang panġatál na tanóng kay Florante na kanyáng kaibigan, at noó'y kasiping sa upô.

—“Hindi, ah!”

—“Masamá ang kutob nġ áking loób. Nagíisá si Gerardo—Baka siya'y kung anhin!... Ako'y nanġanġambá!”... [120]

—“Susundán ko!”

—“Para mo nang awà Florante.”

Noón di'y nanáog ang binatà.

## XV

[Nilálamán]

### “Gerardo, Násaan ka?”

Ang púlóng na binagabag nġ demonyo ay mulíng pumayapà.

Maging ang mġa laláki at maging ang mġa babáe ay áayaw sumukò; áayaw pumáyag na lansagin ang kapisánan.

Aywan kung dáhil sa anóng kababalaghán, aywan kung dáhil sa talumpati ni Gerardo ó kung dáhil sa pagsipót nġ demonyo, ang lahat nġ mġa taga-“Dakiláng Mithi” ay nakitáan noóng mġa sandalíng iyón nġ isáng kagúlat-gúlat na pagbabágo. Katúlád sila nina Adán at Eva na nang mapagkurò ang kaniláng pagkahubád ay nanġahiyâ't dálidáling nagsipágtapi; katulad silá ni San Lázaro na nang patindigin ni Krísto, sa kanyáng libing ay tumindíg nġâ't muling nabúhay. Anopa't sa minsáng sábi, ang naunsiyaming siglá nġ “Dakiláng Mithi” wari baga'y muling nanariwà. [121]

Pinagkáisahan na ipatutúloy ang lahat at báwa't isá nġ mġa panukalàng nabibitin; álalaóng bagá'y ang úkol sa páaralán, aklátan papúlóng, mġa *campaña*, atb. At noón ding gabíng iyón ay nag-ambágan ang lahat, máliban na lang ang ilán na talagáng ibig nang tumiwalág sa samahán; kaya't walang kamalák-malák ay nakatípon at súkat ang inġat-yáman nġ salapíng sapát at katamtáman upang maisagawâ ang kaniláng mġa matatáyog na panġárap na muntí nang mabulók.

Sa hulíng bahági nġ púlóng ay nagkaroón nġ kaunting pagtatálo; pinagtalúnan ang kung nararápat ó hindi na ang kapisánan ay manghimások sa *politika*.

Si Faure ay nagsasabíng nararápat; at siyá ang nagpalagay na ang kapisanan ay maaáring lumahok sa polítika; samantáláng sa kabilang panig si Juancho namán ay nagmamatiġás na di nararápat. Itóng hulí ay bumigkás nġ isáng mahabàng talumpati na dinulúhan nġ mġa ganitóng panġunġusap:

—“Manghimasok táyo sa polítika?... Kay samáng palagáy!... Táyo na mġa batàng-batà pa, ¿anó ang áting masasápit sa gáwaing iyán?... Huwag táyong pakasúlóng, [122]

mġa kabinatà, huwág manġahas sa di nátin káya... Kailanġan dito’y mahabàng pag-aáral, mġa malalálím na pagkukurò at pag-iísip na hinóg at di hiláw na gáya nġ átín. Ipaubayà iyán sa mġa matatandâ; iya’y di nábabágay sa kabatàan”....

Si Juancho ay umupô; pagdáka nama’y tumindíg sa dákong likod niyá si Faure.

—“G. Panġulo”—anya—“di ako namamanghâ sa pagsalunġát ni ginoóng Santos sa áking palagáy; kamí ay láging magkalayò nġ damdámin; siya’y isá sa mġa sumásambâ sa bandilàng áyaw hiwalayán nġ mġa Pederal; ang nġálan ko nama’y nakatítik sa *plataforma* nġ Partido Nacionalista.... Wikà niya’y di táyo dápat manghimások sa polítika, sapagka’t táyo raw ay mġa batàngbatà pa, sapagka’t tayo’y walâ pang káya.... Di ko hinahanápan ang ginoó nġ ibáng paghahakà.... Waláng káya! Iyán ang bukáng-bibig nġ mġa gaya niyáng Pederal at nġ kaniláng mġa amá-amáhan; iyán ang kaniláng panġarap araw gabi, iyán ang lagi niláng naguguni-gunità, dinádasál-dasál, ibinúbulóng-bulóng... Ipinahihiwátig ko sa áking katálo na sa pagnanasà kong pumasok ang kapisánan sa bakúran nġ polítika, ay walâ akóng minimithí kundi ang pagsikapang liwanágan ang mġa tungkúlin nġ mġa mámamáyan sa kaniláng Tinubúan; bakáhin iyáng ating namamalas nġyóng mġa kahálay hálay na pagwawalang bahalà, mġa kasagwâan nġ ilán sa ating mġa pinunò, at ang mġa duwág na pagyuyukò nġ ulo sa haráp nġ mġa mapaghari-harian. Hiláhin sa liwánag nġ áraw at ihantád sa matá nġ Bayan ang mġa kaáway niyáng lihim, sina Masasakim, sina Mapagbalatkayó, sina Kukong-lawin. Pukáwin ang lakás nġ lahi upáng palayasin dito ang mġa dayúhang magdarayà na sumasalunġat sa kanyáng pinakamámahal na damdámin at náis, at yumuyúrak nang líhim sa karapatán at kalayàan na pamána nġ Diyós sa kanyá. Ipaála-ála sa kanyáng lagi na ang Báyang di kumikilos nġ ganitó, ang Báyang nagtítiís sa pagwawaláng kibô at nagkakasya na lamang sa lihim na panananġis, kapág siya’y dinudusta, ang bayang iya’y alípin, busabos, duwág... Itó, mġa kababayan, ang pinakamimithi kong layunin nġ ating kapisánan. ¿At alin ang kaluluwáng may danġal, matandâ man ó batà, na makapagsasabing siya’y walang lakás at káya na tumupad na ganitóng dakilang katungkúlan?

[123]

“Mġa batà pa raw táyo! Ang isip yata’y pulós na matatandáng hukluban lamang ang marúnong sumuri sa mġa bágay na iyán!... Sa isáng binatà ay waláng dápat makasindák, walang dápat makapígil sa kanyáng paglakad, waláng dapat makahadláng sa kaniyang iniíbig; kaya’t walâ sa matwid ang isang magsábing tayo’y waláng káya na maghimasok sa polítika.”

[124]

Si Juancho noo’y kasalukuyang *ninenerbyos*. Di magkantututo sa pagsigaw nġ:

—“G. Panġulo; hindi ko maáayunan ang mġa ipinahayag nġ hulíng nagsalitâ, hindi nġa po, at makásanglibong hindi!!...” (at dito’y pinanġinig pa mandin ang boses na ubos-diin) “Ipinalálagay ko pong ipaliban ang pagtatalo sa...”

Isáng malakás na pukpok sa lamesa nġ Panġulo ang ikinaputol.

—“Di matátanggap nġ mesa ang inyóng palagáy,”—anya—“sapagka’t di pa napasisiyahán nġ pulong ang palagay ni G. Faure na kinatigan ni G. Lauro.”

Dali-daling umupô si Juancho. Nagpatuloy ang Panġulo:

—“Mayroón pa bang pagtatalo tungkól sa bagay na ito?... Kung wala, lahat nġ umaáyon sa mungkahì na ang kapisanan ay maáring manghimasok sa polítika, ay magsitindig.”

Sa apat na pu’t tatlong kaanib na naroroón, ay anim lang ang di tumindig.

—“Ginoóng Panġulo”—ang mulíng bigkás ni Faure—“Ipinalálagay ko pô na ang ‘Dakiláng Mithí’ sa pamamagitan nġ kaníyang panġulo, at kalihim ay magpadalá nġ isáng kalatás sa bawa’t kapisánan nġ kabatáang natátatag sa Sangkapulúan, upang sila’y anyayáhan na umánib sa átín sa paghinġí sa Báyang amerikano nġ lalòng madalí at karakarakang Pagsasarilí nġ Filipinas.”

[125]

—“Kinakatigan ko pô ang palagáy ni G. Faure”—ang pagdaka’y isinunod ni Pacita.

Lahát nġ matá ay nakasulyap kay Juancho, na sapagka’t *leader* nġ mġa pederal sa “Dakiláng Mithí” ay siyang lalòng may katungkúlang sumalunġat sa gayóng mungkahì.

Nakaraan ang iláng sandalí.

Si Juancho ay dí umíimik! Nakapakò ang paninġín sa kanyáng orasán na para bagáng binibilang ang mġa *tiktak-tiktak!* nitó. Manaká-nakáng tinġalaín at pakiramdaman ang bubóng na páwid nġ báhay. Ang boông anyò niyá ay gaya nġ sa isáng manġanġaso, na mulâ sa malayò ay nakikiníg sa takbuhan nġ mġa usá.

Sa gayóng lagay ni Juancho, ay di niyá nápapansín ang ikinindát-kindát sa kanyá

nṅ kanyáng mṅa manók na ang ibig sabihi'y "*Lantakan mo!*"; di niya nararamdamán ang mṅa kalabít sa kanyá nṅ mṅa násalikod; di niya alumána ang panṅunṅunot nṅ noó nṅ naka-itim na nang di na makapagbatá ay bigláng lumundág at úbos lakás na inahiyáw ang isáng matápang na

[126]

—“G. Panṅulo!!”

—“G. Kabúyas”—ang tugón namán nṅ panṅulo.

Si Kabúyas ay naghágis muna kay Juancho nṅ isáng nanglilísik na tinṅin, bágo nagpatuloy:

—“Sa nṅalan pô nṅ danṅál nṅ ‘Dakilang Mithî’ ay tinututúlan kong mahigpit ang mungkahì ni G. Faure.

“Hindî ko mapagkurò kung bakit ang isáng magiting na ginoóng gaya ni G. Faure ay makaísip na magharáp dito nṅ isáng palagáy na waláng kaúlo-úlo at waláng maibubunṅa kundî libo-libong pulà sa katalinuhan nṅ ‘Dakilang Mithî!’”

—“*Bravo! Bravo!*!”—ang di magkamáyaw na sigaw nṅ mṅa pederál. Ito’y lalò pa manding nagpainit kay Kabúyas.

—“Oo nṅa pô, mṅa binibini at ginoó, kapag ang kapisánang ito ay tinangṅáp ang palagáy ni G. Faure, ang kakamtán natin ay di lang libo-libo, kundî yutà-yutàng pulà!!

“Anó pô ang ating mahihitâ sakali ma’t umanib sa atin ang ibáng mṅa Kapisánan sa paghinṅi nṅ karakarakang pagsasarilí sa Báyang amerikano?”

“Didingṅin bagá táyo nṅ pamahaaán? Makikitúnṅo ba ang pamahalaáng iyan sa mṅa gáya nating musmós?”

[127]

“Kung ang Kapulunṅang Báyan nṅṅâ ay di pinakitunṅuhan nang huminṅi itó nṅ Pagsasarili, ¿táyo pa kayâ?”

“Malaking katiwalian ang nilaláyon ni G. Faure!

“Kung ang kapisánan ay may talino at danṅál, ang palágay na ito’y di niyá sasang-ayúnan.”

Si Kabúyas ay naupô sa gitná nṅ boóng kasiyaháng loób. Si Faure namán ang tumindíg.

—“Mṅa kasamahan,”—anyá—“itinatanóng ni G. Kabúyas kun anó raw ang mahihitâ nṅ kabataán sa paghinṅi nṅ karakarakang Pagsasarilí. Hindî pulà gáya nṅ maling hinágap nṅ áking katálo kundî pagpúri pa nṅâ nṅ ating báyan sa ganitong pagkilos.

“Hindî man táyo dinggin nṅ Báyang amerikano ¿ay anó? Makagaganáp tayo sa isang katungkúlan! Katungkúlan nṅ bawa’t táo na hinṅin ang Kalayàan nṅ kanyáng Lupà kapág ito’y handâ nang lumayà. Mṅa busabos lang ang ayáw huminṅi nṅ Kalayàan. Ang Pilipinas ay maláon nang handâ sa isáng Malayàng Búhay. Ibig ba natin na ang kabataang Pilipino ay panṅanláng mṅa busabos?”

“Hindî lang pagganáp sa isáng katungkúlan ang nilaláyon nṅ áking mungkahì. Ibig ko ring ipamatá sa Pamunúang amerikano ang katotohánan na di lang ang mṅa matatandáng pilipino, kundî patí ang kabataán ay nagkákaisá sa pananalig na ang pagsasarilí nṅ Pilipinas ay dápat nang ibigáy sa kanyá; at dáhil sa katotohánanang ito ay panahon na nṅayóng ang Pamahalaáng iya’y magbágo nṅ kilos; dápat na nṅayóng manaínṅa at mag-áral gumálang sa damdáming isinisigáw nṅ Káluluwá nṅ Báyang namamanhík sa gitná nṅ dúsa. Panahón na nṅayóng dápat ipamálas nṅ Amerika, di lamang sa harap nṅ Kapilipinúhan kundî patí sa harap nṅ Sangsinúkob, na siyá ay may isáng púsong túnay na bayáni nṅ Kalayàan. Panahón na nṅayóng dapat isagawâ ang panṅunṅusap ni McKinley, na ang hanṅad nṅ Báyang amerikano, sa kanilang panghihimasok dito, ay di ang pagsúpil kundî ang pagpapalayà sa mṅa pilipino, (*not as a conquering, but rather as a liberating nation.*) At panahón na rin nṅayóng dapat ipagsigáwan sa mapagbinṅibinṅihang Amérika ang di maitátakwíl na katotohánan, na isáng panglulúpig at walâ kundî panglulúpig ang maghari sa áyaw pahari; na isáng ásal-ganid ang pagsikíl sa buhay nṅ may karapatáng mabúhay nang malayà; na isáng ásal-háyop ang pagsasamantala nṅ Malakás sa Mahinà!...

[128]

“Anó pa ang hinihintáy nṅ Pamahalaáng nakasásakóp? Ibig ba nṅ Pamahalaáng iyán na si Washington at ang kanyáng mṅa kapanahóng namuhúnan nṅ dugo, sa pagtatagúyod sa hanṅad nṅ báyan nila nang maghimagsik; ibig ba nṅ Pamahalaáng amerikano, aking inuulit, na magsibalikwás ang mabubunying kaluluwang itó sa kaniláng libinṅan at siyá ay sisihin sa di pagtupád sa kanyáng

[129]

tungkúlin? Alin pang áraw ang ibig dumating? Kun kailan ba pumutí ang uwak?”...

Napútol dito ang talumpati ni Faure. Si Juancho noón ay biglang lumundag mulá sa kanyáng upô at nagsisigáw n̄g—“Sunog! Sunog!! Sunog!!!”

At siyá n̄gâ namang totoo! Nagliliáb ang palupo n̄g báhay!

Nan̄gamutlá ang lahat. Di magkamáyaw ang m̄ga “tubig!” at “Diyos ko!” Nan̄gagtilían ang m̄ga babáe. Nan̄gag-iyákan ang m̄ga batà.

Takbó ríni at takbó roón; sigáw dini at sigáw doón.

Nan̄gag-unahán ang lahat sa pagpanáog.

Lumalakí ang apóy! Tupók na ang bubóng n̄g báhay.

---

Samantalang nagkákaguló ang lahat sa lupà, doon naman sa itaás ay may ibang nangyayári.

[130]

Dalawáng táo ang nakatayô sa punò n̄g hagdan: isang babáe na pinipigil n̄g isáng lalaki.

—“Elena,”—ang maban̄gís na wikà nitong hulí—“sasáma ka sa ákin ó ikáw ay mamámatay!”

—“Ulól! at síno kang sasamáhan ko?”

—“¡Ang katawán mo ó ang iyong búhay!!”—ang muling sigaw n̄g lalaki at lalòng hinigpitán ang pigil sa kamay ni Elena.

—“Háyop! bitíwan mo akó!”

—“Di maaari!”

Sa kapipitlág ni Elena ay nabitáwan n̄g pumipigil ang kanyáng kamáy. Hálos palundág na nanáog. N̄guni’t di pa hálos nararating ang kalahatian n̄g hagdán, siya’y inábot na namán n̄g taksíl. Ang pan̄gin̄gibábaw n̄g Malakás sa Mahinà ay mulíng napatunayan.

Sinapúpo n̄g lalaki ang binibining nanglalambót; ipinanhík mulí, at saka ipinanáog doón sa kabiláng hagdán, sa bandáng likód n̄g báhay. Walâ doón ni isáng táo, sapagka’t ang lahat ay nagkakatípon sa harapán.

—“Gerardo, oh Gerardo! násaan ka?”—ang tán̄ging naisigáw ni Elena.

—“Gerardo?, anóng Gerardo?”—ang pairíng na tugón n̄g lalaki.—“Anó pa ang Gegerarduhin mo n̄gayón? Si Gerardo’y patáy ná!”

—“Tampalasang táo!!”

[131]

—“Yaóng nanhík kanínang suót demónyo ang siyáng umutás sa kanyá!”

—“Oh m̄ga tampalásan!!”

Si Elena ay hinimatay.

—“Lalong mabuti!”—ang sa sarilí’y nawikà ni Juancho, at pagdaka’y inalúlan ang abâng si Elíng sa kalesa niyáng doo’y inihandâng talagá.—“Kutsero, pika!!”

[132]

## XVI

[Nilálamán]

### Sa iláng n̄g m̄ga Aswáng

Ang líham na tinanggáp ni Gerardo ay lábis nang nag-úlat sa kanyá na sa gabing iyón ay pilit siyáng makasasagupà n̄g isang kataksilán.

Lábis din niyáng alám na ang pagpáyag na sumáma sa demónyo ay lubhâng mapan̄gánib.

Dápwa’t umúrong sa pan̄ganib ay ugali lang n̄g m̄ga pusong marurupók, hindî n̄g m̄ga gaya niyáng waláng tákot na kinikilala kundí ang tákot sa kaniláng Diyós at

Báyan; hindi n̄ m̄a

“Mapagbiróng lagi sa tampó n̄ buhay  
“Mapaglarô kahi’t sa labì n̄ hukay.”

Ang gabí noón ay sakdal n̄ dilim. Sa maulap at masun̄git na lan̄git, ay walâ ni isa mang bituin.

Nang siná Gerardo ay mapaláot na sa gayong kadilimán, ang demonyo ay nagtumúlin n̄ lakad. Si Gerardo naman ay nagliksí din.

—“Sabihin na, páre, kung kayo’y sino;”—ang patawang wika n̄ binatà sa kanyang kasama.

[133]

Ang pagkapípi n̄ demonyo ay patúloy pa rin. Walang itinugón kay Gerardo kundí m̄a di mawatásang bulóng; at lalòng binilisán ang hakbáng.

Saán silá patún̄go? Itó maráhil ang ibig na maaláman n̄ bumabasa.

Dapat munang unawain na ang báhay nina Pepe na kanilang pinanggalingan ay nagúisang nakatayô sa labás n̄ báyan n̄ Libis, sa tabi n̄ isang mahabàng daan na patun̄go sa Maynilà. Mulá sa bahay na iyón, ang isáng maglalakbay sa Maynilà ay kailan̄gang lumakad n̄ m̄a isáng óras bago dumating sa kapwà báhay. Ang daang itó na patun̄go sa Maynilà, ay siyáng tinatalakták nina Gerardo. Kalahating óras na siláng naglálakad n̄uni’t di pa tumitigil. Naiinip na si Gerardo, dapwa’t gayón na lang yatà ang kagandahan n̄ kanyáng ugali na kahi’t ang isáng pagkainip ay áyayaw ipahalatá kahi’t sa isáng demonyo. Bukód sa rito’y talagá namáng nátigasán niyá ang pakikipagtagálan sa kanyáng kasáma saan man siya dalhín palibhasa’t malaki ang nais niyáng mabatid kung tunay n̄ang matutupad ang m̄a sumbat sa kanyá na natatalá sa tinanggáp na liham.

Sa di kawasa’y lumikô ang demonyo sa isáng landás. Ang binatà nama’y lumiko din.

[134]

Di naláon at sila’y sumápit sa isáng iláng, na dáhil sa kasukálan, ay matatawag nang gúbat. Isang bahagi n̄ iláng na ito ay pinan̄gin̄gilagang lubhá n̄ m̄a matatakuting taga-Libis túlad n̄ pan̄gin̄gilag nilá sa isáng libin̄gan. Di umano’y may m̄a lunggâ doón ang m̄a aswáng. Di umano’y ang man̄gahas na máglagalág doón sa kalalíman n̄ gabí ay nawawalá’t súkat. May m̄a báboy daw na sun̄gayan, m̄a kalabáw na parang bága ang m̄a matá, at m̄a ásong singlarakí n̄ kabáyo, na parapárang nanghaharang doón.

Itó ang lugal na tinutun̄go n̄ demónyo.

—“Abá pare,”—ang birò n̄ binatà—“¡baka tayo’y haran̄gin diyán n̄ aswang!”

Lalòng nagtumúlin n̄ lákad ang demónyo at saka tumigil n̄ biglâng-biglâ.

Dinukot sa bulsá ang isang aywan kung anó, bago inalápit sa m̄a labì. Hinipan. Ang tunóg ay katúlud n̄ huni n̄ ahas. Noon di’y pahan̄gos na tumátakbo sa kanilang kinatatayuán ang isáng... ¿aswáng na kayá?... putót na putót n̄ damit na itím—tulad sa itím n̄ gabí.

Ang bágong-datíng at sakâ ang demónyo ay lumayo sa binatá n̄ iláng dipá, at nagbulun̄gan.

Sandalí lamang at ang demónyo’y pasugód na lumápit kay Gerardo. Sinaklót itó sa liig, at sakâ nagn̄ji-n̄gitn̄git na tumanóng:

[135]

—“Walâng-hiyâ, ¿kilalá mo ba akó?”

Kumulô ang dugô ni Gerardo sa ginawâng iyón sa kanyá. Isang suntók na úbos díin sa sikmurà n̄ demonyó ang kanyang iginanti. Ang liig niya’y nabitawan at súkat n̄ pan̄gahas na n̄gatál na n̄gatál sa poot, at di magkantutúto sa pagsigáw n̄ sunódsunód na.—

—“Walâng-hiyâ!! magsísi ka ná n̄ iyóng kasálanan! n̄gayón, n̄gayon mo akó makikilala!!”

Sa sasál n̄ gálit, at sa gitnâ n̄ pagn̄ji-n̄gitn̄git, ay di nabatá ang di damukúsin ang mukhá ni Gerardo.

Si Gerardo na noó’y pigil sa bisig n̄ kasapakát n̄ kanyáng kaáway, palibhasá’t nadaíg siyá noón sa lakás, ay walâng naitugón kundí m̄a sipà.

—“Ulupóng!! m̄a duwág!! Ganyán ang m̄a duwág!!”

—“Pápatayin, pápatayin kitá, salbáhe!!” ... Umúrong ang demonyo n̄ isáng

hakbáng; itinaás ang kanang kamáy, at nagpatúloy:

—“Nakikíta mo ito, anak n̄g...?”—Noón ay kumidlát; at sa pamamagitan n̄g liwanag niño, ay napagmalas n̄g binatà ang kakilakilabot na talibong n̄g kaaway.—“Itó, itó, ang sa iyo, ngayóy uutás! Uutás! nauunawàan mo ba?”

—“Sa m̄ga duwag akó’y di natatákot!”—ang nakabibin̄ging sigaw ni Gerardo; at úbos lakas na nagpumilit makakulagpós sa pumipigil sa kanyá. Walàng nasapit ang abàng binatà sa m̄ga bakal na bisíg n̄g yumáyapós sa kanyáng katawan ¡Isa pang saksi n̄g pan̄gingibabaw n̄g Lakás sa Hinà!

[136]

—“Binagábag mo ang mapayapà kong buhay;”—ang dugtóng n̄g demonyo  
—“isiniwálat mo ang m̄ga lihim na pinakaiin̄gat-in̄gatan ko, ginising mo ang poot sa akin n̄g isang báyang dati’y nakayukô sa aking bawá’t maibigan, pinakalaitlait mo ako, pinakadustâdustâ sa matá n̄g lahat,—ano ang sa aki’y nalálabí? Anó ang dápat kong gawín? ¡Hindì akó isáng babáe na sa gitná n̄g pagkasawí, ay masisiyahan sa pagtutukmol, sa pananambitan, at pananan̄gis! ¡Hindì ako ang ulól na magsisisi sa aking m̄ga nagawâ; hindì ako batàng musmos na mapalúluhod sa aking m̄ga ipinahámak úpang sila’y hin̄gan n̄g tawad! Ah, hindì!... ¡Akó ay isáng tunay na laláki—isáng laláking buháy na lagi ang loób!—Akó ang bantóg na si Kapitang Memò na di nagugúlat kahima’t sa kamatayan! ¡Akó ang laláki na marúnong maghigantí!!... Ah, walàng hiyâ! Tálastasin mo na isinumpâ ko ang ikáw ay patayín! patayín!! patayín!!! Unawâin mo PATAYIN!!! Nárìto, nárìto akó, nárìto si Kapitang Memò upang tumupád sa kanyáng sumpâ!!”

[137]

Mulíng itinaás n̄g sukáb ang kánang kamáy; ¡dápwa’t ang karawaldawal na náis ay di nagwagí!... Isáng sing-bilis n̄g kidlát ang noo’y namagitná, pumigil sa nakayambáng kamáy, at umágaw sa matúlís na patalím.

Sa sumunód na sandalí, si Kapitang Memò ay nábulagtâ. Si Gerardo’y ligtas; iniligtas siyá ni Florante, na sa gitná n̄g gayóng kabayanihan at pagwawagí, di kinukusa’y napasigaw n̄g—“Oh m̄ga swail!! Ang Diyos ay hindì natutúlog!”

Nang mámalas ang pagkakátimbuwáng ni Kapitang Memò, ang kanina’y pumipigil kay Gerardo ay kumaripas n̄g takbó.

Sinundán siyá n̄g dalawáng magkatoto, dapwa’t di inabutan. Biglàng nawalâ. Kinupkóp n̄g dilím!...

Oh ang nagagawâ n̄g dilím n̄g gabí!

Ang kadilimán bagáng iya’y nilaláng na talagá úpang makatúlong sa m̄ga karúmaldúmal na adhikâ, at mapagtagúan n̄g m̄ga sukáb?

Kung túnay na ang Diyós ay siyáng lumaláng sa kadilimáng iyán, .... ang katotohá nang itó, kung katotohá nang n̄gâ, ay nakapagpapa-alinlan̄gang lubhâ sa pagka-makatwiran n̄g Diyós na iyán!...

[138]

## XVII

[Nilálamán]

### Diyata’t buháy ka pa?

Dumating ang magkatoto sa mahabang daan na patun̄go sa Maynilà.

Kaginsaginsa’y naulinigan nilá mulâ sa malayò ang isang sasakyang humahagunot... Lumaláon ay lumalakas, sa kanilang pakinig, ang kalugkog n̄g m̄ga gulong; lumaláon ay tumitingkad, sa kanilang panin̄gín, ang dalawang ilaw n̄g sasakyan. Di nagtagal at nálapit ang kalesa sa magkaibigan.

Tumin̄gin ang dalawang binatà sa loob. Nakilala nila ang lulan: si Elena at ang taksíl! Nagulamihanan si Gerardo. Natigilan sandalí, at ... kagaya n̄g isang ulol na hinagad ang sasakyang lumilipad. Sinundan siya ni Florante.

Sino ang makatatatáp sa makamandág na m̄ga damdaming noo’y gumigiyagis at sumásakal sa pusò ni Gerardo?... Oh! Diyatà? Ang kanyang kasi sa piling n̄g ibá, sa piling n̄g isang kaaway? Diyatà? At sa gayóng dilím n̄g gabí? At sa gayóng m̄ga pook?... Oh! Kataksilan!... At yaong mabilís na takbóng iyon, ¿ano ang kahulugan?...

Panibughô, poot, pagka-awà sa kanyang irog, ay sunod-sunod na dumatál sa boô niyang katauhan. Ang sigaw n̄g kanyang dan̄gal, n̄g dan̄gal n̄g kanyang

[139]

pagkalalaki, ay dagling pinukaw ang banḡís at init nḡ silanḡan niyang dugô, pinawi ang pagkahapò nḡ kanyang katawan, at nagdulot nḡ ibayong lakás at siglá sa nanglulumóng dibdib.

---

Walang tugot nḡ katatakbo ang dalawang magkatoto. Lumalaon ay lumalaki ang pagitan nila at nḡ sasakyan. Sasabihin nḡ mḡa pusong mahihinà, na sila'y walà nang pag-asa. Dapwa't di gayon. Sa mḡa kawal na iyon nḡ kabayanihan, ang pag-asa sa isang pagwawagi ay lalong kumikinang at nagbabaga habang napápabínḡit sa panḡanib, pagkasawi at kamatayan.

Talagang ganyan ang mḡa bayani!

Talagang ganyán ang mḡa naghahabol at umuusig sa nḡalan nḡ Matwid, sa nḡalan nḡ Danḡál, sa nḡalan nḡ isang dalisay na Pag-ibig! Parating buháy ang Pag-asa! Papaano'y buháy na lagi ang pananalig na, sapagka't katwiran ang hánap, ay may isang makatwirang Bathalà sa Lanḡit na sa kanila'y tutulong at magdudulot nḡ tagumpay.

---

Pagkaraan nḡ ilang sandali, ang sasakyang hinahabol ay sumapit sa isang tulay na lumà. Sa isang dulo nḡ tulay na iyon ay may isang malaking butas na, sapagka't di pa natatagalan ay di alam ni Juancho, ni nḡ kutserong si Kikò, ni nḡ kanilang kabayo.

[140]

Nangyari ang di hinihintáy: Ang mḡa páang unahan nḡ hayop ay tumamà sa butas, —kaya't dagling napatigil. Ang kabayo ay di makabánḡonbanḡon sa pagkasubásob. Nagkangbabali ang latiko at nagkangmamálat si Kikò sa pagsigáw, dapwa't maanong natinag ang hayop sa pagkápanḡaw!

Si Juancho ay galít na galít sa kanyang kutsero. Bumaba sa kalesa at pagdaka'y binatukan nang makalawa ang abang si Kikò.

—“Torpe! animal! bruto! Manḡutsero lang ay di ka marunong!... Bakit di kalagin ang *tirante*, cabrón?”

Si Kiko nama'y susukot-sukot na isinauli ang latiko sa lalagyan, at saka susukot-sukot ding kinalág ang *tirante*. ¡Kay *bait* na tao! Pagkababàbabà nḡ loob! ¡Kay *gandang* ugali! Mḡa taong gayá niya'y dapat *pagkawang-gawaan* nḡ lahat nḡ mḡa nanḡanḡarap at nagmamalasakit sa isang maligayang bukas nḡ Bayang Pilipino! Dapat patulugin ang mḡa taong ganyan sa isang *palasio* na may isang *dinamita* sa ilalim!... ¡Ang busabos ay busabos lang ang iaanák!... Kung kayà may mapangbusabos na panḡinóon, ay sapagka't may napabubusabos!...

[141]

---

Samantalang tinutupad ni Kikò ang banal na utos nḡ kanyang mahal na *amo*, ay siyang pagdating nḡ dalawang binatang hanḡós na hanḡós.

Lumapit ang isa kay Elena na noo'y nakahilig sa loob nḡ sasakyan at kasalukuyang hinihimatay na naman, samantalang ang isa nama'y sinugod si Juancho at pasigáw na tumanong:

—“Sino ka?”

—“At ikaw, sino ka?”

Si Juancho'y biglang napaurong nḡ mamalas ang tindig nḡ nanḡanḡalit na si Gerardo.

—“Ha? Gerardo?”—ang kanyang pamanghang tanóng.—“Diyata't si Gerardo ka? Diyata't buháy ka pa?”

Inaunat ni Gerardo ang kanang kamay na may pigil na isang patalim at nanḡinḡinig na nanḡusap:

—“Taksil, anó ang ginawâ mo kay Elena?... Sumagot kaagad ó ikaw ay mamámatay!”

Si Elíng noo'y nasaulian na nḡ diwà. Nadinig niya ang boses ni Gerardo; at nakilala ang kanyang irog na ibinalitang namatay. Lumuksó ang binibini sa kalesa at hihikbí-hikbíng niyakap ang binatà.

[142]

—“Oh, Elena!”—ang mapanglaw na bigkas ni Gerardo;—“Anó ang ibig sabihin nḡ lahat nḡ ito?—Ako'y námamanghâ!... Bakit ka nápararito?”

—“Ginahás akó nǎ táong iyan!”

—“Oh tampalasang lalaki! Walang pusò! Di mo na inalaálang akó ay may kamay!”

Ang mapusok na binatà ay biglang lumundag sa kinatatayuan ni Juancho. Tangka niyáng itarak sa dibdib nǎ sukáb ang hawak na patalím. Dapwa’t di itó nangyari. Si Elena ay namagitnâ.

—“Gerardo, oh Gerardo!”—ang kanyang hibik;—“huwag kang papatay nǎ iyong kapwà, tanǎnging pamanhik!”

—“Bayaan ako, Elena!—Alam ko ang aking ginágawâ!—Pumatay nǎ kapwà ay di laging kasalanan!—Ang kamay ko ay di nanǎngimang magpatulò sa dugông maitím!—Inibig nǎ lalaking itó na iluksó ang iyong puri, at nang sa gayo’y madunǎngisan ang aking karanǎngan!”

—“Ha! ha! ha!”—ang pairíng na halakhak ni Juancho—“Tinatawanan kita, Gerardong hambog! ha! ha! ha!”

Muling sinugod ni Gerardo ang kaaway, dapwa’t namagitnâng mulí si Elena.

[143]

—“Giliw ko, nalalabuan ka nǎ isip, napadadaig ka sa kainitan nǎ iyong dugò; huwag oh, huwag! Maghunós dili ka!”

—“Bayaan mo akó Elena!”

—“Gerardo, may mǎga hukuman, may Justicia, may Diyós!”

—“At may Juancho na di nagugulat sa sanglibong gáya mo, palalò!!”—ang pagdaka’y isinabad nǎ swail.

—“Diyatà, Elena, at ipagtatanggol mo pa ang isa kong kaaway?”

—“Hindí ko ibig na siya’y ipagtatanggol. Ang kalulwa mo ang siya kong alaála. Ayokong madunǎngisan ang kanyang linis; ayokong sumuway siya sa bilin at utos ni Bathalà!”

—“Malayò, Elena malayò sa akin! Ni Dios, ni ikaw, ni sino pa man ay di ako dapat sisihin sa aking gagawin!... Malayò!”

Nagpumiglás si Gerardo; nabitiwan ni Elena ang kanyáng katawan, dapwa’t hindi ang kamay na may hawak sa sandata.

—“Pumayapà ka, Gerardo! Huwag mong ikikilós ang iyong kamay, kung ibig mong huwag akong masugatan. Bitiwan mo iyáng patalim, ó mahihiwá ang mǎga dalirì ko! Bitíw, aking irog, bitíw!”

Sumukò din sa wakás ang kapusúkan nǎ binatà.

[144]

—“Duwag! ha! ha! ha! talagá kang duwag!”—ang sigaw ni Juancho na anaki’y isang bukod na matapang.

Si Florante na mulâ nang dumating sa tulay ay di umi-imik, nǎgayo’y humarap kay Juancho at banayad na nanǎgusap:

—“Ang táo ay malayà hanggan siya’y gumagalang sa matwid; kapag binaluktot niya ang katwiran, kapag siya’y lumabag sa makatwirang mǎga utos, ang kanyang kalayaan ay dapat bawiin. Ikaw ay sumalansang sa inaáatas nǎ matwid. Kami ay may karapatang kumatawan sa Justicia. Isukò mo sa amin ang iyong kalayáan.”

—“Ha! maginoong Florante! At sino pô kayo na aking susukuan?”

—“Walang maraming salitâ! Sasáma ka sa hukúman ó hindí?”

—“At sino pô kayó na aking sásamahan?”

—“Mǎga kapantay mo, na nǎgayo’y may karapatáng makapangyári sa iyó!... Sasáma ka ó hindí?”

—“Baka ikaw ay nahihílo!”

—“Sumagót ka nǎ tapát, sasáma ka ó hindí?”

—“Híndí!!”

—“Ulol! Ibig mo pang ikaw ay gamítan nǎ lakás?”

—“Hitsura ninyong iyán ang aking uurunǎngan!”

[145]

Si Juancho ay naglilís n̄ manggás at inawasiwas ang kanyáng sundang. Si Florante nama’y biglang inalantad ang dala-dalang talibóng na inagaw kanġina kay Kapitang Memò.

—“Halíng!”—ang kanyang sigaw—“Nakikita mo ito?”

Tiningnan ni Juancho ang sandata. Napaurong. Nangdididilat. Nakilala ang talibong.

—“Bakit iya’y nasa sa iyó? At bakit iya’y may dugô?”—ang pahiyaw na usisà  
—“Inanó mo ang aking kapatid?”

—“Ginawâ ko sa kanya ang gagawin ko sa iyo kapag di ka sumunod sa amin!”

—“Anó ang ginawâ mo sa kanya?”

—“Siya’y pinatay ko!”

Isang pailalím na saksák sa sikmurà ni Florante ang itinugon ni Juancho. Si Florante sa lakás n̄ saksák ay daglíng nabaligtad, dapwa’t noon sandaling iyon ang kanyang kaaway ay dinaluhong ni Gerardo, nagkágulong-gulong sa tulay at sa wakas ay nahulog sa ilog.

Ang tubig n̄ ilog na iyon ay may labinglimang dipá ang lalim; at si Juancho ay di marunong lumanġoy.

Si Kiko na may kaunting pagkabinabae ay nápakurús nang makalawá, pagkukurús na sinalíwan n̄ sunód-sunód na “Susmariosep” at “Kaawàan ka n̄ Diyós!” Sa kalakihán n̄ tákot ay dali-dalíng lumulan sa kalesa at talagáng tangká niya’y patakbuhiñg mulí ang kabáyong nakawalâ ná sa pagkakásilat, dapwa’t nang hahagkisín ná ang háyop ay siyang pagsigaw sa kanyá ni Gerardo n̄:

[146]

—“Hoy!! Saan ka paparoon?”

Si Kiko’y kinilíg at parang tulíg na bumulalás n̄ di mawawàang mġa:

—“Aba hindi pô, dine pô lang, walâ pô!”

Pagdaka’y inalúlan ni Gerardo sa kalesa ang sugatáng si Florante at si Elíng, na noo’y putlángputlâ, nanġinġinig, at nanghihinà.

Nilísan nilá ang tuláy na iyon, na ayon kay Kikò ay lubhâng kakilakilabot.

[147]

## XVIII

[Nilálamán]

### Pahimakás ni Florante.

Sa sumunód na sanglinggóng singkád, sa boñng bayan n̄ Libís, ay walâng napaguisápan ang síno-síno man, saán mang súlok magkatatagpô kundí ang matalinghagàng gabí na sumaksi sa gayóng mġa pangyayáring nakapanghihilakbot na lubhâ, at hálos di mapaniniwaláan n̄ mġa di mapaniwalâing taga-Libís, dánġan lang at may isáng Gerardo, isang Elena, at isáng Floranteng sugatán, na nagpapatúnay sa mġa nangyári.

Lahát n̄ makadinig sa kasaysáyan n̄ gabíng iyón ay nagkakaisá na ang sinápit ni Kapitang Memò at n̄ kanyáng kapatid ay “isang marápat na gantíng palà n̄ Lanġit sa kanilang mġa inasal.” Subali, anó ang nangyári kay Kapitang Memò? Walâ táyong nababatíd kundí ang katotohánan na siya’y nasugátan. Dapwa’t namatáy kayâ ang bantóg na mámamatay? Ni si Florante, ni si Gerardo ay di itó masagót nang tahásan. At tila n̄â di matitiyák nino man ang bágay na itó, sapagka’t kung túnay man na mabisà ang pagkakasaksák ni Florante,—bágay na pinatotohánan nang pagka-walâng malaytáo ni Kapitang Memò n̄ siya’y iwan nina Gerardo—ay túnay din naman na dáhil sa kadilima’y di matiyák n̄ binatà kung saáng bahági n̄ katawán tumamà ang patalím, kung sa dibdib, kung sa sikmurà ó kung sa tiyán. Tanġí rito nang dalawin kabukasan ang mġa poók na iyón ay walâng napagkita kundí ang namumuông dugô n̄ nasawíng pinunò. Maaári na siya’y namatáy noón ding gabíng iyón, at ang kanyáng bangkáy ay dinalá sa ibáng pook at ibinaon n̄ kasama niyáng nakataanán kina Florante. Maaári na hindi siya nagtulóy sa pagkamatáy; na nang masaulían na n̄ diwà ay nakapag-inót na lumakad at tumunġo sa isáng kublí at maláyong bahági n̄ iláng.

[148]

Sa dalawang “maaaring” itó, alín kayâ ang túnay na nangyári? Mag-gáwad nǎ pasiyá ang bumabása.

Iniaátas nǎ kahusáyan na usigin kaagád nǎ hukuman ang madugông sigalot, upang sa gayo’y mapatunáyan kun sino ang may sála sa boông kasiyaháng-loób nǎ lahát, at sa ibáyo nǎ lahat nǎ mǎ pag-aálinlángan.

Tatlóng áraw na ang nakararáan. May mǎ higing na sina Gerardo’y ipadadakip, dapwa’t higing lang. Kundanǎ’y sa boông bayan nǎ Libis, sina Kapitáng Memò ay walâ ni isang kamag-ánakang malápit ni kaibigan na nagkaloób na pumúkaw sa kapangyarihang nagwawalâng-bahalâ. Nǎuni’t saán utang ang pagwawalâng-bahalang itó nǎ mǎ pinunò? Aywan natin. Lubhâ siyang kataká-taká.

[149]

Hindí masasábing mahírap dakpin sina Gerardo; sapagka’t ang mǎ itó ay walang alís sa Libis. Si Gerardo’y waláng iniintay óras-óras kundí ang siya’y ipatáwag nǎ hukúman; samantalang si Florante namán ... oh, si Florante! Lalòng madalí siyang hulihin!

Kahabaghabag na binatâ! Pagkatapos na masagip sa panǎnib ang isáng kaibigan, pagkatapos na masunód ang átas nǎ matwid, ay siyá pa nǎyón ang papagdudusáhin sa gitná nǎ isáng mapaít na kapaláran! Ang kanyang súgat ay lumulubhâ. Waláng lagót hálos ang di maampát na tulò nǎ dugò. Araw-áraw ay humihinâ ang dati’y malusóg, sariwâ, at malakás niyang katawán; tumatamláy ang mǎ matá na dati’y maningning na lagi; pumapanglâw ang dati’y masayá at palanǎitíng mukhâ.

Si Gerardo ay balisángbalisá sa paglubhâng itó nǎ mahál na kaibigang nagligtas sa buhay niyá. Hindí siya humihiwalay kahi’t sumandalí sa piling ni Florante, tanǎ na lamang kung kailanǎng totoo.

[150]

Siyá ang nagpapakain, siya ang umaalíw, siyá ang nagbibihis, siyá ang tumatánod sa may sakít araw-gabí. Kusang nilimot, isinatabí na muna ang ligayang tuwí na’y hinihinǎ nǎ kanyáng pusò, ang pakikiuláyaw, ang matamis na pakikipagtítigan, ang paghalík sa banǎ, at pagtatamasá nǎ boong luwalhatí at láyaw sa kandunǎn nǎ kanyáng Julieta.

Dapwa’t sáyang na pagpapágod ang kay Gerardo! Sa likód nǎ maínǎt niyang pagaalagá sa maysakít, ay walâ siyang námalas kundí ang lalò pa manding paglubhâ nitó, ang lalòng panghihinâ nǎ katawan, ang lalòng pagdalang nǎ tibók nǎ buhay, hanggang sa wakas ay sumápit ang mapaít na sandalí nang ang mǎ manggagámot sa gitná nǎ di masáyod na panǎnǎmbá nǎ lahat ay tahásang nagpahayag na sila’y walâ nang pag-ásang mailigtás pa ang may sakit.

—“Ginámit na namin ang lahát nǎ paráang saklâw nǎ áming kaya”—ang wikâ nila  
—“Walâ na kaming magágawâ. Gayón ma’y magsidulóg kayó sa ibáng manggagamot na lalòng pantás kay sa ámin,—siná Valdez, Angeles, halimbawâ.”

Hátang gabíng malálím nang ang pagsukòng itó ay ipahayag.

Minabuti ni Gerardo ang pagtáwag nǎ ibáng manggagámot sa Maynilâ. Tinanǎkáng lumuwás, nǎuni’t kailán? Pagbubukáng liwayway? Makasanglibong hindí! Si Gerardo ay isáng táo na kapag iníbig na gawín ang isáng bágay, ay di marunong magpabukás. Noon din sandalíng iyón siya’y napa-Maynilâ. Ni tren, ni bapor, ni kalesa ay walâ; kaya’t nanǎbayo, nanǎbáyong sumagupâ sa gayóng dilím nǎ gabí!

[151]

Sa pagdáan niyá sa tapat ng báhay ni Elena, ay nagkatáong nakadunǎw ang kanyáng kasi. Tumigil sandalí, ipinahiwátig sa tatlóng salitâ ang lagay ni Florante, at daglíng nawalâ: parang palasò na lumipád sa Kamaynilâan.

Si Elíng ay balisáng-balisá; nagbihis, at noón din ay napasáma sa bahay ni Florante.

Nang siya’y dumating ang may sakit ay kasalukuyang nagsasalitâ.

—“Nanay”—ang wikâ sa inâ, kay aling Tinay.—(Si Florante’y wala nang amâ.)  
“Ayoko nang nakahigâ, ibig ko’y nakasandal.” Nang masunod ang hilíng ay tinitigan ang lahat nǎ nanǎroon. Bukod kay Elena at sa kanyang inâ ay nakilala nǎ may sakit ang mǎ katoto niyang si Faure, si Lauro, si Baltazar, at saka ang magagandáng Pacita, Nena, at Milíng.

—“Elena, si Gerardo?”—ang pagdaka’y itinanóng nǎ makitang walâ roón ang tanǎ niyang kaisáng-loób.

[152]

—“Lumuwás siyá, upang tumáwag nǎ manggagámot.”

—“Para sa akin?”

—“Oo.”

Nagbuntong-hininġa ang may sakit.

—“Oh!”—anya,—“bákit kayâ at nagpapakapagod nġ ganitó si Gerardo? Papaano kayâ ang dapat kong gawín úpang makagantí sa kanyá?”

—“Florante, malakí ang utang nġ loób ni Gerardo sa iyó. Iniligtás mo ang kanyáng búhay!”

—“O, ay anó iyón? Bakit siya kikilala nġ utang nġ loób sa akin gayóng walâ akong ginagawâ kundî tumupád nġ katungkulan?... Para namang siya’y di si Gerardo!”

—“Kung gayón, Florante, ni ikáw ay di rin dápat kumilála nġ utang sa kanya, sapagka’t ang pagpapágod niyáng ginugúgol sa iyó ay isang katungkúlang nagbubúhat sa alin mang mabuting pagtitiñġinan nġ mġa magkakaibigan, magkakasáma, at magkakapatid sa isáng adhikâ.”

Si Florante ay napanġití nang maunawàang siya’y nadaíng sa panġanġatwiran ni Elena.

—“Tálo mo akó, Elíng”—ang kanyáng wikà—“At ako’y sumusukò... Sabihin mo kay Gerardo na maraming salamat!”

Pumikít ang may sakit at may kalahating-óras na di kumibô.

[153]

Waláng anó-anó’y dumilat, at pagkatapos na maibaling ang paninġin sa laháť nġ dáko ay binigkás nġ hálos pautál-útal ang sumúsunod:

—“Mġa kaibígan,—ano bagáng bagay na mahalagá ... ang umípon sa inyó ... sa aming marálitang tahánan? Batíd ba ninyó ... na dito’y inyóng madadamá ... ang mġa hulíng galáw nġ ísip ... na dito’y inyóng madidiníng ang mġa hulíng anás nġ kálulwa ... ang mġa hulíng tibók nġ pusò ... nġ isang sawíng palad na gaya ko?”

“Oo, sawíng pálad! Iyán ang dápat itáwag ... sa akin na mamámatay nang walâ man lang nagagawâ ... sa kanyáng Bayan!”

“Sawíng pálad ang gaya kong ... hihimláy sa libing ... na tagláy ang alaálang masunġit ... na inaangkin nġ isáng bandílang dayuhan ... ang Lúpang sa kanya’y paglilibinġan!”

“Sawíng pálad ako, na waláng napagkita ... sa boô niyang buhay ... kundî mġa úlap, mġa luhà, mġa paták ... nġ dugông ninanakaw! Ah! mamámatay ako ... nang di ko nakikita ... ang paghihiganti nġ sugatáng pusò nġ isáng Apí! Mamámatay ako nġ di ko namamálas ... ang pagbabanġong puri nġ isáng Dinuduhagi! Mamámatay ako nġ di ko naitataás yaring kamay ... sa nġalan nġ Kalayaan! Mamámatay akó ... nġ di ko mamamálas yaong alapaáp ... na lilitawán nġ Dakilang Lintík ... na tutúpok sa lahat ... nġ mġa pusóng duwág mahihina’t walang danġal ... ang Lintík na magpapalubóg ... sa laháť nġ Kapangyarihang dáyo, at magpapasikat nġ boóng dinġál sa isáng ... ARAW AT TATLONG BITUIN!!”

[154]

Kinapós nġ hininġá ang may sakit. Ibig pang magsalitâ, dapwa’t di na maari. Tináwag ang iná, hinagkán at niyákap.

Tumahimík. Itinirik ang mġa matá. Akalà nġ laháť ay patáy ná. Dapwa’t hindí. Muling nanġusap sa isáng mahinà at paós na boses:

—“Nánay, balútin ang aking katawán ... at ataúl sa bandilà nġ Bayan...!”

“Paálam na ... giliw kong Pilipinas ... Isáng malayàng ... Bágong Búhay!...”

Tumigíl ang tibók nġ pusò; napútol ang galáw nġ ísip; pumaitaás ang kálulwa, úpang kailán ma’y huwag nang magbalík. Waláng naiwan kundî isáng bangkáy, isáng nġalan, isáng halimbawà, isáng alaala, isáng binhí nġ katapanġan....

[155]

## XIX

[Nilálamán]

### Paghihiganti ng Danġál

Gayón na lang ang pagmamahal ni aling Tinay sa kanyáng anák, gayón na lang ang

pagkabúlag nǎ kanyang pag-ibig, na kahì ma't alam niyáng siyá'y sasalansáng sa isáng mahigpit na utos, kahì ma't alam niyang siya'y pilit na uusigin, at magdurusa sa bilangguan, ay hindî nangyáring huwag pagbigyán-loób ang kahulíhulihang bilin nǎ tǎnging bulaklák nǎ kanyáng pag-ibig, ang katapustapusang hibík nǎ isáng pusòng bayáni—nǎ isang pusòng makabayan, ang pahimakás na hilíng nǎ pinaglagakán nǎ boó niyang pag-ása, ang kahulíhulíhang tibók nǎ búhay niyaóng masunurin, masipag, mabaít, at magalang na anák, na sa gitná nǎ gayóng katandáan, ay siyáng ligaya nǎ kanyáng matá, paraluman nǎ mǎa panǎrap, at dangál nǎ kanyáng pagka-iná.

Lahát halos nǎ mǎa kamaag-ának at mǎa kaibigan ni aling Tinay ay nagkakaisang di mabuti ang kanyang inaakalàng pagsunod sa bilin ni Florante.

—“Alalahánin mo, Tinay”—anilá—“na tayo'y nasásakóp nǎ ibáng kapangyarihan. Ang gagawin mo ay isang malinaw na paglapastanǎan, isang talampákang paghamon sa pamunúang amerikano!”

[156]

—“Ay anó sa ákin?”—ang tugon namán ni aling Tinay sa gitná nǎ pagpipighatí  
—“Anó sa ákin ang kapangyarihang iyan, anó ang lakás nǎ pamunúan, anó ang bisà nǎ isáng mabanǎis na útos, anóng kailanǎang magdúsa sa harap nǎ tagubilin nǎ mahal kong anák?”

—“Tinay, maghúnos dili ka; ikaw ay nabubulágan.”

—“Masasábi ninyó iyán sapagka't siya ay di ninyó anák, sapagká't kayó ay di naghírap sa kanyá, sapagka't di ninyo alám ang halagá nǎ aking Florante!”

Si aling Tinay ay humagulhól nǎ iyák kagáya nǎ isáng batàng musmos.

—“Ang nakakahirap sa iyó, Tinay”—anang isáng matandáng lalaki—“ay napadádaig ka sa mǎa udyók nǎ pusò: áyaw kang manǎatwíran nang mahináhon. Makiníg ka sumandalí. Si Florante ay naghihinǎaló ná nang hilingin ang tungkol sa bandilà, hindî ba?... Kung gayo'y dápat mong tantuin na kapag ang tao ay naghihinǎaló, ang pag-íisip niya'y humihinà, lumalabò, nakalilimot, at...”

—“Siyana ná, tio Kulás”—ang bigláng pútol ni áling Tinay—“Masasáyang lang ang inyóng mǎa salitá sa ákin. Dapat ninyóng matalastás na noon pa mang araw, ay nabanggit na rin sa ákin nǎ anak ko, ang kanyang náis na kapag siya'y namatay, ay huwag papalamutihan ang kanyáng ataúl nǎ anó pa man maliban na nǎa lang sa isáng bandilàng pilipino...”

[157]

“Ah, magpahinǎa kayó, mǎa pusòng mahihinà! Di ninyó batid ang linaláyon ni Florante!... Ibig ipakíta nǎ anák ko na waláng bandilà siyáng iginagálang, at waláng kapangyarihan siyang niyuyukúan kundí ang bandilà't kapangyarihan nǎ Tinubúang Lupà!

“Ibig niyáng ipahiwatig na di ang lahat nǎ utos nǎ pamunúan ay dápat sundín; na kapág ang isáng kautusan ay walá sa matwid, ang magtaás nǎ noo, ang magmatigás, ang tumutol, ay di isáng kasalanan, kundí isáng átas nǎ kabayanihan, isang tandá nǎ katinuán, isang taták nǎ karanǎalan!”...

Si tandáng Kulás ay napanǎanǎa't sukat. Kailán má'y di niyá naapuhap sa kanyáng gunita; ni natunghan sa lalóng malalim niyang panaginip ang larawan nǎ isáng babáe na pinúpulásan sa mǎa labì nǎ gayong mǎa salitáng sakdál nǎ titigás!

Iiling-iling na lumayò sa harap ni aling Tinay.

[158]

—“Eh, eh! Katakot-takot na babáe itó!”—ang tanǎing naibulóng sa kanyang sarili.

---

Ibig ni aling Tinay, áywan kun bákit, na kapag namatay ang isáng táo, ay málibing kaagád; áyaw nǎ búrol-búrol. Dahil dito'y kanyáng inihayág na ang libing ni Florante ay idadáos sa ika ánim na oras nǎ umaga nǎ araw ding iyon nǎ pagkamatay.

---

Nagbubukang liwaywáy.

Sa tapát nǎ namatayang báhay ay may isáng binatàng luksâng-luksâ, nakatunǎgó, nakasalikód kamay, at walang tigil nǎ kayayaó't dito. Banayad ang mǎa hakbáng. Kagaya nǎ isang may iniisip na malálím. Waláng kamalákmalák ay biglang napatigil. Tininǎalá ang isang kimpal na alapáap sa mukhá nǎ lanǎgit, at pinagalaw-galáw ang úlo na animo'y may kinákausap doon.

Sino ang binatàng ito? Si Faure. Pakinggan natin ang tibok nǎ kanyang damdamin:

“Florante, kay ligáya mo n̄gayon!—Nilisan mo na itóng Lupàng maligalig—at n̄gayo’y náriyan ka na sa Bayan n̄ kapayapaán, sa Báyan n̄ pagkakápantáypantáy, diyán sa walâng naghahari kundî ang isáng Bathalàng sumasagisag sa banál na Katwiran...

[159]

“Oh, laki n̄ kaibhán n̄ iyóng kalagáyan, kay sa ámin dito sa lupa.

“Kayó diyán ay tahimik, walâng íringan, walâng paghihigantí, iisa ang pananampalataya, iisa ang damdamin, waláng sinusunod kungdí iisang bandilà, waláng iginagalang kungdi iisang dambanà; ang bandilà n̄ Matwid at ang dambanà n̄ Katotohanan...

“Samantalang kamí sa bahaging itó n̄ Sangdaigdig, ay walang nalalasp sa tuwituwi na, kungdi ang mapaít na latak n̄ buhay. Sa lahat n̄ dako ay himutók, pananán̄gis, panambitan, hinagpís n̄ m̄ga ináapí, n̄ m̄ga tinaksíl na sawing palad, n̄ m̄ga isinilang sa baníg n̄ hirap, na kahima’t may katutubong karapata’t dan̄gal ay lagì na lang niyuyurakan, dinadayà, hinahamakhamak, dinudustadusta... n̄ m̄ga palalòng mapagmataás na nangbubúlag at nang-aalipin...

“Ah! sinong nagbabatá n̄ ganitong kalagayan namin ang di makapagsasábing kayóng naririyang ay mapapalad?

“Kung gayon...

“Bakit itatan̄gis ang inyong pagpanaw?

“Bakit ipagluluksà ang inyóng paglípát sa kabilang búhay?

[160]

“Mahan̄ga’y—ipagsayá, pagka’t nariyan kayó sa lubós na kapayapaan.

“N̄guni’t—;sinun̄gáling!—Bakit di mapigil ang pagluhà niyaring pusò tuwi kong magugunità ang mapanglâw na tinig niyaong batin̄gâw?

“Ah! Sapagka’t ang tinig na iyon ay nagsasabing si Florante na giliw kong kaibigan ay pumanaw sa akin. Sapagka’t ang tinig na iyon ay nagsasabing nalagasan na naman n̄ isáng kawal ang kabinataan—iyáng kabinatàang sa araw n̄ bukas ay siyang magtatagúyod at magsasanggalang sa isáng Bayang mahinà’t hapô upang huwag muling mahulog sa hukay n̄ pagkaaba.

“N̄guni’t...

“Kung dini sa Lupa’y nagkakailan̄gan ang ating lahi n̄ hukbó n̄ m̄ga bayani upang makapagtanggol sa kanyang Karan̄galan, Kalayaan at Buhay, diyan namán sa Lan̄git ay nagkakailan̄gan siya n̄ m̄ga kinatawán upang idalan̄gin sa harap ni Bathalà ang kanyang ganáp na Katúbusan!

“Idalan̄gin ang Katúbusan!—ang Katúbusan n̄ isang Bayang laging nanglulumó ang puso sa hápis at uhaw sa tunay na ginhawa; ang katúbusan n̄ isang lahing pinipilit n̄ walang karapatán sa isang kalagayang salun̄gát sa kanyang ninanasà at lagì nang pan̄garap.

[161]

“Idalan̄gin ang Katubúsan!

“Sa dakilàng tungkuling ito, ay huwag nawang makalimot ang m̄ga kaluluwang pilipino na lumuluwalhati sa kabilang búhay...”

Ang binatá’y mulíng tumun̄gó, lumákad nang kauntí, bago dinúkot sa bulsá ang kanyáng orasán. Mag-iúkaánim ná n̄ umága. Si Faure ay nanhík.

¡Kay panglaw doon sa bahay! Bihiráng matá ang waláng patak n̄ luhà; bawa’t mukhâ ay larawan n̄ isáng di masayod na lumbáy n̄ kalulwá; sa bawa’t labì ay waláng pumupúlas kundî pawàng pagkahabág, panghihináyang, panalan̄gin, m̄ga buntong-hinin̄gá...

¡Kay kapal n̄ m̄ga makikipaglibíng! Ang malakíng báhay ni Florante ay lumúit sa karamihan n̄ táo. Lahát halos n̄ m̄ga kaanib sa “Dakilàng Mithí” ay nahandoón. Si Gerardo lang ang walá, papaano’y noon m̄ga sandaling iyon ay karáring lang niyá sa Maynilà.

Ika ánim na ganáp n̄ umága nang ipanáog ang ataúl, na pinápalamutihan n̄ isang matandâ at malápad na Bandilàng Pilipino.

Sa sambahan muna dinalá ang bangkay. Nang mulíng málabás, at nang tutun̄gúhin na ang libin̄gan, ay siyáng pagdatíng n̄... (¡sinasabi na n̄gâ bá ni tandang Kulás!)... limáng kayumangging kawal n̄ konstabulario at isáng putêng pinunò, na taglay sa báywang ang isáng kumíkináng na sandata na sa kahabaan ay humíhiláhod sa lupa!...

[162]

Nagdidilim ang mukhâ n̄ pinunò. Nang malapit sa ataul ay daglîng tumigil, nilabnòt, iniwálat at niyurákan ang Bandilâ!

Isáng kasíng bilís n̄ lintík ang noón din ay humaráp sa walâng-pitagang pinunò, at walâng sabi-sabi’y ikinintál pagdáka sa mukhâ nitó ang dalawâng sampál na sunód.

¡Kinilabútan ang láhat!

¡Gulóng katákot-tákot!

¡Ang gayóng kapan̄gahasán n̄ isang *kayumanggi* sa isang nakasableng pute, hanggá nang hanggá ay noón lang násaksihan n̄ m̄ga táong iyon!

Sa sumunód na sandalî, ang Lakás at ang Kapangyarihan ná, ang siyang naghari.

Ang kayumanggíng pan̄gahás ay pinagsunggabánan n̄ m̄ga kawal n̄ pamahalàan. M̄ga dágo, tadyák, tun̄gáyaw, pagláit, ang naghatid sa kanyá sa bilanggúan.

¡Kataka-taká ang kapal n̄ táo na natípon sa sigalot na itó! Boông báyan halos! Karamíhan sa kanilá ay m̄ga lálaki—m̄ga laláking may m̄ga bísig at pag-iisip!... Gayón ma’y lahát ay walâng ginawâ kundî ang tuman̄gá, manóod! man̄giníg!! mamutlà!!! matákot!!!!

[163]

Untî-untîng naáyos ang guló. Ang nabagabag na libíng ay naipatúloy din.

---

Noóng gabíng iyon, ang pinunò n̄ “Konstable” ay dinalaw n̄ isang kakilákilabot na panagínip. Isáng bangkáy ang napaginipan niyang tumayô nang dahan-dahan, lumákad, humaráp sa kanyá, itináas ang dalawâng kamay at nagkakangdidilat sa pagsigaw n̄: “*Mane, Thecel, Phares!*”

Sa katakutan yatà at pagkágulantáng ang makisig na pinunò ay kamuntî nang makálundág sa dun̄gawán n̄ kanyáng silid.

[164]

## XX

[Nilálamán]

### Si Elíng at si Gerardo.

Katanghaliang tapát.

Sa isáng báhay na malít at sa tabí n̄ isáng dun̄gawán, ay nakaupông magkakaráp si Elena at ang bathalà n̄ kanyáng pusò, na noón lamang dumating.

Ang binibini’y walâng kakibôkibô; nakatitíg sa dibdib ni Gerardo ang mapupun̄gay niyang matá, na pára bagáng pinipilit na mahuláan ang m̄ga damdaming doo’y nakukulóng. Ang binatà nama’y nakatun̄gó, kagát ang labì, sapúpo ang malápad na nóo n̄ kánang kamáy, at... walâ ding imík; ang maminsan-minsang pagbuntóng-hinin̄gá, ang nagsisikláb na panin̄gín, ang nagdidilím na mukhâ, ang nóong kunót ay nagkákaisa sa pagpapahiwátig na hindi kaligayáhan ang itinitibók n̄ pusò. Anó ang nangyayari sa táong itó? Dinadalaw kayâ n̄ panibughó? Nagsisisi kayâ sa isáng nagawâng kasalanan?

—“Ang m̄ga taksil!”—Itó ang nawikà ni Gerardo pagkaraan n̄ ilang sandalî.

—“Nagawâ nila iyón, at... diyatà nama’t ang bayang iya’y nakatiís?... Wala na namáng ginawâ kungdî ang humalukipkip? Diyatà ba nama’t walâ ni isáng tumulong, walâ ni isáng nagsanggálang kay Faure? Walâ ba roón sina Leon, siná Marcelo? Walâ ba ni isáng laláki?”

[165]

Si Elena ay íling-iling na sumagót:

—“Pusòng laláki?... Ay, Gerardo! Ni isa’y walâ! Siná Leon ay handoóng lahát.”

—“N̄guni’t sa n̄galan n̄ Diyós, ano ang kaniláng ginawâ?”

—“Walâng walâ kundî ang tumin̄gín!”

—“Oh, tumin̄gín! tumin̄gín!!”—ang mapanglâw na úlit n̄ binatà.—“At patí bagá siná Leon ay nakitin̄gín? Díyata’t ang m̄ga ginoóng iyán na kung tawagi’y m̄ga makabayan—silâ na sa tuwing magtatalumpati’y walâng ipinan̄gan̄galandákan kundî *dugo hangga’t kailan̄gan!*—díyata’t ang m̄ga ginoóng iya’y nakitin̄gín patí?”

Oh, tumingin! Manġalandákan! Talagá bagáng táyo'y hanggán diyan na lang? Pulós na dilà at matá na lámang ang gagamítin? Ang áting bagáng mġa bísig sa habang panahon ay pananatilihin sa pagkakahalukip? Di na bagá tayo magkakalóob na sila'y igaláw?...

"Oh báyan! báyan!! Násaán ang iyóng danġal?... Násaán ang iyóng lakás?"

"Makapangyarihan ka sa lahát, nġuni't,"

—“Diyós lang ang makapangyayári sa kanya;”—ang kaagad ay ipinútol ni Elíng.  
—“Ang mġa mapanglúpig na táo at ibáng báyan ay hindi! Di ba gayón, Gerardo?”

[166]

—“Túnay ang sábi mo, dapwa't di siyang nangyayári.”

—“Sawíng pálad na lahi ang átin!”

Ang binata'y mulíng tumunġó at mulíng napipi. Nakaráan ang iláng sandalí. Kaginsaginsa'y itinaás ang úlo, at tumindíg.

—“Bakit, Gerardo?”—ang usisà ni Elíng—“Anó ang nangyayári sa iyó? Bakit ka nagkákaganyán?”

—“Walâ, Elena! Akó muna'y magpapaalam.”

—“Bákit, saán ka páparoón?”

—“Walâ, may gágawin lang akó.”

—“Matutulunġan ba kitá?”

—“Maraming salámat, Elíng!”

—“Ano ang gágawin mo?”

—“Tútupad nġ isáng katungkulan.”

—“May miting ka bang dadaluhan?”

—“Walâ.”

—“Alíng katungkulan ang sinasábi mo?”

—“Si Faure ay hahanġúin ko sa bilangúan!...”

—“Hahanġúin mo?... sa bilangúan?”

—“Oo, Elena, ililigtas ko, ililigtas kong pilit ang may loób na nagtanggol sa Dakilàng Watáwat!... Isáng kautusáng di tumpák sapagka't udyók nġ simbuyó nġ loob, ang nagbabáwal sa paggamit nġ Bandilàng Pilipino; nġuni't hindi dáhil sa pagbabáwal na iyán, ay maáari nang siya'y yurákyurákan at dustádustâin nġ síno mang hari-hariang ganid... Oh hindi!... Iyán ang watáwat na pinagkamatayang sagipín ni Rizal, ni Bonifacio, at nġ libo-libo pang bayani nġ ating Kalayàan. Dahil sa watáwat na iyán nagpakamatáy ang aking nunò, ang aking mahál na amá, at mġa kapatíd!... At sakâ nġayo'y hahamákin? Ah!... Ang pagtatanggól ni Faure ay isáng gawáng dakilà! isang kabayaníhan!... Dápat ko siyang abulúyan. Palalayáin ko at palalayáin ko kaagád ang bayáning laláki!”

[167]

—“At papáno ang iyóng gágawin?”

—“Kun hindi siya makúha sa pamamagitan nġ malulumánay at mapayapàng pangangawatiran,... dadaánin ko sa dahás! Dahás ang sa kanya'y nagpások doón, maaáring dahás lamang ang sa kanya'y magpápalabas!”

Ang boses ni Gerardo ay nanġinginig. Ang mġa matá niyá ay nakapanġingilabot.

Si Elena'y kagyat namutlá at warì baga'y nangliliít sa kanyáng pagkakáupô.

—“Diyós ko!”—anya—“Ano ang iyong gagawín, Gerardo? Ako'y nahihintakútan!”

—“Bakit, Elena? Hindi ba matwid ang aking úusigin?”

—“Ipagpalagáy ko nang matwíd, subali'y bákit ka gagámit nġ dahás?”

[168]

—“Hindi akó gagámit kundí kailanġan; at ang lahát, kapag kailanġan ay dapat pangáhasán!”

—“Dápat pangáhasán hanggáng di nalalábag sa mġa útos!”

—“Oo, kung ang mġa útos na iya'y nasasálig na lahát sa katwiran!...”

“Matwíd ba ang ginawâng pag-lúpig at ang pagkábilanggo kay Faure?”

—“Siya’y nagbúhat nǎ kamáy sa kanyang kapwà!”

—“Túnay! Dapwa’t bákit? Ah! Sapagka’t ang gánid na iyón sa kanyáng pagyúrak sa Dakilàng Watáwat, ay niyurakan ang púri, ang danǎl, ang kálulwá nǎ boông Kapilipinuhan!...

“Ah! Hindî mǎa sampál ang sa kanya’y dápat igantí! Oh, dapat siyang magpasalámat at siya’y nasa sa gitná nǎ mǎa táong *matiisin* at *mababait*. Dápat siyáng magpasalámat at.... Kung nagkátaon, oh! ǎang báyang iyan na binubúlag nǎ kaduwágan, ay nakamálas nǎ mǎa paták.... niring dugô!”

—“Oh, Gerardo! Ikaw, kung minsán, ay kakilálábot! Pinanglálamig mo akó!”

—“Bakit, Elena? Natatakot ka bang mamatay akó sa pagtataguyod sa púri nǎ mahál na Bandilà?”

—“Oh hindî, Gerardo! Alám mo nang ang pinakamatamis kong panǎrap, ang pinakamaálab na nais niring pusò na sa iyóng iyó lang umaása, ay ang makita kang namamayáni sa ikatutubós at ikalalayà nǎ tinubúang lupà, ang makita kang bangkáy sa piling nǎ Sagisag nǎ áting Búhay!... Hindî kailanǎang ako’y maulíla sa iyó, hindî kailanǎang ako’y magdúsa, hindî kailanǎang ako’y magluksâ, tumánǎis, at mag-isá sa habàng panáhon! Titiisín ko ang lahat álang-álang sa Inang-Báyan!”

[169]

Napanǎití si Gerardo. Ang mǎa panǎngusap na iyón ay sumagád hanggang pusò niyá. Kinintalan nǎ isang halík sa nóo ang kanyang paralúman, bago tinabánan ang nanglalamíg na kamay nitó.

—“Maráming salamat, Elíng,”—anya—“Nǎyayon ay tulutan mo nang ako’y yumáo.”

—“Hintáy muna, Ardíng”—ang magíliw na samó nǎ binibini—“Hindî mo pa nasásagót ang tanóng ko sa iyó kanina.”

—“Alín iyón?”

—“Ang pagpapalayà kay Faure. Sakali’t di mo matamó ang iyong hanǎad sa pamamagitan nǎ mabuting salitaan, papáno ang iyong gagawín?”

—“Ah, sakâ mo na maaaláman!”

—“Sabihin mo nǎyayon sa ákin!”

—“Sakâ ná!”

[170]

Si Gerardo ay hindi na napapígil at nanáog agád. Si Elíng nama’y walàng nagawâ kungdí ang dumúnǎaw, sundan nǎ tinǎin ang binatà, bilanǎin ang kanyang mǎa hakbáng, at masdán kung saán siyá tutunǎo.

Nang si Gerardo’y hindî maabót nǎ kanyang matá, ang binibini’y mulíng humílig sa dúyan at inahágis ang ala-ála sa salitáan kanǎina niláng dalawa.

—“May katwiran si Ardíng!”—ang pabuntóng-hininǎang nábigkas sa sarili, pagkaráan nǎ ilang sandalí—“Kay hírap nǎa namán nǎ walàng kalayàan! Kung ang Pilipinas ay malayà, ang mǎa gayong panglulúpig, at pag-alipustâ sa ating danǎl ay hindî mangyayari...”

“Kasákitsákit at pagkápait-pait na kalagáyan itong átin.

“Nǎuni’t lagi na ba lang táyo sa ganitó,—lagi na ba lang susúkot-súkot sa ilalim nǎ isáng watawat na hindî átin? Lagi na ba lang talúnan at apí itóng áting báyan?...”

“Oh, hindî! Hindî, hindî mangyayari ang gayón! Nang lalanǎin ang Pilipinas ay hindî isinulat sa kanyang mukhá ang pamagat na *alipin*. Hindî nilalang ang táo upang bumusábos ó pabúsabos sa ibá! Ang pagka-kayumangǎi nǎ ating balát ay hindî tandâ nǎ isang kapalárang mababâ; iyán ay búnǎa nǎ sinǎaw nǎ ating mǎa kaparánǎan at bundók!

[171]

“Oh, di mangyayaring ang kalagáyan nating itó ay sa habang panahón ná! Ang Kasaysayan nǎ Sangsinúkob ay boông linaw na inauúlat ang katotohánan na, kapag ang isang báyang nasasakúpan ay natútong huminǎi nǎ kalayàan at pagsasarili, kapag ang báyang iyan ay napatunayan sa gawâ ang karapatán niyá sa minimithíng mǎa biyayà,—ang báyang iyan madalí ó maláon, sa pamamagitan ó nǎ kapayapàan ó nǎ paghihimagsík, ay pilit na kakamtán ang kanyang nilaláyon....

“May nagsasábing nagkakailanǎan mulí nǎ isáng paghihimagsík sa Pilipinas, upang mátamo ang pagsasariling pinipita.

“Hindî akó sang-ayon sa gayóng madugông paghahakà. Hindî nararapat, hindî napapanahón, ni hindî kailánġan ang isáng paghihimagsík. Ang patalim ay dapat lamang hawakan kapág napadiwarà ná ang kahulihulíhang patak ñġ pag-asa sa mapayapà at makatwirang pamamanhik sa báyang nakasasakop. Ang Pilipinas ay may pag-asa pa... Ako’y nananálġ na may isang dakilàng Amerika na, sapagka’t may puri at danġal ay di papáyag magpakailan man na siya’y sumpâ-sumpáin ñġ isang báyang inamis, at tawag-tawáging *magdaraya! bulaan! taksil! magnanakaw!*... Ako’y nananálġ na sapagka’t siya’y namayani at nagbuhos ñġ dugông sarili sa dambanà ñġ Kalayáan, ang báyang Amerikáno ay di malilínlang ang isang lahing sa twí-twí na’y uháw sa isang malayàng búhay! Ako’y nananalġ na, sapagka’t siya’y matalino at hindî mangmang ang Amérika ay hindî magpapakáulól na magbibinġibinġihan sa mġa ipinagsisigáwang áral, balà at sumbát ñġ Kasaysayan ñġ Sangdaigdig. Ako’y nananálġ na hindî siya magpapakáulól na papáris sa ipinamalas na mġa hidwâng kaasálan ñġ mapanglúpig na Inglatterra at ñġ mapangbusábos na España!

[172]

“Oo, ang Pilipinas, ay mayroón pa ñġâng pag-ása! At dahil dito’y isang katiwáliang dí mapatatáwad ang bumangġon ñġayón at maghimagsík!

